# *ANG PAGLALANTAD NG DIYOS*

Manatili tayo sa pagkakatayo pansumandali habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo para sa panalangin.

2 Mapagpala naming Panginoon, tunay na nagpapasalamat kami sa araw na ito para sa pribilehiyong ito na mayroon kami na makapagtipon-tipon sa lupa bago ang Pagparito ng Panginoon. Suriin nawa namin ang aming mga puso ngayon, sa pamamagitan ng Iyong Salita, at tingnan kung kami'y nasa Pananampalataya, para maging handa kami, doon, sa oras ng Kanyang Pagpapakita. Para kami'y maging tulad sa sinabi ng Kasulatan na mangyayari, "Aagawin, kasama ng mga natutulog, at sasalubungin ang Panginoon sa papawirin, at makakasama Siya magpakailanman."

3 Nagpapasalamat kami sa Iyo para sa tunay na Espiritung Cristiano na nasa mundo pa rin, sa gitna ng mga tao, na nananampalataya pa rin sila sa Iyo at sa Iyong Salita. Kaya hinihiling namin ang mga pagpapala Mo sa amin ngayon, na Iyong ibuhos sa bawat isa sa amin ang aming pangangailangan, para kami ay madiligan ng Salita, para lumago kami bilang mga kapaki-pakinabang na mga instrumento sa Iyong mga kamay, para sa huling araw na ito. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, na aming dakilang Pastol, na hinihintay naming magpakita. Amen.

Makakaupo na po.

4 At gusto kong sabihin na itinuturing ko ito na isang dakilang pribilehiyo ngayong umaga na makadako rito muli. At pasensya na po na wala kaming sapat na lugar para mapaupo ang lahat. At sisikapin namin, mamayang gabi, ngayon na magkaroon ng pananalangin para sa mga maysakit; ngayon, sa umagang ito, medyo magiging mahirap.

5 At—at iteteyp ko ang Mensaheng ito ngayon. Ako. . .Para bang nakikipag-ugnayan ang Diyos sa akin tungkol dito, oh, isa o dalawang buwan na ang nakalipas, at mahaba ito. At wala akong oras doon sa mga pagtitipon, dahil pinapayagan namin 'yun hanggang sa tatlumpu, apatnapung minuto lamang ng gawain. At pagkatapos aming. . .Dahil kailangang magtrabaho ng mga tao at mga bagay-bagay, nakita kong mas mabuti kung paikliin ko ang mga pag-Memensahe ko. At wala silang oras doon para mairekord ito, kaya inisip kong hihintayin ko na lang hanggang sa makapunta ako sa tabernakulo rito at saka ko irerekord ito mula rito. At medyo mahaba-haba ito, at alam kong nakatayo kayo, at aking—aking bibilisan ito sa abot ng makakaya ko. At, ngayon, hindi n'yo ako maaabala kung lumilipat kayo ng upuan, o kung ano pa, sige't—sige't ayos lang

po sa akin dahil ito'y isang espesyal na araw na ginagawa natin ang mga pagrerekord na ito.

6 At mangyari nga na mayroon tayong magagandang balita ukol sa ginawa ng Panginoon sa pagmimisyon sa labas, pero mas bibigyan marahil natin 'yun ng mas higit na pansin mamayang gabi kapag marami tayong oras, na mas marami tayong oras para makapagsaysay.

7 At ngayon nagtitiwala tayong pagpapalain ng Panginoon ang bawat isa sa inyo. Alam kong puno ng kagalakan ang inyong mga puso, naghihintay sa Pagparito ng Panginoon. At maging ang puso ko, bumubulubok, ang makita ang mga bagay na nangyayari sa paraan na natutupad ang mga ito. At—at ang alitan sa bansa, at ang iglesya sa kalagayan na kinapapalooban nito, at ang makita ang mga tanda ng Kanyang Pagparito, kapwa sa pisikal at espirituwal, at ang pagkakaalam na ang panahong ito ng Kanyang Pagpapakita ay napakalapit na, haya't sadyang pinupuno nito ang ating puso ng kagalakan na malaman na babaguhin tayo isa sa mga araw na ito. Mababago tayo mula rito sa pagiging mga nilalang natin dito.

8 Ngayon, sa palagay ko, sa pagkakaintindi ko, mayroon silang hookup sa telepono sa kung saan man, na ang Mensaheng ito ay naipapadala sa Phoenix at sa—at sa iba't ibang lugar, sa pamamagitan ng telepono. At kaya ngayon ay nagtitiwala tayo na kung ganoon po. . . hindi ko alam; nabanggit lang sa akin bago ako pumasok. At—at ang lahat ng mga tao roon ay talagang nagtatamasa ng mabuting kalusugan at—at sumasakanila ang Kaluwalhatian ng Panginoon.

9 At ngayon—ngayon bubuklat tayo sa Salita ng Panginoon. At ang ipinarito nating lahat ay para mabigyang kagalakan ang ating mga sarili at matuunan ng pansin kung ano ang ating. . . Hindi tayo—hindi tayo nagpupunta rito at tayo'y. . . Walang sinuman dito ang may kilalang tao na payag maupo sa ganitong klaseng init, at para lang sa ganoong kadahilanan. Nandito tayo para sa isang layunin, at 'yun ay, "ang mas malapit na paglalakad kasama ang Diyos." Yun lang ang magagawa natin, ang manampalatayang kasama natin ang Panginoong Jesus. At naparito tayo para—para lumakad nang mas malapit sa Kanya.

10 Ngayon ang init na ito'y medyo mahirap sa akin. Medyo nasanay na ako sa tuyong init doon sa Tucson, na. . . Ang halumigmig dito ngayon; ang init namin dun ay mas mainit kumpara rito, pero tuyo. Ang halumigmig namin minsan ay kadalawampu ng isang porsyento, marahil, parang ganoon, parang nakatira lang sa ilalim ng oxygen tent. Pero dito nga'y may—may—may kahalumigmigan, at para bang pakiramdam mo'y "piniga ka nang husto," gaya ng tawag namin noon. Kaya mahirap para sa inyo, haya't alam ko, at kayong mga nanay na may maliliit na sanggol at kayong mga nakatayo, matanda

at bata, at tabi-tabi pa kayo riyan. At ngayon kami'y—kami'y umaasa na gagantimpalaan kayo ng Diyos nang sagana sa inyong sakripisyo.

11 Nauunawaan kong narito sa kung saan si Kapatid na Roy Borders. Narinig ko na nabanggit siya, pero sa palagay ko di lang siya marahil makapasok. Buweno. Yun po ang tagapangasiwa ng mga pagtitipon.

12 Kaya ngayon ibig din nating ipabatid na ang isa sa mga dating kasama natin ay lumisan na para makapiling ang Panginoon ngayong umaga, isang lalaki, si Kapatid na Jackson na taga-Sturgis, Michigan. Walang nakakaalam kung paano siya lumisan o kung anong tungkol dito. Maayos naman ang kalagayan niya, at basta na lang siya. . . sa pakiwari ko'y natagpuan nila siyang patay na, o kung ano. Hindi ko—hindi ko nakuha ang buong detalye nito. At nagpapasalamat tayong lubos sa Diyos na isang Cristiano si Kapatid na Jackson. Hindi ko siya nakita nang ilang taon, pero nauupo siya kasama natin at siya'y isa sa atin. Nawa'y ipahinga ng Diyos ang magiting niyang kaluluwa! Ang paglisan nang ganoon, naniniwala tayo na marahil isang bagay lang ang ibig sabihin nun, na panahon na niya para lumisan. At hindi tayo binalaan ng Panginoon tungkol dito, o siya tungkol dito, basta na lang siya lumisan. Ganoon nga ito. At gusto kong tawagan ang maybahay niya sa lalong madaling panahon, at para ipaabot sa kanya ang ating pakikiramay. At gusto nating lahat na magpasalamat sa Diyos dahil sa magiting niyang Cristianong buhay, at kung ano ang kahalagahan niya rito sa lupa, at lalo na sa atin dito sa lokal na kapulungan.

13 Ngayon mamayang gabi, ipinabatid ko nang magkakaroon ng pananalangin para sa mga maysakit mamayang gabi, at mangungusap pa ako nang dagdag tungkol sa mga maysakit mamayang gabi.

14 Pero para sa oras na ito, dumiretso na tayo sa Salita ngayon, dahil siksikan at maalinsangan. Didiretso na tayo sa Salita. Gusto kong bumasa mula sa dalawang bahagi ng Kasulatan ngayong umaga, nang mahaba, para mabigyan ako nito ng kaunting pambungad sa nais kong ipangusap.

15 At, ngayon, sana huwag muna nilang ilabas agad ang teyp, nina Kapatid na Sothman at ng iba pa, bago ito ipagbili, kung maaari, at gusto ko—gusto ko munang pakinggan ito bago natin. . . bago ito ilabas sa publiko.

16 Ngayon sa. . . nais kong bumasa mula sa Mga Taga-Filipos, sa ika-2 kabanata, 1 hanggang 8; tapos sa Ikalawang Mga Taga-Corinto 3, simula sa 6, haya't babasa sa ika-4 na kabanata ng Ikalawang Mga Taga-Corinto, bilang pambungad lamang. Ngayon sa Mga Taga-Filipos, sa ika-2 kabanata, babasahin kong una.

Sige't bago bumasa, manalangin muna tayo.

17 Panginoong Jesus, ang Iyong Salita ay Katotohanan. At sa magulong oras na ito na ginagalawan namin, bansa laban sa bansa, mga salot, mga lindol sa maraming lugar, ang puso ng mga tao na nanlulupaypay, takot, nakikita namin ang sulat-kamay sa dingding. Ngayon, 'yun nga'y sa natural na dako, para makita ito ng buong mundo. Pero ngayon nga'y may espirituwal na dako, din, at nakikita namin ang mga dakilang pangyayari, at ibig naming pag-usapan ang mga ito ngayon.

18 Pagpalain Mo po ang Iyong Salita sa aming puso. Alam naming walang tao sa Langit o sa lupa na karapat-dapat na kumuha nitong Aklat, at magtanggal ng Mga Tatak, o tumingin Dito, man lamang. Pero may Isang nagpakita, isang Corderong pinaslang, duguan, na dumating at kinuha ang Aklat, at karapat-dapat at may kakayahang magbukas Nito. Oh Cordero ng Diyos, buksan Mo ang Iyong Salita sa mga puso namin ngayon, bilang kaaliwan. Kami'y mga lingkod Mo. Patawarin Mo po ang aming mga kasalanan, Panginoon. At ang anumang hahadlang sa Salita sa paghayo Nito na may dakilang kapangyarihan at impluwensya ngayon sa aming mga buhay, alisin Mo po, Panginoon, ang anumang hadlang, para magkaroon kami ng lubos na daan tungo sa lahat ng mga pagpapalang ipinangako sa amin sa pamamagitan ng Iyong Salita. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

19 Mga Taga-Filipos 2:

> *Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, kung mayroong anomang kaaliwan ng pagibig, kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anomang mahinahong awa* ng habag,
>
> *Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, ng—ng isa lamang pagiisip.*
>
> *Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo; kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa* ang *iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili.*
>
> *Huwag tingnan ng bawa't isa* sa *inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba.*
>
> *Mangagkaroon kayo sa inyo ng pagiisip, na* ito'y *na kay Cristo Jesus din naman:*
>
> *Na siya, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi niya inaring isang bagay na nararapat panangnan ang pagkakapantay niya sa Dios:*

*Kundi bagkus hinubad niya ito, at naganyong alipin, na nakitulad sa mga tao:*

*At palibhasa'y nasumpungan sa anyo* ng *tao, siya'y nagpakababa sa kaniyang sarili, na nagmasunurin hanggang* sa *kamatayan, oo't sa kamatayan sa krus.*

20 Ngayon sige't bumuklat naman tayo ngayon sa Ikalawang Mga Taga-Corinto, sa ika-3 kabanata, simulan natin sa ika-6 na talata, at basahin ito hanggang sa ika-18, pababa hanggang sa bahagi ng ika-4 na kabanata.

*Na sa amin naman* ay *nagpapaging sapat na mga ministro ng bagong tipan; hindi ng titik, kundi ng espiritu: sapagka't ang titik ay pumapatay, datapuwa't ang espiritu ay nagbibigay ng buhay.*

*Nguni't kung ang pangangasiwa ng kamatayan, na nasusulat at* nauukit *sa mga bato, ay nangyaring may kaluwalhatian, ano pa't ang mga anak ni Israel ay hindi* makatitig *sa mukha ni Moises dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang ito'y lumilipas:*

*Paanong hindi lalong magkakaroon ng kaluwalhatian ang pangangasiwa ng espiritu?*

*Sapagka't kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay* may kaluwalhatian, *ay bagkus pa ngang higit* na *sagana sa kaluwalhatian ang pangasiwang ukol sa katuwiran.*

*Sapagka't katotohanang ang pinaluwalhati* ay *hindi pinaluwalhati sa bagay na ito, ng* mga dahil *sa kaluwalhatiang sumasagana.*

*Sapagka't kung ang lumilipas ay* kaluwalhatian, *ay lalo pang* may. . .*nananatili ay* kaluwalhatian.

*Yaman ngang mayroong gayong* isang *pagasa, ay* dapat lubos. . .*katapangan ng pananalita, ginagamit namin ang buong katapangan ng pananalita.*

*At hindi gaya ni Moises, na nagtalukbong ng kaniyang mukha, upang ang mga anak ni Israel ay huwag magsititig sa katapusan niyaon* na *lumilipas:*

*Datapuwa't ang kanilang mga pagiisip ay nagsitigas: sapagka't hanggang sa araw na ito, pagka binabasa ang matandang tipan ang talukbong ding iyon ay nananatili na hindi itinataas; na ito'y naalis sa pamamagitan ni Cristo.*

*Datapuwa't hanggang sa araw na ito, kailan ma't binabasa ang mga aklat ni Moises, ay may isang talukbong na nakatakip sa kanilang* mga puso.

*Nguni't kailan ma't* magbalik *sa Panginoon, ay maaalis ang talukbong.*

*Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon. . .doon ay may kalayaan.*

*Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon,* ay *nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian* hanggang sa *kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu.*

*Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeriong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina;*

*Bagkus tinanggihan namin ang mga bagay na nangatatago* at ang kahiya-hiya, *na hindi kami nagsisilakad sa katusuhan* at *nagsisigamit man na may daya ng mga salita ng Dios; kundi sa pagpapahayag ng katotohanan ay* hinahatulan *ang aming sarili sa bawa't budhi ng mga tao sa harapan ng Dios.*

*At kung ang aming evangelio ay natatalukbungan pa, ay may talukbong sa kanila* na *mga napapahamak:*

21 Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbasa ng Kanyang Salita!

22 Ngayon, ang paksa ko ngayong umaga, nagtitiwala ako na ihahayag ito ng Diyos. At sa bawat pagkakataon, sa inyo po na kumukuha ng mga teyp at nakikinig, haya't umaasa at nagtitiwala ako na—na nagkaroon na kayo ng espirituwal na pang-unawa sa kung ano ang sinisikap ng Diyos na iparating sa Iglesya nang hindi sinasabi ito nang tahasan. Kita n'yo? Isa itong bagay, kung minsan, kailangan nating sabihin ang mga bagay sa paraang maaaring kumaunti, na maaaring magdulot sa ilan na lumabas, sa ilan na umalis, at sa ilan na—na—na pagnilay-nilayan ito nang maigi. Pero sadya po 'yun. Kailangan itong gawin sa ganoong paraan.

23 Kung magkagayon maaaring sabihin ng ilan, "Ang ibig mo bang sabihin ay sasadyain ng Diyos na gawin ang ganoong bagay?" Tunay ngang sinadya Niya. Ginagawa pa rin Niya mapasa hanggang ngayon.

24 Sinabi Niya isang araw, noong libo-libo ang nakapaligid sa Kanya, sinabi Niya, "Maliban na kainin ninyo ang Laman ng Anak ng Diyos, o ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, wala kayong Buhay sa inyong sarili."

25 Ano kayang klaseng pahayag sa tingin n'yo na ang isang medikal na doktor o isang nars, o ng sinumang mahusay na intelektuwal na tao ang maiisip ukol sa ganoong pahayag, para sa isang Tao na may pagmiministeryong tulad ng mayroon Siya? Aba, sasabihin nito, "Kainin ang laman? Kanibal 'yan! Inumin

ang dugo ng tao? Isa 'yang bampira! Sa madaling salita, gusto Niya tayong maging mga kanibal at mga bampira." At lumayo ang buong madla sa Kanya.

26 At may asosasyon ng mga ministro Siyang kasama, na pitumpu, na mga pinili. At bumaling Siya sa kanila, at sinabi Niya, "Ano ang iisipin n'yo kapag nakita ninyo ang Anak ng tao na umaakyat sa pinagmulan Niya?" Ngayon, hindi Niya ipinaliwanag 'yun. Hindi Niya ipinaliwanag kailanman *kung paano*; si Pablo ang nagpaliwanag nun kalaunan. Basta sinabi Niya lang Ito. Kita n'yo? At pagkatapos nito, sinabi Niya, "Anong masasabi n'yo," na kausap ang mga ministrong ito, "kapag nakita n'yo ang Anak ng tao na umaakyat sa pinagmulan Niya?"

27 Walang dudang sinabi ng mga kalalakihang 'yun, "Ngayon, sandali lang. Oh, kasama natin Siyang kumakain. Kasama natin Siyang nangingisda. Kasama natin Siyang natutulog. Alam natin—alam natin kung saan Siya ipinanganak. Nakita natin ang duyan kung saan Siya inihele. At paanong ang Lalaking ito . . . Matigas na pangungusap ito."

28 At sinabi ng Biblia, "Hindi na sila nagsisama sa Kanya." Iniwan nila Siya.

29 Pagkatapos ay mayroon na lang Siyang labindalawang natitira. Pumili Siya ng labindalawa, at ang isa sa kanila'y isang diyablo, sabi Niya. Mangyari nga na bumaling Siya sa kanila.

At walang makapagpaliwanag kung ano ang sinabi Niya. "Paano nila kakainin ang Kanyang Laman at iinumin ang Kanyang Dugo? At papaano Siya bumaba, gayong ipinanganak Siya rito mismo sa lupa?" Kita n'yo? Hindi nila Ito maunawaan.

At pagkatapos ay bumaling Siya sa mga alagad, at sinabi Niya, "Gusto n'yo rin bang umalis?"

30 At doon sinabi ni Apostol Pedro ang dakilang pahayag na 'yun, "Panginoon, kanino kami pupunta?" Kita n'yo? "Dahil sapat na sa amin. Alam naming tiyak na Ikaw, at Ikaw lamang, ang may Salita ng Buhay ng oras na ito." Kita n'yo? "At sapat na sa amin 'yun." Kita n'yo, hindi nila Ito maipaliwanag. Kanilang . . .

Hindi mo maipapaliwanag ang pananampalataya. Isa itong bagay na pinaniniwalaan mo, at napakatatag nito na wala nang iba pa ang makahahalili sa lugar nito.

Kaya nga, alam nilang ang Salita na isinulat para sa panahong 'yun na kinabubuhayan nila, ang panahon ng Mesiyas, na akmang-akma Siya sa lugar na 'yun. At anong magagawa nila na bumalik doon sa malamig, na pormal na mga simbahan na nilabasan nila? Sabi, "Saan kami pupunta?" Kita n'yo? "Kami'y lubos na kumbinsido na nasa Iyo ang Salita ng Buhay."

Kita n'yo? At hindi nila—hindi nila Ito maipaliwanag, pero pinaniniwalaan nila Ito. Kita n'yo?

31 At sinabi 'yun ni Jesus para mabawasan ang Kanyang madla, kita n'yo, hanggang sa matipon Niya ang grupo. At mula sa lahat ng mga taong 'yun, sila, labing-isa lamang sa kanila noon ang talagang nakaunawa kung Sino Siya. Alam nilang Siya ang Diyos, at tanging Diyos. Ngayon, ang. . .

32 Ang paksa ko ngayong umaga ay para ihayag, o, ilantad ang Diyos na 'yun.

33 Ang Diyos noon pa man, sa bawat kapanahunan ay nagtatago sa likod ng isang tabing, sa lahat ng kapanahunan, pero noon pa ma'y Diyos na Siya sa tuwina. Kita n'yo? Pero itinago Niya ang Kanyang Sarili mula sa mundo, at inihahayag ang Kanyang Sarili sa Kanyang Hinirang, tulad sa mga alagad noong panahong 'yun. Ngayon, ang Diyos 'yun na nagsasalita kay Cristo.

34 Ngayon, noon pa man ang tao, naging kalikasan na ng tao, ang hangarin niyang makita (sa pisikal) ang Diyos na 'yun. Nais na niya noon pa man na makita Ito. Lumikha ang tao ng mga bagay na kamukha Niya. Iniisip nila na 'yung. . .Sinasamba ng mga Indian ang araw. At—at nakita natin, sa Aprika, ang iba't ibang anyo ng mga hayop, at iba pa. At doon. . .ang mga totem pole sa Alaska, at—at ang iba't ibang anyo na inaakala nilang kinaroroonan ng Diyos na ito. Tulad ng sinabi ni Pablo sa Atenas noong panahong 'yun, sa Areopago, at sinabi sa kanila na mapamahiin sila ukol dito sa Diyos na di-kilala, na, alam nilang naroon Siya pero sa kabila nun ay di nila Siya nakikilala.

35 At ganoon na nga't nakita natin maging hanggang kay Job. Alam ni Job na may isang Diyos. Alam niya 'yun. At wala ni isa—isa—isa mang tao, na nasa tama nilang pag-iisip, na anupa't alam na tiyak na may kung Anong Diyos sa kung saan. At, ngayon, nais makipag-usap ni Job sa Kanya.

At gusto kong pansinin n'yo ang anyo na pinili ng Diyos para kausapin si Job. Natatabingan ang Diyos noong nakipag-usap Siya kay Job. Natatabingan Siya ng isang ipuipo, bumaba sa isang ipuipo. Naniniwala ba kayong ang Diyos na dumarating pa rin sa isang ipuipo ay makakapunta sa dako kung saan nakikita mo?

36 May ilang nakaupo rito, marami, na kasama namin noong isang araw na 'yun na dumating Siya sa isang ipuipo. Sinabi sa amin nung araw bago 'yun, si Kapatid na Bank Woods at sila, noong sinabi Niya, "Pulutin mo ang batong ito, ihagis mo sa himpapawid, at sabihin mo, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Kaagad-agad mong makikita ito.'" At pinulot ko ang bato, doon sa itaas ng bundok, inihagis ito sa himpapawid, at ang. . .mangyari nga, pababa, nagsimula ang ipuipo, kita n'yo, ang paghigop nito.

37 Kailangang may gawin ka para magbunsod sa isang bagay na sumunod dito. Kumuha si Jesus noon ng kapirasong tinapay at pinagputol-putol ito, at pagkatapos ay dumami mula sa pirasong 'yun ng tinapay. Kumuha Siya ng tubig, ibinuhos ito sa isang pitsel. Kumuha si Elias ng asin, inilagay 'yun sa isang banga; pumutol ng isang patpat, inihagis 'yun sa tubig. Isa itong bagay bilang pagsisimbolo.

At sa pagpulot ko nung batong 'yun at sa paghagis ko nito sa himpapawid, haya't pababa ngang nagsimula ang ipuipo.

38 Kinabukasan, aba, may isang ministro na kasama namin sa isang pangangaso. Nakatayo siya sa malapit, at sinabi niya sa akin, "Nagbibigay ba ang Panginoon ng mga pangitain sa labas na tulad nito, Kapatid na Branham?"

39 Sabi ko, "Oo, pero kadalasa'y nagpupunta ako rito para magpahinga." At sa sandaling 'yun ay dumating ang pangitain.

40 At si Kapatid na Borders, sa tingin ko nasa labas siya ngayon, kasama siya dun. Si Kapatid na Banks Wood, sa tingin ko, at, o, naroo't kasama ang ilan, walo o sampu. At nakaantabay rito si Kapatid na Banks Wood. Doon mismo sa bundok, sa kabila ng, eksatong, nasa mga kalahating milya kung saan nagpakita ang mga Anghel, na umalis ako rito para pumunta roon, na bumalik at sinaysay ang. . . tungkol sa Pitong Tatak. Halos mga kalahating milya lang mula roon.

41 At pagkatapos kinabukasan, noong nangyayari ang mga bagay na ito, aba, ang. . . Sinabi ko sa kapatid, sa kapatid na ito, sabi ko, "Ang suliranin mo, mayroon kang alerhiya sa mata mo. Sinubukan na ng mga doktor nang ilang taon na para pigilan ito at hindi nila magawa. Sinasabi nilang ikaw raw ay. . . uubusin nito ang mata mo." At sinabi ko, "Pero huwag kang mag-alala, kinilala ng Panginoong Jesus ang pananampalataya mo." At napabitaw nga siya sa baril niya. At sabi ko, "Ang iyong nanay," sadyang kung ano ang kanyang nanay at anong diperensya sa kanya.

At sabi niya, "Katotohanan nga 'yan."

42 Si Kapatid na Roy Roberson mula sa iglesya rito, naroon siya't nakatayo, sa palagay ko'y kilala n'yong lahat siya. Alam ko isa siyang beterano, at yamang nalalaman kung anong mangyayari, ipinatong ko ang kamay ko sa balikat niya; sabi ko, "Kapatid na Roberson, mag-ingat ka, magmasid, may nakatakdang mangyari."

43 Lumakad ako pabalik sa dapat na kinatatayuan ko, at lumabas mula sa hangin ang isang ipuipo, pababa sa barangka, mula sa itaas, na napakalakas hanggang sa tinapyas nito ang mga bato, walo o sampung pulgada ang lalim, mula sa itaas ng bundok, at tumalsik ang mga 'yun nang dalawang daang yarda. At dumagundong nang tatlong beses nang paganoon, at lumabas ang isang Tinig mula rito. Kita n'yo?

44 At lahat sila'y nakatayo roon. Si Kapatid na Banks, na narito ngayon, siya'y lumapit at nagsabi, "Iyon ba ang sinabi mo sa akin kahapon?"

Sabi ko, "Oo, tama, ito na 'yun."

Sabi niya, "Ngayon, anong sinabi Nito?"

45 Sabi ko, "Ngayon, para lamang 'yun sa akin na malaman, Kapatid na Banks, kita mo, dahil ito'y. . . Maaalarma ang mga tao."

46 Pero tumuloy Ito, nangyari ito nang medyo. . . naglakbay pahilaga. Mga kaunti't, ilang araw pagkatapos nun ay tumama Ito sa karagatan, at nakita n'yo kung anong nangyari sa paligid ng Fairbanks. Isa itong tanda ng kahatulan. Ngayon ay nakita natin na—na ang Diyos pa rin. . . Nakita n'yo, gulong-gulo sa takot ang mga tao. At kaya nga pagkatapos nagkaroon sila. . . Kinailangang mangyari 'yun, kita n'yo. Sadyang kailangan itong mangyari. Ang mga bagay na kailangang mangyari ay tiyak na mangyayari, sa anumang paraan. Kita n'yo, mangyayari ito, ano't anuman.

47 Hinangad minsan ni Moises na makita ang Diyos, at sinabi ng Diyos sa kanya na tumayo sa bato. At, sa bato, tumayo si Moises at nakita niyang dumaan ang Diyos, at ang likod Niya ay parang likod ng isang tao. Ang Diyos ay nasa isang ipuipo, at ang Diyos. . . habang nakatayo si Moises sa bato.

48 Sa palagay ko'y nakita n'yo nang lahat ang larawan doon noong isang araw, tumayo kami sa tabi ng bato ring 'yun. At narito ang Liwanag na 'yun, ang Anghel ng Panginoon, doon mismo kung saan Ito dumagundong. Nakatayo. . . Nandiyan po ito sa nakapaskil diyan ngayon, uli.

49 Pansinin n'yo, si Jehovah ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bagong Tipan. Kita n'yo? Siya ang siya ring Diyos, binabago lang ang Kanyang anyo.

50 Ngayon, may nagsabi noong isang araw, isang—isang—isang ministro ng Baptist sa Tucson, "Papaano mong masasabi na—na si Jesus at ang Diyos ay iisang Persona?"

51 Sabi ko, "Buweno, napakadali nito kung hahayaan mo lang na maalis ang sarili mong pag-iisip, at isipin ang pagkakasaysay ng Biblia ukol dito. Sila'y iisang Katauhan. Ang Diyos ay Espiritu; si Jesus ang katawan na Siya'y natatabingan sa loob. Kita n'yo?" Sabi ko, "Gaya sa bahay ko. Sa maybahay ko, ako ang asawa niya. At mayroon akong dalagita, si Rebekah, tatay niya ako. At mayroon akong apo, at ang pangalan niya ay Paul, ako ang lolo niya. Ako'y asawa, ama, at lolo. At walang pag-aangkin ang maybahay ko sa akin bilang ama o lolo; may pag-aangkin lamang siya sa akin bilang asawa. At walang pag-aangkin ang anak kong babae sa akin bilang asawa o lolo; anak ko siya. Kita n'yo? Pero ganoon pa man ang lahat ng tatlong

personang ito'y iisang persona. Kita n'yo? Ganoon ang Diyos; Ama, Anak, at Espiritu Santo, pang-dispensasyon mismo ng mga pag-aangkin." Ang Diyos ay iisa, iisang Diyos.

52 Binago ng Diyos ang Kanyang Sarili, binababago ang Kanyang anyo. Kung mapapansin n'yo rito sa Mga Taga-Filipos, sinabi Niya, "Hindi itinuring na dapat panangnan, kundi *nag-anyong* tao."

53 Ngayon, ang salitang Griyego roon para sa binabanggit na *anyo* rito, haya't buong araw ko itong tinitingnan kahapon, sinisikap na bulayin kung ano ito, tapos nakita ko, napadako rito sa salitang ito na *en morphe*. Ang baybay nito'y e-n m-o-r-p-h-e. Kung titingnan nga sa Griyego, ang ibig sabihin ng *en morphe*. . .Marahil mali ang pagbigkas ko roon, pero ang dahilan kung bakit ko ito binaybay, dahil kapag nailabas na ang teyp, ang mga tao, ang mga iskolar, ay malalaman kung ano ang aking—aking tinutukoy rito. Siya, sa pagiging *en morphe*, ang ibig sabihin nun ay Kanyang binago ang Kanyang Sarili. Siya, bumaba Siya. Ngayon, ang ibig sabihin ng salitang Griyego roon, ay, "Isang bagay na di-nakikita, pero naroon, at pagkatapos ito'y nagbago at nakikita na ito ng mata." Kita n'yo?

54 Tulad ni Elias, doon sa Dothan. Kita n'yo, hindi makita nung—nung alipin ang lahat ng mga Anghel na 'yun na nakapalibot dun, at binago lamang ng Diyos; na di pa lamang doon pinadako ang mga Anghel, kundi binago Niya ang paningin nung alipin. At naroong punong-puno ang kabundukan ng mga Anghel, at apoy, at mga kabayo na apoy, at mga karwaheng apoy, sa palibot ng Kanyang propeta. Kita n'yo, sila, binago Niya ang paningin. Pero 'yung—'yung bagay ay naroon na.

55 Kaya, 'yun ang sinisikap kong ipangusap, na ang Diyos ay narito na noon pa man. Ang ginawa lang Niya noong Siya'y naging tao, ay binago Niya ang Kanyang maskara. Kita n'yo? Siya—Siya, ang *en morphe* na ito, Kanyang—Kanyang binago ang Kanyang Sarili sa kung ano Siya noon tungo sa kung ano Siya sa kasalukuyan, o ang Kanyang maskara, panibagong pag-akto.

56 Parang sa isang magandang drama. Habang nangungusap ako kaninang umaga, medyo binabalikan ko lang itong tungkol kay Shakespeare. Matagal nang panahon. Hayan nga't noong isinulat ni Shakespeare ang—ang—ang drama, ang. . .para sa Haring James ng Inglatera, noong kanyang. . .ang tauhang si Macbeth. Kita n'yo, hindi naniniwala si Shakespeare sa mga mangkukulam; pero sa drama, dahil naniniwala ang hari sa mga mangkukulam, hayan nga't kinailangan niyang isama ang mga mangkukulam. Kita n'yo? At ngayon, para magawa ito, binago nila 'yung mga tauhan.

57 Si Becky rito, sa *Carmen*, inakto nila 'yun sa—sa paaralan kung saan siya nagtapos ilang linggo na ang nakakaraan.

Ngayon, marahil ginampanan ng isang tao ang tatlo o apat na bahagi. Para magawa 'yun, siya'y—siya'y nagpabago-bago ng kanyang maskara. Kung minsan lumalabas siya, siya 'yung *ganitong* tauhan; at paglabas niya sa susunod, iba na naman siyang tauhan. Pero iisang tao lang 'yun sa tuwina.

58 At ganoon ang Diyos. Binago Niya ang Kanyang Sarili mula sa—mula sa pagiging isang Haliging Apoy, para maging isang Tao. Pagkatapos ay binago ang Kanyang Sarili mula roon, pabalik sa Espiritu muli, para makapanahan Siya sa tao. Ang Diyos ay umaakto sa tao kung ano talaga Siya. Si Jesus Cristo, ay ang Diyos na umaakto sa Tao, sa *isang* Tao. Sa isang Tao, ganoon Siya noon. Nagbago Siya mula sa Haliging Apoy, at pagkatapos ay pumasok; na isang tabing doon sa ilang, na anupa't natalukbungan ang Diyos mula sa Israel. Nakita ni Moises ang hugis ng Kanyang katawan, pero sa totoo'y nakatalukbong Siya sa lahat ng oras sa likod ng Haliging Apoy na ito, na yaong Logos na lumabas mula sa Diyos.

59 Ngayon nakita natin dito, ngayon mula Pentecostes, hindi na kumikilos ang Diyos *sa* tao, o kumikilos. . .ngayon nga'y kumikilos Siya *sa pamamagitan* na ng tao. Kita n'yo? Kumikilos Siya noon *sa* isang Tao, kay Jesus. Ngayon nama'y kumikilos Siya *sa pamamagitan* ng tao na pinili Niya para sa layuning ito. Ang Diyos, sa anyong tao, Kanyang binago ang Kanyang Sarili mula sa anyo ng—ng isang. . .ng Diyos, tungo sa isang anyong tao.

60 Dumating Siya sa tatlong pangalan, tatlong pangalan ng pagiging anak. Dumating Siya sa Anak. . .pangalan ng Anak ng—ng tao, Anak ni David, at Anak ng Diyos; tatlong pangalan ng pagiging anak.

61 Ngayon, dumating Siya una sa Anak ni Da-. . .Anak ng tao, dahil isa Siyang Propeta. Ngayon, tinawag Mismo ni Jehovah si Ezekiel at ang mga propeta, "Anak ng tao, anong nakikita mo?" Hindi kailanman tinukoy ni Jesus ang Sarili bilang Anak ng Diyos; tinukoy Niya ang Sarili bilang Anak ng tao, dahil ang—ang mga Mga Kasulatan ay di maaaring mabali.

Walang bagay na maaaring mabali sa Mga Kasulatan. Bawat Salita'y kinakailangan mismong magkagayon. Sa ganoong paraan ko ito pinaniniwalaan. Ganoon nga dapat Ito, hindi dahil pinaniniwalaan ko ito, kundi dahil Salita Ito ng Diyos.

62 Ngayon kung napansin n'yo sa pasimula, isang Salita, unang pahina sa Biblia, sa Genesis 1, nalaman natin na ang buong. . .Ang lahat ng mga karamdaman, lahat ng mga kalungkutan, lahat ng mga sakit sa puso, at lahat mismo na nangyari kailanman sa mga tao, ay dumating dahil sa hindi sinampalatayanan ng *isang* tao ang *isang* Salita, naging sanhi ng lahat ng ito. Ganoon ang nangyari sa unahan ng Biblia. Sa dulo naman ng Biblia, Apocalipsis 22, sinabi ng siya ring Diyos,

"Sinuman ang mag-alis ng isang Salita mula Dito, o magdagdag ng isang salita Rito." Kita n'yo, marapat nga na ito'y Salita sa Salita, kung ano mismo Ito.

63 Kaya, naman, haya't kunin lamang natin ang munting bagay na aking. . .laging may nagpupunta sa akin para idulog ang tungkol sa pagpapagupit ng buhok ng mga kababaihan. Ngayon, para sa akin, hangga't ginagawa niya 'yun, wala akong pakialam gaano pa siyang kabanal at kung gaanong karami ang alam niya, mali pa rin siya. Nagsusuot siya ng shorts at ng maiiksing damit na ito nang gaya nun; wala akong pakialam ano man ang ginagawa niya, gaano man siya kagaling umawit, gaano man siyang kagaling mangaral, ano pa man ang kaya niyang gawin, kung anong uri ng buhay ang ipinamumuhay niya, ito at ito pa ri'y isang Salita na binali. Kita n'yo? Kita n'yo, kinakailangan na bawat Salita mismo. Ni hindi nga isang pangungusap; Salita lang, isang Salita! Kaya, ang Biblia'y hindi sa sariling pagpapaliwanag. Dapat ito'y Salita sa Salita, kung paano mismo Ito isinulat. Dapat nating sampalatayanan Yun.

64 At hindi lang paniwalaan Ito, kundi ipamuhay Ito. Kung hindi natin Ito ipapamuhay, kung ganoon ay di natin Ito pinaniniwalaan; sinasabi lang natin na pinaniniwalaan natin. Tulad ng ako. . .Batay sa sinabi ko, hindi Ito kayang ipaliwanag ng mga alagad na 'yun, pero pinaniwalaan nila Ito, ano't anuman, at nagpahayag sila mismo't ipinamuhay ito. Samantalang ang iba sa kanila'y nilayuan na Ito, sila'y nanatili Rito! Pinaniwalaan nila Ito! Ganoon tayo. Sa ganoong paraan n'yo kailangang gawin ito. Kahit ano pa man ang gawin ng iba, pinaniniwalaan natin Ito at pagkatapos ay kumikilos tayo Rito. Kung hindi n'yo ito gagawin, kung ganoon ay hindi n'yo Ito pinaniniwalaan.

65 Ngayon pansinin n'yo ngayon sa pagdating Niya, kinailangan Niyang dumating bilang Anak ng tao, dahil sinabi ng Banal na Kasulatan na darating nga Siya nang ganoon, "Ang Diyos ay magbabangon ng isang Propeta sa kanila." Kaya hindi Siya maaaring dumating na tinatawag ang Sarili Niya na Anak ng Diyos, dahil hindi ito ang dispensasyon nun. Siya ang Anak ng tao na nagpropropesiya, para tuparin, at ihahayag sa kanila ang lahat ng mga bagay na nangyari, at itinipo kung ano Siya. Kaya naparito Siya noon sa lupa bilang Anak ng tao.

66 Tingnan n'yo 'yung babaing Sirofenisa na tumakbo sa Kanya, at nagsabi, "Ikaw na Anak ni David, mahabag Ka sa akin!" Hindi Niya man lang itinaas ang Kanyang ulo. Ang babae'y walang pag-aangkin sa Kanya bilang Anak ni David. Isa Siyang Gentil.

Kung papaano nga na ang anak kong babae'y di maaaring mag-aangkin sa akin bilang asawa; o, ang maybahay ko, bilang anak na babae. Gayunman, anak ko siya't maybahay ko, anak

ko siya sa Ebanghelyo. Pero, sa panlupa, wala siyang karapatan na tawagin akong isang—isang tatay. Kita n'yo?

Ngayon pansinin, walang pag-aangkin ang babaing Gentil na ito sa Kanya bilang Anak ni David. Pero may pag-aangkin ang bulag na si Bartimeo, kita n'yo, dahil isa siyang Judio. Ngayon, dumating Siya bilang Anak ng tao.

67 Kailangan n'yong malaman ang mga salitang ito at ang mga bagay na ito. Tingnan n'yo si Hattie Wright noong oras na 'yun, noong Ikatlong Hatak. Natatandaan n'yo ito. Sa lahat ng lahat ng bagay mismo, sinabi nung babae ang tamang bagay. Kinakailangan n'yong sabihin ang tamang salitang 'yun, ang tamang bagay sa Diyos.

68 Pansinin n'yo ngayon, dumating Siya una bilang ang Propeta, at ipinako nila Siya sa krus. Ang Sariling Kanya ay ipinako Siya sa krus. Dumating Siya bilang ang Anak ng tao.

69 Noong pagkatapos na dumating ang Espiritu Santo, Siya ay ang Anak na ng Diyos. Ang Diyos ay isang Espiritu. Siya ang Espiritu Santo, Anak ng Diyos. Nabuhay Siya sa mga kapanahunan ng iglesya bilang Anak ng Diyos.

70 Ngayon, sa Milenyum, magiging Anak na Siya ni David, na nakaupo na sa Luklukan ng Kanyang ama, na si David. Siya ang Anak ni David.

71 Ngayon, at, alalahanin n'yo, sa pagitan ng Anak ng Diyos . . . Sa kapanahunan ng iglesya ng Laodicea, pinalabas nila Siya. At sa Lucas, sinabi Niya na mahahayag Siyang muli bilang Anak ng tao, ang Propeta, na tinutupad ang iba pa nito. Kita n'yo? Ganap na nagkakalakip-lakip ang mga Kasulatan. Anak ng tao, Anak ng Diyos, Anak ni David. Ano ito? Ang iisang Diyos sa lahat ng panahon, na binabago lamang ang Kanyang anyo, *en morphe*. Binabago lamang Niya ito. Napakagandang drama nito sa Kanya. Inaakto Niya ito.

72 Dumating Siya bilang Anak ng tao, ang Propeta. Ginawa nang eksakto. Maging ang munting babaing 'yun kahit sa lahat ng kanyang kasalanan, doon sa may balon, nakilala niya si Jesus. Sabi ng babae, "Batid naming darating ang Mesiyas, na tinatawag na Cristo, na ganyan na ganyan ang Kanyang gagawin." Kita n'yo, napagkilala niya dahil predestinadong Binhi siya. Pagkatapos ang babae't . . .

Samantalang, hindi Ito napagkilala ng iba pa sa kanila. Wala silang kahit ano para makakilala. Nasa kasalanan sila, unang-una.

73 Haya't, para sa pag-akto Niya, binabago Niya ang Kanyang anyo. Pagkatapos ay dumating Siya sa anyo ng Anak ng tao.

Para sa panahon ng mga repormista, hayan sina Wesley, Luther, at lahat nang sumunod pa, tapos nalaman natin na masyado na nila itong napaglabo-labo, gaya lang ng ginawa ng

mga Israelita, na anupa't noong nagpakita na Siya sa mga huling araw, sa kapanahunan ng Pentecostal, bilang ang Espiritu Santo, ay tinanggihan nila Ito. Nagawa nila ang parehong bagay na ginawa ng Israel.

At anong ginagawa Niya ngayon? Bumabalik bilang Anak ng tao. At pagkatapos, mula roon, Anak ni David na. Nakikita n'yo ba kung gaano na tayong kalapit? Anak ng tao, Anak ni David, Anak ng Diyos. Mahahayag Siya sa mga huling araw bilang Anak ng tao, ayon sa Malakias 4, at lahat ng iba pang mga propesiyang nauukol sa oras na ito. Hindi na makikitungo sa iglesya pagkatapos na Kanyang . . . Pinalabas nila Siya; nasa labas, na kumakatok sa pintuan. May ilang predestinadong Binhi nga lang roon, gayunman. Kinailangan Niyang makapunta sa kanila.

74 At ang Diyos, sa tao, ay ibinuhos ang Kanyang Sarili. Joel 2:28, nalaman natin, ang sabi Niya, "Ibubuhos Ko, sa mga huling araw, ang Aking Espiritu." Ngayon, kung mapapansin n'yo ang salita roon, 'yung salitang Griyego. Maaaring mali ako rito, pero ang isa na nahanap ko . . .

75 Kinakailangan n'yong matyagan ang mga salita. Ang Ingles kasi kung minsa'y nagpapahiwatig ng dobleng kahulugan. Gaya na lang ng salita na sinasabi natin, "diyos." "Nilikha ng Diyos ang langit at lupa," Genesis 1. Pero ngayon, sa Biblia, ang sinasabi Nito, "Sa pasimula si Elohim." Ngayon, ang Elohim, ang ginamit dito sa Ingles ay "diyos," pero hindi naman talaga't . . . *Elohim* . . . Kahit ano kasing bagay ay maaaring gawing diyos, sa salitang *diyos*, maaari mo ngang gawing diyos ang isang imahen, maaari mong gawing diyos ang piyanong 'yun, maaari mong gawing diyos ang kahit ano.

76 Pero hindi mangyayari 'yun sa salitang *Elohim*. Ang ibig sabihin kasi nito, "Yaong Umiiral sa Kanyang Sarili." Kita n'yo? Hindi maaaring umiral sa sarili nito ang piyanong 'yun, walang kung anong bagay ang maaaring umiral nang mag-isa. Kaya, ang ibig sabihin ng salitang *Elohim*, "Siya na noon pa man ay umiiral na." Ang *Diyos* nga'y maaaring mangahulugan ng kahit ano. Nakikita n'yo ba ang pagkakaiba sa salita?

77 Ngayon, noong sinabi Nito rito na Kanyang *isinalin* ang Sarili, o *ibinuhos*, ngayon, ganito ang iisipin natin, na Siya ay "sumuka," sa salitang Ingles na *isinalin*, o *ibinuhos* mula sa Kanya, kita n'yo, na may kung anong bagay na lumabas sa Kanya na iba sa Kanya. Pero ang salitang *kenosis*, sa Griyego, haya't di nga ibig sabihin nun na Siya ay "sumuka," o kung anong . . . Na lumabas ang kamay Niya, o lumuwa ang mata Niya, na ibang tao.

78 Ang ibig sabihin nga, binago Niya ang Kanyang Sarili, Kanyang "ibinuhos ang Kanyang Sarili tungo," (Amen!), tungo sa panibagong maskara, tungo sa panibagong anyo. Hindi

lumabas sa Kanya ang panibago't ibang tao, na tinatawag na Espiritu Santo, kundi Siya Ito Mismo. Nakukuha n'yo? Siya Mismo ay ibinuhos ang Kanyang Sarili sa mga tao. "Si Cristo na nasa inyo!" Napakaganda, kahanga-hanga, na bulayin, na ibinuhos ng Diyos ang Kanyang Sarili sa tao, sa mananampalataya. "Ibinuhos!" Bahagi 'yun ng Kanyang drama, na gawin ang ganoon.

Ang Diyos, ang buong kapuspusan, ang buong pagka-Diyos sa katawan ay nasa Personang ito, si Jesus Cristo. Siya ay Diyos, at nag-iisang Diyos. Hindi ikatlong persona o ikalawang persona, o unang persona; kundi *ang* Persona, ang Diyos na nakatabing sa katawan ng tao.

79 Unang Timoteo 3:16, "Walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan; sapagkat ang D-i-y-o-s, si Elohim," malaking titik na D-i-y-o-s, sa Biblia. Ang tinutukoy dun, sige't tingnan n'yo. Ang tinutukoy nito, sa orihinal, ang sabi Nito, "Elohim." "Sa pasimula, si Elohim." Kita n'yo? "At, si Elohim, walang pagtatalo dakila ang hiwaga ni Elohim; sapagkat si Elohim ay naging laman, at nahawakan natin Siya." Si Elohim, na nakatabing sa laman ng tao! Ang dakilang Jehovah na sumasaklaw sa lahat ng espasyo, oras, at nasa lahat ng dako, ay naging tao. Nahawakan natin Siya, si Elohim. "Sa pasimula, si Elohim. At nagkatawang-tao si Elohim, tumahan sa gitna natin."

80 Ano? Paraan Niya ito, mga bahagi ng drama. Ganoon ang paraan na iaakto Niya, siyanga't paraan Niya ng paghahayag ng Kanyang Sarili sa atin bilang ibang katauhan. Tayo'y mortal, at alam Niya 'yun. At nakakaunawa lamang tayo bilang mga mortal. Nakakaalam lamang tayo bilang mga mortal. Nakakaalam tayo sa abot ng kayang ibigay-alam sa atin ng ating mga pandama, at ang nalalabi rito'y kailangan na nating sampalatayanan sa pamamagitan ng pananampalataya. Kailangan nating sabihing may Diyos; nakikita man natin Siya, o hindi, sinasampalatayanan natin ito, sa papaano mang paraan. Kita n'yo? Mayroon man o wala, naniniwala't naniniwala tayo rito dahil sinabi ng Diyos.

81 Tulad ni Abraham, hindi niya nakikita ang anak na 'yun, walang mga tanda, walang pagdadalan-tao ni—ni Sarah, ni walang pagreregla o anupaman, pero sa kabila nun ay sinabi mismo ng Diyos. Ang lahat ng pag-asa, maging ang kanyang—kanyang sinapupunan ay patay na, at ang buhay ni Abraham sa kanya ay wala na, at ang—ang daloy ng kanyang buhay ay natuyo na, at ang ang buhay ni Sarah ay natuyo na sa loob niya. "At gayunma'y hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di pananampalataya, bagkus lumakas pa nang lumakas, na nagpupuri, na nalalaman na may kakayahan ang Diyos na gawin ang anumang sinabi Niyang gagawin Niya."

Hayan ang pamamaraan na dapat nating sampalatayanan

ang Salitang 'yun ngayon. Papaano mangyayari? Hindi ko alam. Sinabi ng Diyos na magiging ganoon, at sapat na 'yun.

82 Sino ba itong dakilang di-nakikitang Persona? Sino ba Itong nakita ni Abraham sa mga pangitain? Sa dulo nga, mismo, ay nahayag Siya sa laman, bago dumating ang anak. Dumating Mismo ang Diyos kay Abraham sa anyo ng isang tao, sa huling panahon. Nahayag! Nakita niya Siya sa isang munting Liwanag isang beses; nakita niya Siya sa mga pangitain; narinig niya ang Kanyang Tinig; maraming kapahayagan. Pero bago mismo ang ipinangakong anak, nakita niya Siya sa anyo ng isang tao, at nakipag-usap sa Kanya, at pinakain Siya ng karne at uminom. Kita n'yo? Pansinin, ang Diyos Mismo ay nakatabing sa katawan ng tao.

83 Isang bahagi ito ng Kanyang kaparaanan. Ganito 'yung pamamaraan na inihahayag Niya ang Sarili sa atin, inihahayag ang Walang Hanggang Salita, ang Diyos, si Jehovah na nagkatawang-tao. Gaya sa San Juan 1, "Nang pasimula'y ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang . . . Nang pasimula ay si Elohim, at si Elohim ay . . . naging ang Salita, at ang Salita ay si Elohim. At ang Salita ay naging si Elohim." Kita n'yo? Pareho mismo, nahahayag lang.

84 Gaya ng katangian, kita n'yo, 'yun nga'y nasa Diyos. Ang isang katangian nga'y ang iyong kaisipan. Ang Diyos sa pasimula, ang Walang Hanggan, hindi pa Siya Diyos noon. Siya ang Walang Hanggan. Hindi pa Siya Diyos noon; ang *Diyos* ay "isang pinag-uukulan ng pagsamba," o parang ganoon. Kita n'yo? Kaya hindi pa Siya ganoon. Siya si Elohim, ang Walang Hanggan. Pero sa Kanya nga'y naroon ang mga kaisipan. Gusto Niyang maging materyal. At anong ginawa Niya? Bumigkas Siya ng isang Salita, at ang Salita'y lumitaw. Yan ang buong larawan, mula Genesis hanggang Apocalipsis. Walang mali. Ito nga'y si Elohim na nagpapakita para Siya'y mahawakan, maramdaman. At sa Milenyum, naroon si Elohim na nakaupo sa Luklukan, kita n'yo, siyanga, na nakapaligid sa Kanya ang lahat Niyang mga lingkod, na Kanyang itinalaga bago pa itinatag ang sanlibutan.

85 Tulad ng isang tao na bumubuo ng mga kampanilya o gumagawa ng mga kampanilya, 'yung hulmaan. Bawat kampana'y dapat na tumunog nang iba sa iba pa. Parehong materyales, pero may ganitong dami ng bakal, ganitong dami ng aserong bakal, ganitong dami ng tanso, para maibunsod ito na maitunog 'yung "ting."

86 Ganoon ang ginawa ng Diyos. Inilahi Niya ang isang ito sa isang 'yun, sa isang ito sa isang 'yun, sa isang ito sa isang 'yun, hanggang sa nakuha Niya nang eksakto kung ano ang gusto Niya. Ganoon Siya bumaba. Inihayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa isang Haliging Apoy hanggang dun sa mga propeta, pagkatapos ay sa Anak ng Diyos, na, Siya ang Diyos. Kita n'yo,

ito ang siya ring Diyos na nagpapalitaw nang eksakto, mula kasakdalan hanggang kasakdalan, mula kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian. Ganoon umiiral ang Iglesya.

87 Pansinin n'yo, sa mga kapanahunan, ganoon ding paraan, sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta, inihayag Niya ang Kanyang Sarili. Hindi lang basta mga propeta, kundi mga diyos sila. Siya mismo ang may sabi. Dahil, ang sinalita nila'y Salita ng Diyos. Sila ang laman na kung saan ay natatalukbungan doon ang Diyos. Mga diyos sila. Sinabi ni Jesus, Mismo, sabi, "Papaanong hahatulan n'yo Ako kapag sinasabi Kong Ako ang Anak ng Diyos, samantalang sinasabi ng sarili ninyong kautusan na ang mga dinaratnan ng Salita ng Panginoon ay mga diyos?" Kita n'yo?

88 Kaya ang Diyos ito na nag-anyo sa isang tao na tinatawag na isang propeta. Kita n'yo? At dumating ang Salita ng Panginoon sa taong ito, kaya hindi ang propeta 'yun; ang propeta'y ang talukbong, pero ang Salita'y ang Diyos. Hindi kikilos nang ganoon ang salita ng tao. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? Hindi ito makakakilos sa ganoong paraan. Pero sa potensyal ay ang Diyos ito. Kita n'yo, Siya ang Salita ng Diyos sa anyong tao, tinatawag na "isang tao."

Pansinin n'yo, hindi Niya binago ang Kanyang kalikasan, ang anyo lamang Niya. Mga Hebreo 13:8, sinasabi, "Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kaya hindi Niya binago ang Kanyang kalikasan noong dumating Siya. Siya ang Propetang 'yun noon pa man, sa lahat ng mga kapanahunang nagdaan, ganoon din: ang Salita, ang Salita, ang Salita, ang Salita. Kita n'yo? Hindi Niya maaaring baguhin ang Kanyang kalikasan, pero binago Niya ang Kanyang anyo. Mga Hebreo 13:8, ang sabi, "Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Binago lamang Niya ang Kanyang maskara.

89 Tulad ng nagbago ako mula pagiging asawa, noong maisilang ang anak ko, nang anupa't tatay na ako. Noong isinilang ang apo ko, lolo na ako. Kita n'yo? Pero, hindi ako nagbabago; 'yun pa rin—'yun pa rin ako. Kita n'yo? (At ganoon ang Diyos.) Ang nangyari nga'y binago ko lang ang aking . . . Kita n'yo, pagbabago lamang ng inyong anyo. Kita n'yo?

Pansinin. At binabago ito ng kalikasan pababa mula sa pagiging isang binata hanggang mag-edad media, hanggang maging isang matanda na. At hayan nga, kita n'yo, binabago mo lang ang anyo mo.

90 Ngayon, hindi mo masasabing ang isang munting lalaking nakatayo rito, na labing-anim na taong gulang, na sasabihing isa na siyang lolo. Hindi maaari. Kinakailangang mabago ang anyo niya. Binabago ito ng ilang taon, tapos magiging lolo na siya. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

91 Pero ito ang siya pa ring Persona sa lahat ng oras, ang siya pa ring Persona, ang Diyos sa lahat ng panahon. Sa ganitong paraan Niya inihahayag ang Sarili sa Kanyang bayan, sa paggawa nito. Pansinin, sa panahon ng Haliging Apoy, inihayag Niya ang Kanyang Sarili sa Kanyang bayan. Sa panahon ni—ni Jesus, inihayag Niya ang Kanyang Sarili sa Kanyang bayan. Sa panahon ng Espiritu Santo, bilang Anak na ng Diyos. Anak ni David. . . Kanyang inihahayag sa tuwina ang Kanyang Sarili sa ganoong paraan sa Kanyang bayan, nagpapakilala Siya sa mga tao. Nakatabing sa likod ng isang bagay, pansinin, sa ganoon ding paraan, o ganoon ding kalikasan, sa tuwina.

92 Nagtabing ang Diyos kay Jesus, para gawin ang gawain ng pagtutubos sa krus. Hindi maaaring mamatay ang Diyos, bilang isang Espiritu. Siya'y Walang Hanggan. Pero kinailangan Niyang magsuot ng maskara at iakto ang bahagi ng kamatayan. Namatay Siya, pero hindi Niya magagawa 'yun sa Kanyang anyo na pagiging Diyos. Kinailangan Niyang gawin ito sa anyo ng Anak, bilang Anak ng tao, sa lupa. Kita n'yo? Kinailangan na nasa anyo Siya ng Anak. Pagkatapos noong nagbalik Siya sa Pentecostes, Anak ng Diyos Siyang muli. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? Nakukuha n'yo ba ang ideya? Siya'y. . .

93 Kinailangan Niyang dumating sa laman ng tao, para. . . at walang sinuman, walang seksuwal na pagnanasa. Dahil pinatutunayan nun muli ang pahayag natin ukol sa binhi ng serpiyente, kita n'yo, "seksuwal," ganap na seksuwal. Hindi mga mansanas; seksuwal! Siyanga. Tiyak na ganoon. Pansinin n'yo rito, kita n'yo, dahil ang sinumang mabuting tao. . . Tingnan n'yo ang mga propetang 'yun doon sa nakalipas, pero haya't kinailangan na higit pa Siya sa isang propeta. Kita n'yo? Para magawa 'yun, kinailangan Niyang dumating sa birheng kapanganakan, na ipinapakita lamang na ang birheng kapanganakan ay patunay mismo. . . Kinailangang maipanganak Siya sa birheng kapanganakan, para alisin ang sumpa, 'yun ang Lunas. Nakikita n'yo ang ibig kong sabihin? Kaya, seksuwal nga ito. Pinatunayan Niya ito sa Kanyang Sariling pagparito; dumating Siya hindi sa pagnanasang seksuwal, kundi sa pamamagitan ng birheng kapanganakan. At binago Niya ang Kanyang maskara mula pagiging Jehovah patungo kay Jesus, para isagawa ang gawaing pagtutubos sa drama kung saan Siya umaakto, sa Diyos sa krus.

94 Nais ng mga Griyego noon na makita Siya. Sa San Juan 12:20, marami sa inyo ang nakapakinig na sa akin noong ipangaral ko ang tungkol dun sa pahayag na 'yun, "Mga ginoo, ibig sana naming makita si Jesus." Napansin n'yo ba 'yun?

95 Ngayon, mga iskolar ang mga Griyego, mahuhusay silang tao. At mayroon silang—mayroon silang—silang maigting na damdamin para sa Diyos, habang nangangaral si Pablo sa kanila dun sa Areopago. At sila nga, sila'y—sila'y nangunguna—sila'y

nangunguna sa mundo pagdating sa siyensiya at—at edukasyon, magagaling na tao sila. Pero sumasamba sila't naniniwala sa mitolohiya at mga ganoong bagay, mga aklat ng sining at mga mausisang sining, at kung anu-ano pa.

96 Pero sila—sila—sila nga'y napukaw tungkol sa Lalaking ito Na nakakapagpagaling ng mga maysakit at nakakapanghula ng mga bagay na nangyari, hanggang sa pinaka tuldok. At napukaw sila, kaya pumunta sila para makita Siya. Ngayon, masdan n'yong mabuti ngayon, huwag n'yong palalampasin ito. Kita n'yo? At dumating sila at sinabi nila kay Felipe, na taga-Betsaida, "Ginoo, ibig sana naming makita si Jesus." At dinala siya ni Felipe't ng isa pang alagad kay Jesus, para makita niya si Jesus.

97 Ngayon ay pansinin n'yo ang mismong mga salita na ibinalita sa kanila ni Jesus, dahil pumaroon sila para usisain kung Sino Siya, at hindi nila Siya makita-kita. Ang nakita nila'y 'yung anyo, pero Siya'y nasa Kanyang templo. Ang Diyos ay nasa Kanyang templo, nakatabing sa laman ng tao. Pansinin n'yo ang mga salitang sinabi Niya, "Malibang mahulog ang butil ng trigo sa lupa, kita n'yo, at mamatay, mananatili itong mag-isa." Kita n'yo? "Dumating na ang oras, malapit nang luwalhatiin ang Anak ng tao, kita n'yo, at kinakailangan Niyang lisanin ang lupang ito. Malibang dumating ang oras na ito, hindi n'yo Ito makikita kailanman." Kita n'yo?

98 Dito, bakit di nila makita-kita si Jesus? Nakamaskara Siya. Nakamaskara ang Diyos. Nais ng mga Griyego ng Diyos, at heto Siya, pero hindi nila Siya makita-kita dahil sa tabing. At ganoon din ito ngayon, hindi nila Siya makita-kita dahil sa talukbong. Samantalang nasa harapan na nila ito. Nakamaskara ang mga Griyegong ito, o nakamaskara si Jesus sa mga Griyegong ito.

99 Pansinin, sinabi Niya sa kanila, "Malibang mahulog ang butil ng trigo na ito sa lupa, mananatili itong mag-isa."

100 Sila, hindi nila maunawaan kung papaano't, bakit di nila Siya makita-kita. Nakatayo roon ang isang tao. Pumunta sila para makita ang Diyos, at ang nakita nila'y isang tao. Kita n'yo? Hindi nila makita-kita ang Diyos dahil natatalukbungan ang Diyos sa kanila. Ngayon bulayin n'yo 'yun, ang Diyos ay nakatabing sa isang tao. Marahil sinasabi nila, "Walang makagagagawa ng mga gawang ito malibang ito ang Diyos. Walang tao ang makagagagawa nito, at papaanong nakatayo rito ang isang tao at gayunma'y nahahayag ang mga gawa ng Diyos sa pamamagitan Niya!" Kita n'yo, hindi nila maunawaan na nakatabing ang Diyos.

101 Nakatabing Siya sa isang tao, kung papaanong noon pa ma'y nakatabing na Siya. Anupa't, nakatabing Siya sa kanila, Siya'y nasa Kanyang templo na tao. Ang Diyos ay nasa isang templo na tao. Ngayon, mag-ingat nang mabuti, hayan nga't Siya'y

siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kita n'yo? Ang Diyos ay nakatabing, itinatago ang Kanyang Sarili mula sa sanlibutan, nakatabing sa tao. Kita n'yo? Heto ang Diyos! Ang sabi ng mga Griyegong 'yun, "Ibig sana naming makita Siya."

102 At sinabi ni Jesus, "Kailangang mahulog ang butil ng trigo at mamatay." Kinakailangan n'yong mamatay sa lahat ng inyong mga hinuha. Kailangan n'yong lumabas sa sarili n'yong pag-iisip.

Katulad nung mga alagad, hindi nila maipaliwanag ang tungkol sa pagkain ng Kanyang katawan at—at ang pag-inom ng Kanyang Dugo, pero, kita n'yo, namatay na kasi sila sa mga bagay na 'yun. Patay na sila sa isang Prinsipyo, patay na sila kay Cristo. Kahit ano pa ito, o gaano mang kalaki ang pagkatalo Niya tila ba, sinampalatayanan pa rin nila Ito ano't anuman. Kita n'yo? Ang nakikita nila sa Taong 'yun; isang Tao na kumakain, umiinom, nangingisda, natutulog, lahat ng iba pa, na ipinanganak dito sa lupa, at lumakad na kasama nila, nakipag-usap sa kanila, nagsuot ng mga damit na tulad ng iba pa sa kanila, pero ang Diyos nga 'yun.

103 Kaya hindi Siya makita-kita ng mga Griyego, dahil nakatago Siya sa kanila, sa isang tao. Pansinin n'yo ang Salita Niya sa kanila, "Maliban na mahulog ang butil ng trigo na ito sa lupa."

104 Ang Diyos ay nakatabing sa anyo ng isang tao, itinago ang Kanyang Sarili sa kanilang paningin. Ang nakikita nila'y isa lamang tao. Pero nakita ng mga Predestinadong 'yun ang Diyos. Ang nakita nung isa'y isang tao lang, ang nakita naman nung isa pa'y ang Diyos. Kita n'yo? At 'yun ang Diyos na nakatabing sa isang tao, na pinapaging tama silang pareho, pero ang pananampalataya n'yo ay ukol sa kung ano ang di n'yo nakikita. Pinaniniwalaan n'yo pa rin ito, ano't anuman. Ang Diyos ay nakatabing sa isang tao. Siya'y nasa laman na 'yun, at ang laman na 'yun ang Kanyang tabing. Nahapak ang tabing, kita n'yo, para mahayag ang Diyos.

105 Sa Lumang Tipan, nakakubli ang Diyos noong Siya'y nasa Kanyang luklukan ng awa; sa luklukan ng awa, na may isang tabing. Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay nasa Kanyang templo. Anupa't pumapasok ang mga tao at sumasamba nang paganito, pero, alalahanin n'yo, may isang tabing (amen) na nagtago sa Diyos. Alam nilang naroon ang Diyos. Hindi lang nila Siya makita. Hindi na nagpakita ang Haliging Apoy na 'yun doon. Napansin n'yo ba? Wala ni isang beses man sa Kasulatan, magmula noong pumasok ang Haliging Apoy sa likod ng tabing na 'yun, na nagpakita pa Itong muli, hanggang sa magmula Ito kay Jesus Cristo. Ang Diyos ay nakatabing!

106 Noong tumayo Siya sa lupa, ang sabi Niya, "Ako'y nagbuhat sa Diyos at patungo sa Diyos."

107 Pagkatapos si Pablo, (pagkatapos ng Kanyang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli), sa kanyang daan noon papuntang Damasco, naroong muli ang Haliging Apoy. Ano Ito? Lumabas sa likod ng tabing! Luwalhatiin ang Diyos!

108 Nasa likod Siya noon ng tabing. Ngayon ay nasa likod na Siya ng ano? Tabing na balat. Kita n'yo, "balat ng badger," sa likod ng tabing. At noong mahapak ang tabing noong araw ng pagpapapako sa krus, na ang tabing na bumabalot sa Kanya ay nahapak noong araw ng pagpapapako sa krus, haya't ang buong luklukan ng awa ay nalantad.

109 Ngayon, hindi maunawaan ng mga Judio kung papaanong magkakaroon ng awa ang Diyos sa isang makasalana't, masamang bayan na gaya natin. Anupa't di nila makita-kita ang Isang ito Na nagkakaloob ng awa, dahil nakatago Siya. Nasa likod Siya ng luklukan ng awa, sa loob, na nakaladlad ang mga balat ng badger, na tumatakip sa Kanya. Bago . . .

110 Dati, kapag pumasok ang sinumang tao sa likod ng tabing na 'yun, agarang kamatayan 'yun. Amen. Oh, makakakuha tayo ng isang aral dito sa ilang sandali, kita n'yo, kung kaya n'yong— kaya n'yong matanggap Ito. Ang maglakad sa likod ng mga balat na 'yun . . . Haya't sinubukang gawin 'yun isang beses ng isa sa mga anak na lalaki ng saserdote, at namatay ito. "Huwag kayong pupunta sa likod ng tabing." Ang tao na lumakad sa likod . . . Bakit? Wala pang pagtutubos, doon. Potensyal pa lang. Potensyal lamang. At ang anumang bagay na *potensyal* ay hindi pa ang tunay na bagay, kita n'yo, may potensyal pa lang. Ang kailangan ay pagtutubos . . . Natatakpan lang ang kasalanan, hindi pa nakakaltas . . . o napapatawad, ang ibig kong sabihin, hindi pa napapatawad. Ang *napapatawad* ay "paghihiwalay at paglalayo." At mangyari nga na di kayang gawin 'yun ng dugo ng mga tupa't kambing, mangyaring nakatago si Jehovah sa likod ng isang tabing. Ngayon, doon sa likod ng tabing na ito kung saan Siya nakatago, sinumang pumasok doon, bubulagta siyang patay, ang sinumang magtangka na pumasok Dito.

111 Pero magmula noong Pentecostes, magmula noong Pagpapapako sa krus, noong nahapak ang tabing mula itaas pababa, para sa henerasyong 'yun . . . si Jesus ang Diyos na 'yun, na nakatabing. At noong namatay Siya sa Kalbaryo, ipinadala ng Diyos ang apoy at kidlat, at hinapak ang tabing na 'yun mula itaas pababa, na ang buong luklukan ng awa ay nalantad nang hayagan. Pero masyado na silang bulag para makita Ito. Tulad nga ng sinabi rito ni Moises, bagaman, o . . . sinabi ni Pablo, ukol sa pagbabasa ng mga aklat ni Moises, "Noong binabasa ang mga aklat ni Moises, haya't, ang tabing na 'yun ay nakatalukbong sa kanilang puso." Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, 'yun ang ginagawa ng mga Judio noong mahapak ang tabing at nalantad ang Diyos nang hayagan, na nakabayubay sa krus. Nalantad Siya nang hayagan, pero di nila makita-kita Ito.

112 Posible kayang ganoon din ang ginawa ng mga Gentil? Oh Diyos! Noong nagkaroon sila ng mga kapanahunan ng iglesya, ng Anak ng Diyos; pero ngayon ngang ang tabing ng mga denominasyong ito't mga bagay-bagay, ang tabing na ito ng tradisyon na mayroon tayo mula noong Pentecostes, haya't noong hapakin ang mga tradisyon ng simbahan, itong mga bagay-bagay na sinasabi-sabi ng mga tao, "Lipas na ang mga araw ng himala, at mga ganitong bagay," at inalis na ng Diyos ang tabing mula Rito, at inilantad na Ito nang hayagan, anupa't nakahanda na naman silang ipako Ito sa krus, nang sadyang katulad na katulad noon.

113 Ang nahayag na Diyos, nang lantaran, nakita dapat nila Siya na nakatayo roon. Pero napaka pangkaraniwan Niya, ordinaryo Siyang tao. Hindi nila Ito makita-kita. Kita n'yo, nakatayo roon ang isang tao. "Buweno," sabi nila, "ang lalaking ito, saang eskuwelahan Siya nanggaling?" Pero, alalahanin n'yo, noong tumama ang sibat na 'yun sa Kanyang katawan, iniwan Siya ng Espiritung 'yun, ang templo . . . ang mga bloke ng mga hain ay nagsitauban, at lumatigo pababa ang kidlat sa templo at hinapak ang tabing. Ano ito? Hayun ang kanilang Diyos na nakabayubay sa Kalbaryo, at masyado na silang bulag para makita ito.

114 Inilantad na Siya nang buong hayagan, at hindi pa rin nila Ito makita-kita! Nabulag sila. Ang Diyos 'yun, na nakatabing sa isang tao!

115 Alalahanin n'yo, nagbalik Siya noon kay Pablo pagkatapos nun, at kay Pedro sa bilangguan, bilang ang Haliging Apoy. Naaalala n'yo 'yun?

116 Pero sa mga huling araw ay inaasahang babalik Siyang muli, anupa't inaasahan na babalik muli ang isang Haliging Apoy para ihayag ang Anak ng tao, kita n'yo, para ipakita ang Salita, ang Liwanag. Ang mga tradisyon, na matagal na, ay mapapawi. Walang makapipigil Dito; magaganap ito, sa papaano mang paraan. Sadyang winawasak ng Diyos ang mga denominasyon at mga tradisyong 'yan.

Sa anong klase ng Espiritu Niya ito gagawin? Katulad nga ng ginawa Niya sa una pa lang. Tingnan n'yo ang ginawa Niya sa mga araw ni Elias, sa mga araw ni Juan. "Huwag kayong mag-isip na sabihin sa inyong sarili na 'si Abraham ang inyong ama,' dahil may kakayahan ang Diyos na makapagpalitaw ng mga anak ni Abraham mula sa mga batong ito." Kita n'yo? Huwag n'yong isipin, "Dahil, kabilang ako sa *ganito* at kabilang ako sa *ganoon*." Kita n'yo? Hinahapak ng Diyos ang tabing, kita n'yo, para ipakita kung Sino Siya. Kita n'yo, masdan n'yo ang tabing sa pagkahapak nito ngayon, malalaman natin ngayon.

117 Ngayon, at noong araw, kung papasok ang isang tao sa tabing na 'yun, agarang kamatayan 'yun. Ngayon nama'y

kamatayan ang hindi pumasok Dito! Amen. Kung hindi n'yo magawang hapakin ang tabing na 'yan ng tradisyon, tibagin 'yang pader na 'yan ng denominasyon, para makita ang Diyos sa Kanyang kapangyarihan, ay kamatayan nga. Noon nga'y kamatayan ang pumasok doon, ngayon nama'y kamatayan ang manatili sa labas. Lantad na lantad na nang hayagan ang buong Luklukan ng Awa, nakikita na Ito ng sinuman, nahapak na ang tabing. Luwalhatiin ang Diyos! Ang buong Luklukan ng Awa ay nalantad na nang hayagan.

118 Kung papaanong ang Diyos ay nahahabag sa masasamang makasalanan na tulad natin, noong itinago Niya ang Kanyang Sarili, 'yun nga'y isang hiwaga. At ngayon ay nalantad na Ito nang hayagan, o kitang-kita na ito nang buo, nahayag na sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Noon pa ma'y ito na ang Salita, sa tuwina, haya't ang Diyos. Ang Salita ang nagbubukas dito. Kung batid sana ng mga taong 'yun ang Salita ng Diyos noong araw na namatay si Jesus, na nakita sana nila ang Luklukan ng Awa, disin sana'y nakita nila kung Sino Siya.

119 "Sino Iyon kung ganoon? Bakit nahapak ang tabing?" Alalahanin n'yo, kamatayan kapag pumasok Dito noon. Walang sinuman ang makakakita Nito. Nakita Ito ni Moises sa isang anyo, Ito nga'y nakaikot. . . haya't likod 'yun ng isang—ng isang Tao. Buweno, heto na Ito, na isang likod na nagdurugo, ang siya ring Lalaki na yaon! Ano Ito? Nais ipakita ng Diyos sa kanila ang Luklukan ng Awa. Nais ipakita ng Diyos sa kanila kung Sino Siya. Kaya ang tabing sa templo, buhat sa kamay ng Diyos, sa itaas, ay nahapak ito mula itaas pababa, at inilantad ang Diyos. Si Jesus Cristo 'yun na nakabayubay sa krus, ang Luklukan ng Awa. At ano ito? Masyado nang bulag ang mga tao para makita Ito.

120 Ngayon nauulit itong muli, sa kanilang mga tradisyon! Hayan nga't, mangyari, na noong Araw ng Pentecostes, dumating ang Salita at nasa isang anyo ng "Anak ng Diyos." At pagkatapos sinimulan nila itong iorganisa sa Nicea, Roma. At, ang unang-unang bagay, nakapasok ang mga 'yun sa Methodist, Baptist, Presbyterian, mga Pentecostal, at iba pa. Naging inorganisang tradisyon 'yun hanggang sa di na tuloy malaman ng tao kung saan siya nakatayo.

Pero, luwalhatiin ang Diyos, ipinangako Niya sa mga huling araw ang bagay na gagawin Niya. Ipapakita Niya ang Kanyang Salita nang hayagan, na lantad na lantad sa harapan nating muli, kita n'yo, Ito'y hayagang ilalantad.

121 Kung alam lang sana nila ang Salita, nalaman sana nila kung Sino si Jesus. Kung alam lang sana ng tao ang Salita ng Diyos, malalaman niya ang oras na kinabubuhayan natin at kung ano na ang nangyayari. Sadyang tumatanggi sila na makinig sa Salitang 'yun. Dahil sa kanilang mga tradisyon! Ano

ang nagbunsod sa mga Judiong ’yun para makita ’yun? Ano? Mukha namang nakita nila kung tutuusin, dahil nabuksan ’yung bagay. Nabuksan ’yun para sa isang layunin.

122 Ano ba itong nagaganap na rebaybal sa ngayon? Papaano ito lalago? Papaano ito pagpapalain? Wala akong pakialam kung gaano mang karami ang gumagaya rito, o kung ano, hindi ’yun. . . Noong lumabas si Moises, mayroong halo-halong karamihan na sumama sa kanya. Pero para saan ito ginawa? Si Jehovah ito Mismo na inaalis ang talukbong mula sa Diyos, para ipakita ang pagkakaiba sa pagitan ng tama at mali. Alin ba, sa Methodist, Baptist, Presbyterian, o sino ang tama? Ang Salita ng Diyos ang tama! “Ang salita ng bawat tao’y maging kasinungalingan, at ang Akin ang Katotohanan.” Hindi kailangan ng Diyos ng tagapagpaliwanag. Siya Mismo ang nagpapaliwanag. Inihahayag Niya Ito, at nag-. . . ibinibigay ang kapaliwanagan. Inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili. Oh, grabe! Sa kalagitnaan mismo natin, nakikita natin ang dakila Niyang kamay na sinasabi ang mga bagay na ito, ginagawa ang mga bagay na ito.

123 Mayroon akong bagay tungkol diyan mamayang gabi, kita n’yo, tungkol sa kung papaano pagmasdan ang kamay ng Diyos, kung anong ginagawa Nito, kung papaano Nito ipinapakilala ang sarili. Kita n’yo?

124 At sinasabi ng mga tao, “Oh, kalokohan Yan. Panatisismo Yang nandiyan. Walang anuman Riyan. Kalokohan Yan. Si Beelzebub Yan. Ang diyablo Yan. Panghuhula Yan. *Ganito* Yan.” Kita n’yo, parehong-pareho sa sinabi nila noon patungkol sa Kanya.

125 Oh iglesya, at kung maisapubliko na ang teyp na ito, hindi n’yo ba nakikita, mga ministro ng Ebanghelyo, kung saan na kayo nabubuhay? Hindi n’yo ba nakikita ang oras na ginagalawan natin? Ang Diyos, ay ipinapakita ang Kanyang Sarili, isinasantabi. . . Tingnan n’yo, kinuha Niya ang tabing ng templo at pinaghahapak ito, para makita nila nang lantaran ang Diyos, at masyado na silang bulag para makita Ito. At ganoon din ang ginawa Niya ngayon, inilalagay ang Salita Niya mismo sa harapan, kung ano ang ipinangako Niya. Bawat pangako sa Salita, ay nakalapag na sa harapan natin, nang lantaran!

126 Alam n’yo ba kung ano ang ginagawa ng iglesyang Gentil? Pareho rin sa ginawa ng iglesyang Judio noon, sobrang bulag sila para makita Ito. Ganoon nga. Magiging ganoon ’yun sa puso nila kung papaano noon sa panahong ’yun.

127 Pansinin n’yo, kamatayan, ang lumayo Rito ngayon. Kailangan mong pumasok Dito sa pamamagitan ng tabing na ito, o hindi. Ganoon nga na nahahabag ang Diyos sa kanila, pero tandaan n’yo kung ano ito, haya’t inihahayag ng Diyos kung ano ang nasa likod nung tabing. Masdan n’yo kung ano ang

nasa likod ng tabing, ang Salita! Ano ba ang tinatalukbungan nito? Ang Salita! Ano ito? Ito'y nasa kaban. Ang Salita 'yun na itinatago ng tabing na 'yun. Kita n'yo? At si Jesus ang Salitang 'yun, at Siya ang Salitang 'yun, at itinago Ito ng tabing ng Kanyang laman.

128 At ngayon ay itinatagong muli ng tabing ng tradisyon ang Salita, sinasabi, "Hindi ito ganoon." Pero ganoon nga Ito! Pinapatotohanan Ito ng Diyos, inihahayag ang Kanyang Sarili nang kasing liwanag ng araw, sa harapan ng lahat, at bigo sila na makita Ito. Ang Diyos, ay mahahabag sa atin.

129 Sa tipo, heto si Moises na galing sa Presensya ng Diyos, dala ang Salita ng Diyos para sa kapanahunang 'yun. Ngayon masdan, nasa Exodo 19 po tayo ngayon. Huwag n'yong palalampasin ito ngayon. Exodo 19, heto si Moises na galing sa Presensya ng Diyos, o 20 at 21, 19:20 at 21. Heto si Moises na galing sa Presensya ng Diyos. Dumako siya roon sa Salita. Naisulat ang Salita. At siya, sa Presensya ng Diyos, dala ng Salita, dala niya ang Salita para sa kapanahunang 'yun. May Salita para sa bawat kapanahunan. At habang papalapit si Moises, labis na nagliliwanag ang mukha niya! Kita n'yo? Nasa kanya ang Salita, na nakahandang mahayag, maibahagi sa mga tao.

130 Ang tunay na Salita, isinulat Ito ng Diyos, at nakalakip Ito kay Moises. Pansinin, nakalakip Ito kay Moises at handa nang mahayag. Siya ang Salita sa kanila, siya ang buhay na Salita, na nakatago. Tinalukbungan ang kanyang sarili, kinailangang maglagay ni Moises ng talukbong sa sarili niyang mukha. Bakit? Siya ang Salitang 'yun. Amen. Hanggang sa mahayag ang Salitang 'yun, kinailangang talukbungan ni Moises ang sarili. Amen!

Nakikita n'yo ba Ito? Saan man naroon ang Salita, Ito'y natatalukbungan.

131 Nakay Moises ang Salita. Ngayon tandaan n'yo, pagkatapos na mahayag ang Salita, si Moises ay si Moises muli. Kita n'yo? Pero habang nasa kanya ang Salita na ipamahagi pa lang, siya ay Diyos; buweno, hindi na siya si Moises. Nasa kanya ang Salita ng Panginoon para sa kapanahunang 'yun. Walang makahihipo sa kanya hanggang sa matapos 'yun; dala niya ang salita. Kaya, naman, noong dumating siya, ibinaling ng mga tao ang mga ulo nila; hindi nila maunawaan. Nabago sila. Iba na siyang tao. Dumating Siya na kalakip ang Salita. "At naglagay siya ng talukbong," sabi ng Biblia, "sa kanyang mukha," dahil nasa kanya ang Salita. At siya ang Salita sa kanila.

132 Ngayon tingnan n'yo, kung si Moises. . .Oh kapatid, ito nga'y magiging isang pangdudusta. Pero kung si Moises. . . Gaya ng sinabi ni Pablo rito sa Ikalawang Mga Taga-Corinto, sa ika-3 kabanata. Kung kinailangang talukbungan ni Moises

ang kanyang mukha dahil sa kalakip na ganoong uri ng Kaluwalhatian sa kanya. . . kita n'yo, mangyari nga na natural na kaluwalhatian 'yun, natural na kautusan 'yun. At kung si Moises, yamang nalalaman na mapapawi ang batas na 'yun, pero napakatindi mismo nung Kaluwalhatian na binulag nito ang mga tao, kaya kinailangan nilang maglagay ng talukbong sa kanyang mukha, haya't gaano pa kaya Ito? Mga taong bulag sa espirituwal! Uh-huh. Ang kaluwalhatiang 'yun ay napapawi, pero ang Kaluwalhatiang ito ay di mapapawi. Kita n'yo? Mga karnal na kautusan ang nakay Moises, ang kahatulan, walang biyaya, walang anuman; hinahatulan ka lamang nito. Pero Itong pinag-uusapan natin. . . Walang kapatawaran, na sinabi lamang nun kung ano kayo. Ito nga'y nagbibigay sa inyo ng daan palabas.

133 At kapag nahayag na ang Salitang 'yun, oh, grabe, magiging anong uri ng mukha Ito? Siguradong nakatalukbong ito. Kinakailangan na nakatalukbong ito. Ngayon pansinin. Kaya naman ang Espiritu ay natatalukbungan sa isang templong tao, kita n'yo, para salitain Niya ang mga salitang natural sa pamamagitan ng isang tabing na natural.

134 Ngayon, nagsasalita rito si Pablo ngayon, at sa ganitong—ganitong paraan, ang Espiritung-Salita, "Kami'y mga ministro, hindi ng titik, ni kautusan; bagkus mga sapat na ministro ng Espiritu," na kinukuha ng Espiritu ang titik at inihahayag Ito.

135 Yun ang kautusan, na kailangan mong pumunta't silipin, na nagsasabing, "Huwag kang mangangalunya. Huwag kang magnanakaw. Huwag kang magsisinungaling. Huwag mong gagawin ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*." Kita n'yo? Kailangan mong isaalang-alang 'yun.

136 Pero ito'y Espiritu na bumababa sa pangakong Salita para sa kapanahunang *ito*, at namumunga at nahahayag, hindi sa dalawang tapyas ng bato, kundi sa Presensya ng buhay na Diyos. Hindi isang kathang-isip na gawa-gawa ng kung sino, o kung sinong Houdini, na isang pandaraya; kundi pangako mismo ng Diyos na nahayag at ipinamalas mismo sa ating harapan. Ano kayang uri ng talukbong 'yun na magiging sa likod? At ang—ang maiwala 'yun. . .

137 Kita n'yo, napakadakila nun hanggang maging ang mga tao'y nakapagsabi, sabi nila noong nakita nilang bumaba si Jehovah rito sa Haliging Apoy, at nagpasimulang yumanig ang lupa, at—at ang mga bagay na ginawa Niya, at ang bundok ay nagliliyab. At kung may susubok na lumapit sa bundok na 'yun, ay mamamatay. Napakatindi nun hanggang sa maging si Moises ay natakot sa pagyanig na 'yun. Kung ganoon, kung noong panahong 'yun ay bundok lamang ang niyanig Niya, sa pagkakataong ito'y kalangitan at lupa na ang yayanigin Niya.

138 Papaano naman ang Kaluwalhatiang Ito? Kung natatabingan ’yun ng natural na talukbong, ito nama’y nalalabisan. . .natatabingan ng espirituwal na talukbong. Kaya huwag n’yong sikaping tumuon sa natural; pumasok ka sa Espiritu’t tingnan kung saan ka naroon, tingnan kung anong panahon ang kinabubuhayan natin.

139 May katuturan ba Ito sa inyo? Kita n’yo, isa Itong espirituwal na talukbong na nasa mga tao, na ang bukambibig, “Methodist ako. Kasing buti rin naman ako ng kahit sino. Baptist ako. At Pentecostal ako.” Hindi n’yo ba napagtatanto, na ang bagay na ’yan ay isang pantradisyong talukbong? Itinatago nito ang Diyos palayo sa inyo. Yan ang mga bagay na humahadlang sa inyo na matamasa ang lahat ng. . .

Oh, sasabihin n’yo, “Nakakasigaw ako’t nakakatalon-talon.”

140 Ang sabi Niya, “Bawat Salita!” Pinaniwalaan ni Eba noon ang bawat Salita maliban sa isa. Kita n’yo? Ang buong Salita ng Diyos ito, ang pangako para sa panahong ito na nahayag. Kita n’yo?

141 Pansinin n’yo ngayon habang nagpapatuloy tayo. Marami pa ako ritong ipapangusap, haya’t may halos dalawampung pahina pa ako, pero siguro. . .ng—ng mga tala, pero di ko—di ko na ipapangusap ang lahat ng ito. Kita n’yo, mamadaliin ko na.

142 Nakatalukbong siya ng isang natural na talukbong bago niya salitain ang Salita sa mga tao. Ngayon, kinakailangang talukbungan ng Diyos ang Kanyang Sarili, gaya ng ipinangako Niya, sa laman ng tao. Ang Diyos! Nakukuha n’yo ba Ito? Kinakailangang matalukbungan ng Diyos ang Kanyang Sarili sa laman ng tao, at maglagay ng espirituwal na talukbong sa kanila, (sinasabi, “Buweno, *ganito* ako at *ganoon* ako”), para makapangusap sa mga tao. Noong ang talukbong na ’yun, na tabing ng tradisyon, ay nahapak, pagkatapos nga. . .’yun ’yung pagsasabi nila ng, “Aba, lipas na ang araw ng mga himala.”

143 Sinabi sa akin ng isang lalaki noong isang araw, isang—isang munting mangangaral na Baptist doon, ang lumapit sa akin, si Kapatid na Green, at ang sabi niya, “Kapatid na Branham, heto ang isang bagay lang na mayroon ako laban sa’yo.” Sabi niya, “Sinisikap mong ang mga tao’y. . .” Doon ito sa Ramada Inn, noong idinaos namin ang pagtitipon doon. Sabi, “Sinisikap mo kasing papaniwalain ang mga tao sa isang apostolikong kapanahunan, na mabuhay sa kapanahunang ganito na parang nasa apostolikong kapanahunan pa sila.” Sabi, “Tumigil na ang apostolikong kapanahunan kasama ng mga apostol.”

Sabi ko, “Tumigil nga ba?”

“Oo.”

Sabi ko, “Sino ba ang tagapagsalita noong apostolikong kapanahunan?”

Sabi niya, "Ang labindalawang apostol doon sa silid sa itaas."

144 Sabi ko, "Kung ganoon pala'y di kasali si Pablo." Sabi ko, "Ang tagapagsalita ay si Pedro. At sinabi ni Pedro, sa Araw ng Pentecostes, noong nasaksihan na nilang nagaganap ang lahat ng mga ito, at kumikilos ang Espiritu Santo, ang sabi niya, 'Ang pangako ay sa inyo, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng ating Panginoong Diyos.' Kung tumatawag pa rin Siya, kung ganoon ang pareho mismong Bagay ay narito pa. Saan kung ganoon tumigil ang apostolikong kapanahunan? Titigil ang apostolikong kapanahunan kapag tumigil na sa pagtawag ang Diyos." Hindi nakapagsalita 'yung lalaki ng kahit na ano at dinampot na lang niya ang sumbrero niya't umalis na.

145 Kinakailangan ang Salita para magawa ito. Kailangan ang Salita. Sinabi ni Jesus kay Satanas, "Nasusulat." Kita n'yo? Ganoon lang, "Nasusulat."

146 Sabi ko, "Sinabi ni Pedro na hindi ito magwawakas. Kung gaanong karami ang tatawagin ng Panginoon, ang Pagpapalang ito'y para sa kanila. Ngayon sasabihin n'yo, 'Tumigil Siya.' Kailan?"

"Hindi ka ba mapalagay?"

Sabi ko, "Hindi, po, hindi nga. Sige't sagutin mo." Uh-huh. Hayan nga mismo. Kita n'yo?

147 Sinabi ni Pedro na para ito sa lahat ng tatawagin ng Diyos, na tatanggap ng parehong apostolikong Pagpapala. Yan—'yan ang Salita ng Panginoon. Kita n'yo?

148 Ngayon ang natural na talukbong. Ang Diyos, ang Salita, ay natatalukbungan sa laman ng tao. Ano ito? Ang Diyos ay natalukbungan kay Moises. Ang Diyos ay nakay Moises, na nakatalukbong, at ang Presensya ng Diyos ay nasa kanya. Napakaganap niya habang taglay ang Salitang 'yun sa kanya sa ganoong paraan, hanggang sa kinailangan niyang talukbungan ang kanyang mukha. At isang pinagtibay na propeta ang naghayag ng Salitang 'yun at nagsabi sa kanila, "Huwag n'yong gawin! Inyong gawin! At huwag n'yong gawin!" Kita n'yo?

149 Para ibigay ang Kanyang Salita sa henerasyong 'yun, tinalukbungan Niya ang Kanyang Sarili sa isang tao, dahil kung hindi'y ikabubulag maging ng mga tinawag-palabas 'yung Salita. Kita n'yo? Maging ang mga tao roon, hindi nila kayang pagmasdan 'yun. Sa—sa Exodo'y nalaman natin, ang sabi nila, "Hayaang si Moises na lang ang magsalita, hindi ang Diyos." Nakikita n'yo ba kung bakit di nagpapakita gaano ang Haliging Apoy? Kita n'yo?

150 Sinabi ng Diyos, "Akin—Akin—Akin ngang gagawin 'yan. Magbabangon Ako sa kanila ng isang Propeta." Amen!

"Magbabangon Ako sa kanila ng isa." At dumating Siya nang eksakto mismo. "Ako'y magbabangon, at tataglayin Niya, magiging ang Salita."

151 Sabi Niya, "Kung ibig nilang makita kung ano ang Salita. . . " Sabi, "Ngayon, Moises, nagpakita Ako sa iyo roon, sa nagniningas na kahoy." Sabi, "Bababa Ako at pagliliyabin ang bundok na 'yun." Sabi, "Makikita nilang sinabi mo ang katotohanan. Magpapakita Ako rito sa—sa—sa parehong nagniningas na paraan. Magpapakita Ako rito at patutunayan sa mga tao, pagtitibayin Ko ang iyong pagmiministeryo." Ganoon ang sinabi Niya kay Moises rito, ganoon karaming salita.

152 Pansinin n'yo, sabi Niya, "Ngayon Aking—Aking luluwalhatiin ka sa harapan ng mga tao." Sabi, "Ngayon, sinabi mo sa kanila na kinatagpo Kita roon sa isang nagniningas na kahoy; ngayon ay bababa Ako, na siya ring Apoy, at ipapakita sa mga tao na hindi ka nagsinungaling tungkol Dito." Mapapatunayan n'yo Ito sa siyentipikong paraan, pa nga, kung nais n'yo. Kita n'yo? "Bababa Ako at ipaaalam sa kanila."

153 At noong sinimulan na Niyang magpakulog, noong nagsimula nang magpakulog si Jehovah, ang sabi ng mga tao, "Hindi! Hindi! Hindi! Huwag mong hayaang si Jehovah ang magsalita mismo; aming—aming ikamamatay 'yun."

154 Kita n'yo, kinailangan Niyang matalukbungan, kaya tinalukbungan ng Diyos ang Kanyang Sarili kay Moises at ibinigay kay Moises ang Salita. At bumaba si Moises at binigkas ang Salita ng Panginoon, sa isang talukbong sa kanyang mukha. Tama ba? Nakatalukbong si Jehovah sa anyo ng isang propeta, dahil ganap sana nitong. . . At sinabi ng Diyos na hindi na Siya magsasalita sa kanila sa ganoong paraan. Magsasalita na lamang Siya sa kanila sa pamamagitan ng isang propeta. Iyon na lang ang tanging paraan na magsasalita Siya sa kanila mula noon. Iyon na lang ang tanging paraan na magsasalita Siya. Siyanga. Hindi sa anumang ibang paraan. Hindi Siya nagsisinungaling.

155 Pansinin n'yo, nakay Moises lang ang Salita. Ngayon, walang isang—isang grupo ang bumaba roon, wala ngang ganoon na mga Fariseo o mga Saduceo, o ang ibig kong sabihi'y hindi 'yun isang—isang partikular na sekta o isang angkan. Si Moises mismo! Kumuha ang Diyos ng isang tao. Hindi Siya maaaring kumuha ng dalawa o tatlong magkakaibang kaisipan. Kumukuha Siya ng isang tao. Nakay Moises ang Salita, at si Moises lang. Maging si Josue'y wala Ito sa kanya noon. Wala nang iba pa ang may taglay Nito. Amen! Si Josue ay isang—isang heneral; si Josue ay isang komandante ng hukbo; si Josue ay isang mananampalataya, isang Cristiano. Pero isang propeta si Moises! Hindi maaaring datnan ng Salita si Josue; kinakailangang kay Moises Ito dumating. Siya ang pangunahing

propeta noong panahon na ’yun. Pansinin n’yo, hindi kailanman dumating ang Salita kay Josue hanggang sa mawala na si Moises. Hindi, nga. Nakikipag-ugnayan ang Diyos sa isa lang kada pagkakataon. Ang Diyos ay isa. Kita n’yo? Ngayon, nakay Moises lang ang Salita, hindi sa isang grupo.

156 Tingnan n’yo, binalaan ng Diyos ang sinumang tao na huwag tatangkaing sumunod kay Moises papasok sa tabing na ’yun; mga manggagaya. Kita n’yo? Babae, lalaki, saserdote, sino pa man, gaano pa itong kabanal, gaanong kaganap na tao, gaano man ang karangalan, gaano pa man sila; nagbabala Siya, “Pabayaan ninyong pumunta si Moises nang mag-isa! At kung ang sinumang tao, maging isang hayop, ang humipo rito, ay kinakailangang patayin doon mismo.” Huwag n’yong papasukin ang tabing na ’yun. Pagmamay-ari ng isang tao ang tabing na ’yun. Ang Mensaheng ’yun ay isa. Kita n’yo? Sa templo, isang tao lang ang pumapasok minsan sa isang taon, na pinahiran at inayusan para pumasok; hindi para ilabas ang Salita, kundi para maghandog ng dugo. Ang lumakad man lang doon sa harapan Nito, haya’t isa lang. Ang sinumang iba pang tao ay namamatay. Kita n’yo?

157 Nangamamatay sila sa espirituwal ngayon. Ito’y isang espirituwal na tabing. Kita n’yo? Noon ay isang tabing na natural. Heto ’yung tabing na espirituwal. Kita n’yo? Patuloy lang silang pumapasok sa likod nun, gayong sinasabihan mo na sila. “Oh, alam ko! Alam ko na ’yan, pero ako kasi’y . . . ”

Sabi ko, “Sige lang, bahala kayo, nangungusap lang ito . . . ” Kung maaalala n’yo, ’yung huling salot sa Egipto ay kamatayan, bago ang exodo. Ang huling salot sa lupa’y kamatayang espirituwal, bago ang exodo. At sila’y susunugin at manunumbalik sa alabok, at lalakaran ng mga matuwid ang kanilang mga abo. Pero ang huling bagay nga’y kamatayang espirituwal, dahil sa pagtanggi sa Salita.

158 Ngayon pansinin n’yo, binalaan ng Diyos ang sinumang tao na huwag tangkaing sumunod kay Moises sa tabing ng Apoy. Kinailangang talukbungan si Moises, kinakailangan niyang lumabas doon. Pumasok si Moises bilang si Moises, na pumasok sa Haliging Apoy na ito; at paglabas niya, nakatalukbong na siya. Dahil, pumasok siya Roon, labas sa mga tradisyon niya, sa mga tradisyon ng matatanda. Kanyang *nakita* ang Haliging Apoy, pero heto nga na *pumasok* siya sa Haliging Apoy. Kita n’yo? Amen! At lumabas siya, na nakatalukbong na. Salita ng Diyos na nasa isang tao, natatalukbungan! Heto na siya’t naglalakad palabas, oh, grabe, nakikinita ko ito. Nagbabala na walang dapat mangahas na subukan ito, na walang makakagaya Nun. Mas mabuting huwag tangkain. Kita n’yo? Kahit na isang saserdote pa o isang taong banal, kung sino pa man, kardinal, obispo, anumang iba pa, na magtatangkang pumasok doon sa

tabing, ay mamamatay. Binabalaan sila ng Diyos. Kaya wala dapat tayong mga panggagaya.

159 Ang Salita Niya'y nahayag lang sa isa. Noon pa man, dumarating ang isang propeta na dala ang Salita ng Panginoon, bawat kapanahunan, sa tuwina, sa buong Kasulatan. Dumarating ang Salita sa isa. Sa bawat kapanahunan, ganoon din, maging sa mga kapanahunan ng iglesya, mula sa pinakauna hanggang sa huli. May kanya-kanyang lugar ang iba, siyanga, pansinin n'yo, pero lumayo kayo roon sa Haliging Apoy. Kita n'yo? Napakagandang aral ang matututunan natin dito! Kita n'yo, gusto ng lahat na maging Moises, at ang lahat . . .

160 Naaalala n'yo ba 'yung bagay na sinabi ni Dathan at ng iba pa roon? Ang sabi nila, "Ngayon, Moises, sandali lang! Masyado mo nang inaako ang lahat sa sarili mo, kita mo. Ngayon, may iba pang kalalakihan dito na tinawag ng Diyos."

161 Totoo naman. Sila, ang bawat isa, ay maayos na sumusunod yamang nagpapatuloy sila, pero noong tangkain na ng isa na humakbang nang lampas at agawin ang posisyon ng Diyos na ibinigay Niya kay Moises, na predestinado't itinalaga sa trabahong 'yun, haya't may pagtatangka na kunin ito, bumaba ang apoy at nabiyak ang lupa at nilamon sila nito mismo. Kita n'yo? Kita n'yo? Mag-ingat kayo. Kita n'yo? Maging mabuti lang, banal na Cristiano ng Diyos, na sinasampalatayanan ang Salita. Kita n'yo? Lumayo kayo roon sa Haligi na 'yun. Napakagandang aral!

162 Unang nagpakita ang Diyos kay Moises sa isang nagniningas na kahoy, nakatalukbong ang Diyos sa Haliging Apoy. Ngayon makinig kayong mabuti ngayon pansumandali. Ang Diyos, ay unang pumunta kay Moises, natatalukbungan Siya. Ang Diyos ay nasa Haliging Apoy, na nakatago roon sa isang kahoy, kita n'yo; gaya ng sa likod ng mga balat, kita n'yo, na naroon sa may luklukan ng awa roon sa dambana. Kita n'yo? Nakatabing Siya. Nakatabing Siya sa tuwina. At noong dumating Siya kay Moises, nasa isang Haliging Apoy Siya, nakatalukbong sa Haliging Apoy. Pero dito, sa harap ng mga tao, pinagtibay siya ng Diyos sa pamamagitan ng siya ring Haliging Apoy. Kita n'yo? Sabi ni Moises . . .

163 Ngayon masdan. Nababasa n'yo ba? O hinahayaan n'yong lumipas ang isip n'yo? Maaari po ba? Maaari bang . . . "Ang may pakinig, ay makinig." Kita n'yo?

164 Noong nagpakita ang Diyos kay Moises, nasa isang Haliging Apoy 'yun, noong Kanyang tawagin siya tungo sa kanyang pagmiministeryo. At dumating si Moises at sinabi sa mga tao ang ukol dito. Hindi nila ito mapani-paniwalaan, gayong nagpamalas na siya ng mga himala't mga bagay-bagay. Pero, sa pagkakataong ito, Siya'y kitang-kita, na maging sa batayang-siyensiya'y nagpakita mismo at pinagtibay ang pagmiministeryo

ni Moises bilang siya ring Diyos na nagsalita sa kanya, dahil nagpakita Siya sa anyo ng Haliging Apoy at pinagliyab ang bundok. At dumating Ito kay Moises sa isang kahoy, nakipag-usap sa kanya. Buweno.

165 Ang unang pagpapakita ng Diyos, kay Moises, ay nasa nagniningas na kahoy, nakatalukbong. Sa harap ng mga tao, nagtalukbong muli ang Diyos at pinagtibay si Moises, sa pamamagitan ng talukbong, sa pamamagitan ng pagtatalukbong ng Kanyang Sarili sa siya ring Apoy na 'yun, ang siya ring Haliging Apoy na bumaba. Mula—mula noon. . . Mula sa kanila, para Salita lamang ng Diyos ang maririnig nila. Nakukuha n'yo ba? Yung Salita lang, narinig nila ang Kanyang Tinig. Dahil, si Moises, para sa kanila, ay ang buhay na Salita. Si Moises! Kita n'yo, pinatunayang lubos ng Diyos ang Salitang 'yun sa pamamagitan ni Moises! Kita n'yo, ang sabi ni Moises. . . Sinabi ng Diyos kay Moises, "Pumunta ka roon. Sasamahan Kita. Siya'y. . . Walang makatitindig sa harapan mo. AKO YAONG AKO NGA."

166 Pumunta si Moises, at sinabi, "Maaaring hindi n'yo ito paniwalaan, marahil, pero nagpakita ang Diyos sa akin sa Haliging Apoy at sinabi Niya sa akin ang mga bagay na ito."

167 "Oh, nakita na namin 'yang lahat ng uri ng ganyang mga bagay-bagay." Ang sabi ni Faraon, "Aba!" Sabi ni Pastor Faraon, "Buweno, 'yang dala-dala mo'y mababang uri lang ng salamangka. Aba, mayroon akong mga salamangkero rito na kayang-kayang gawin ang ahas. . . o ang isang tungkod—ang isang tungkod na maging ahas. Halikayo rito, mga salamangkero." At lumapit 'yung mga salamangkero roon at ginawa ang parehong bagay.

168 Alam ni Moises. Walang nakatigatig sa kanya. Gaano mang karaming manggagaya ang mayroon sila, haya't walang kaso 'yun. Nanatili lamang na nakatindig si Moises. At bigla-bigla na lang, haya't pagapang-gapang 'yung mga ahas nang ilang sandali, at, walang paligoy-ligoy, basta na lamang kinain ng ahas ni Moises ang iba pang ahas doon. Kita n'yo? Bakit? Tulad ng mga apostol, hindi nila Ito maipaliwanag. Hindi alam ni Moises kung papaano 'yun isasagawa ng Diyos, pero gagawin at gagawin Niya ito.

169 Alalahanin n'yo, sinabi Niyang babalik sina Jambres at Janes sa mga huling araw, kita n'yo, na mga manggagaya. "At ililigaw ang mga Hinirang kung maaari," Mateo 24:24. Kita n'yo? Ganoon na ganoon na mga bagay, gagawa ng parehong uri ng mga himala't lahat na. Masdan n'yo ang Salitang 'yun! Masdan n'yo ang Salitang 'yun! Sinasabi ng tao na nakakagawa raw siya ng himala't ang nais pa ring paniwalaan ay may tatlong Diyos, at mayroon nitong lahat ng mga uring ito; umiwas kayo sa ganoong uri. Alam natin na—na mali 'yun, kita n'yo, walang ganoon. Kita

n'yo? Ang Salita, bawat Salita, bawat Salita na lumalabas lang sa bibig ng Diyos! Genesis, isang Salita! Dito, sabi, "Huwag mag-alis o magdagdag ng isang salita." Kita n'yo, kinakailangan na Ito'y parehong Salita mismo. Kita n'yo?

170 Pansinin n'yo, nakakita ang mga tao ng isang bagay na nangyari. Tinalukbungan si Moises bilang isang . . . Isa siyang propeta, at pinagtibay ng Diyos ang Kanyang Salita noon, pumunta roon. At nakita niya ang mga tanda't mga kababalaghan. At pagkatapos, buweno, ibinukod ng mga taong ito ang kanilang sarili, isa nang iglesya. Kita n'yo, ang ibig sabihin ng *iglesya* ay "tinawag palabas." Kita n'yo? Pagkatapos nilang tawagin palabas mula sa sanlibutan at naging isang bayan, kita n'yo, pagkatapos nga'y ipinakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili na Siya ang Haliging Apoy. Pinatunayan Niya ang mensahe ni Moises. Kita n'yo? Siya ang Haliging Apoy. Marahil kinuhanan na nila Ito ng litrato noon, sa palagay ko, kung mayroon lang silang kamera noong mga panahon na 'yun, dahil ang lahat ng 'yun ay nagliliyab sa Apoy. Pero kanilang— kanilang napatunayan, na pinapatunayan ng Diyos na tama ang Mensahe. Naroon na ang Mensahe, ang lahat ng bagay, ilalabas na sila sa pagkakataon na 'yun. Tinalukbungan ang Kanyang propeta sa harap ng bayan na ito na magi-exodo.

171 Ang mga tao, isipin n'yo, saksi sila sa isang bagay na nangyari sa kanya. Ibang-iba na siya ngayon sa iba pa sa mga Israelita. Iba na siya, iba na ang mensahe niya, naiiba siya sa mga saserdote, naiiba siya sa anumang bagay. Kita n'yo, iba na siyang tao. Nakita ng mga tao na may nangyari. Nagtalukbong ang Diyos Mismo sa Kanyang propeta, para ipangusap ang Kanyang mga Salita sa kanila. Ganoon ang ginawa Niya. Si Moises ang buhay na Salita na 'yun sa mga tao, natatalukbungan ng Haliging Apoy, na sinasalita kung ano ang tatalukbungan paglipas ng ilang panahon sa likod ng mga balat ng badger. Kita n'yo?

172 Kinailangang manggaling ang Salita kay Moises, unang-una. Kita n'yo? Nakay Moises ang Salita. Isinulat ang mga 'yun ng Diyos, walang makakapagbigay-kahulugan sa mga Ito, kinailangang si Moises ang magbigay-kahulugan sa mga Ito, unang-una. Yun ang dahilan kung bakit tinalukbungan niya ang kanyang mukha, dahil siya . . . Nakikita n'yo ba Ito? Kita n'yo?

*Heto* Ito. Maaari nating kunin Ito, dalhin Ito, at lahat na ng iba pa roon, pero kinakailangan Itong mahayag. Para mahayag, kinailangang maging Diyos si Moises sa mga tao.

Sasabihin n'yo, "Kalokohan 'yan."

173 Haya't, sinabi Niya, sinabi pa nga Niya kay Moises, Siya Mismo, "Ikaw ay magiging Diyos at si Aaron ang magiging propeta mo! . . . ? . . ." Kita n'yo? Kaya hayun ang Diyos na dumating, kita n'yo, kinailangan Niyang talukbungan ang Sarili,

dahil ang Diyos ay palaging nasa likod ng isang talukbong. Oh, grabe! Nakikita n'yo ba Ito? Nakatago ang Diyos sa publiko.

174 Ang sabi, "Ama, pinasasalamatan Kita, na ikinubli Mo Ito sa mga pantas at matatalino, at ipinahayag Mo Ito sa mga sanggol, sa kanila na ibig matuto." Kita n'yo?

175 Nagtago ang Diyos sa likod ng talukbong. Tinalukbungan ni Moises ang kanyang mukha. Si Moises ang buhay na Salita na natalukbungan noon. Nakita ng mga tao ang Haliging Apoy, sabi nila, "Ngayon ay nasisiyahan na kami." Kita n'yo? "Hayaang si Moises na lang ang magsalita." Kita n'yo? "Huwag ibunsod na ang Diyos ang magsalita, dahil ikamamatay namin." Pumasok si Moises mismo sa Haliging Apoy na 'yun. Kita n'yo?

176 At ang sabi ngayon, sabi Niya, "Ngayon Ako'y—Ako'y hindi na magsasalita sa kanila nang paganito. Bibigyan Ko sila ng isang propeta." Kita n'yo? At ganoon na ang Kanyang ginagawa rito sa tuwina. Kita n'yo? Sabi, "Ngayon hayaan silang umakyat." Pero kinakailangang matamo ng propetang ito ang Salitang ito. Kung nakatalukbong siya ng isang tradisyon, hindi sana Siya isinugo kailanman ng Diyos. Kung natatalukbungan siya ng Salita, pagtitibayin Ito ng Diyos. Binibigyang-kahulugan ng Diyos ang Kanyang Sariling Salita. Sinalita ni Moises ang mga Ito; binigyang-kahulugan naman ng Diyos ang mga Ito. Amen.

177 Sinabi ni Moises, "Sinabi mismo ng Diyos!" At ginawa ng Panginoon nang sadyang kung ano ang sinabi Niya. Pinaging tama nun Ito.

178 Ngayon ang sabi Niya, "Ngayon, Moises, nauunawaan mo. Nauunawaan na ngayon ng mga tao. Kita mo, ipinakita Ko sa iyo, na pinatotohanan Kita." Tinatalukbungan ng Diyos ang Kanyang Sarili sa propetang ito, para salitain ang Kanyang Salita sa mga tao. Si Moises ang buhay na Diyos sa kanila, ang buhay na Salita ng Diyos na nahayag. Yun ang dahilan kung bakit nakatalukbong ang mukha niya. Kita n'yo?

179 At alam n'yo ba na ganoon din ito na ang isang tunay na Cristiano'y natatalukbungan ngayon, sa mga di-mananampalataya? Nakikita nila ang mga kababaihan na mahahaba ang buhok at ganoong mga bagay, sinasabi na 'yun daw ay. . . "Tingnan n'yo ang makalumang modelo na 'yun." Kapag ipinupulupot ng kababaihan ang buhok nila sa likod, ang sasabihin, "May gulong ka yatang pumutok, ano't may reserbang gulong ka diyan sa ibabaw." Kita n'yo, Itong lahat ay natatalukbungan. Bulag sila. "Oh," sinasabi nila, "Mayroon akong Ph.D, may. . . " Wala akong pakialam kung anong mayroon ka, ignorante ka pa rin sa Salita. Ganoon nga mismo. "Oh, 'yan, 'yan nga'y mumunting bagay lang. Ako. . . " Pag-aralan n'yo muna kung ganoon ang mumunting mga aralin.

180 Papaano naman ’yung mga tao na nagsasabing sila raw ay nakatalukbong sa Presensya ng Diyos, at nangangaral ng kung anong tradisyon ng simbahan? Oh, kahahabagan, naku! Na may idinaragdag at may ibinabawas, at lahat na ng kung ano, sa pamamagitan ng pagpupuslit nila papasok ng sariling mga paksa at sarili nilang mga hinuha, at hindi ang Salita ng Diyos, kita n’yo, anong klaseng talukbong? Eklesiyastikal na talukbong nga ’yan. Hinapak na ng Diyos ang talukbong na ’yun nang lantad na lantad mismo!

181 Ang sabi nila, “Wala nang ganyang bagay na tulad ng mga propeta. Wala nang ganyang bagay, sa mga huling araw na ito, na tulad n’yang mga apostol at mga propeta. Wala nang ganyang bagay na tulad ng Makalangit na pagpapagaling. Walang ganyang bagay na tulad ng mga tagakita, wala nang ganyan. Wala nang ganyang bagay na tulad ng Marcos 16 na natutupad. Tapos na ang apostolikong kapanahunan.” Tinalukbungan nila Ito mula sa mga tao. Pero lumabas mismo ang Diyos kasama ang Kanyang Espiritu Santo ng Apoy, at hinapak ang bagay na ’yun mula sa itaas paiba-. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Hinapak ng Diyos ang tabing.

182 Si Moises ang tabing, ang buhay na Salita ng Diyos na nakatalukbong sa likod ng laman ng tao. Nakay Moises ang Haliging Apoy, tunay nga, na nangungusap sa kung ano ang tatalukbungan paglipas ng panahon sa likod ng mga balat, kita n’yo.

183 Ngayon, hayan, ang Salita, ang Salita na inihayag, pagkatapos Ito’y naisulat, pagkatapos Ito’y itinago at nanatiling nakatalukbong, dahil ang Diyos sa tuwina’y nasa Salitang ’yun. Amen! Siya ang Salita, sa tuwina. Siya’y nasa Salitang ’yun. Yun ang dahilan kung bakit kinailangang matalukbungan ang Salitang ’yun.

184 Oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, nauunawaan n’yo ba Ito? Tingnan n’yo! Hindi n’yo ba nakikita? Natatalukbungan Ito sa mga kapanahunang ito, ayon sa sinabi ng Diyos, at mabubuksan Ito sa mga huling araw, mabubuksan ang Pitong Tatak na ’yun, at ang buong Bagay ay malalantad sa mga tao, kung ano ang naganap noon pa man. Ang oras ng Mensahe ng ikapitong anghel, ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay mahahayag sa Elias na ’yun, sa huling panahon na ito; kung papaanong pinalabas si Cristo sa Kanyang iglesya, ang Anak ng Diyos; kung papaanong Siya’y nahayag bilang Anak ng tao muli; kung papaanong ang Iglesya’y isasaayos, at ang lahat para sa huling araw, walang kredo, walang denominasyon, ganap lamang na buhay na Salita sa indibiduwal. “Kukunin Ko ang isa, at iiwan ang isa. Kukunin ko *ito*, at iiwan ang isang *iyon*.” Kita n’yo? Sadyang may. . . Walang mga tali, walang mga denominasyon, walang mga pagtatali o kung ano man; ito’y puso sa Diyos, at sa Kanya lamang. Kita n’yo?

185 Pansinin, nakatalukbong sa katawan ng tao. Si Moises na taglay ang Salitang 'yun, tumutukoy 'yun sa kung ano ang mailalagay kalaunan sa likod ng balat ng badger. Nang sa gayon. . . Mangyari nga na si Cristo ang ating Moises. Si Cristo ang ating Moises. Siya ang Diyos na natalukbungan sa laman ng tao, natalukbungan sa pagiging tao, sa laman. Siyanga. At Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Natalukbungan siya ng mga balat ng badger. Natalukbungan Siya. At sa pagkakataong ito'y nakatalukbong Siya sa isang Tao. Kita n'yo? Ngayon pansinin, "siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman," na ipinangako ang Kanyang Salita sa panahong *ito*. Siya pa rin ang Cristo, ang pangakong Salita sa panahong ito, natatalukbungan ng laman ng tao. Ang Salita ay Diyos.

186 Ang pahid ay isang tao. Ang ibig sabihin ng salitang *Cristo* ay "isang pinahiran," kita n'yo, "ang pinahiran." Kung ganoon, si Moises ay ang Cristo noong kapanahunan niya, siya ang pinahiran. Si Jeremias ay ang Cristo noong kapanahunan niya, na taglay ang bahagi ng Salita para sa panahong 'yun.

187 Pero noong dumating na si Jesus, dumating Siya bilang ang Isa na Pinahirang Manunubos; at kasama dun si Moises at lahat ng nakay Moises, at ang buong Salita, at ang buong pagiging Diyos sa katawan ay nakay Jesus. Yun ang dahilan kung bakit nahapak ang buong tabing ng templo, at hayagang nalantad ang luklukan ng awa, Siya Yaong pinahiran.

188 Pansinin n'yo ngayon, ang talukbong sa laman ng tao, ang ipinangakong Salita para sa panahong ito'y kinakailangan ding matalukbungan. Pansinin n'yo. Ang mga miyembro ng simbahan na maibigin sa kasalanan at ang mga makasalanan ay hinding-hindi Ito makikita dahil sa talukbong na tao.

189 Yun ang dahilan kung bakit di nila Siya makita-kita. "Aba, isang tao lang Siya. Saan ba Siya nagmula? Ano bang fellowship card ang mayroon Siya? Sa anong iglesya ba Siya kabilang?" Gusto kong magsalita tungkol diyan mamayang gabi, "Sa anong iglesya Siya kabilang?" Kita n'yo? At kaya, kita n'yo, ngayon, "Sa anong iglesya ba Siya kabilang, anong—anong grupo? Sa anong paaralan ba Siya nag-eskuwela? Saan ba Niya nakuha ang Kanyang edukasyon? Buweno, isinilang ang Lalaking ito, ayon sa tradisyon, o ayon sa—sa sabi-sabi ukol sa Kanya sa buong palibot, na ipinanganak ang Lalaking ito na labas sa banal na kasal. Aba, Siya, tiyak nga, sa diyablo Siya. Kita n'yo, Siya'y—Siya'y sa diyablo. Ipinanganak Siya nang labas sa banal na kasal, at pinakasalan lang ni Jose 'yung nanay para hindi siya batuhin, dahil isa siyang mangangalunya. At pagkatapos susulpot ang Lalaking ito at pagsasabihan kaming mga saserdote kung ano ang gagawin?"

190 At hayun ang Diyos na nakatayo roon, na inihahayag ang

Salitang ’yun, umiiyak, “Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?” Ang mga awitin mismo na inaawit nila sa templo, na ginawa para sa kanila ni David maraming taon na ang nakalipas, ay tumutukoy kay Cristo. “Ang lahat ng Aking mga buto’y nakamasid sa Akin. Binutasan nila ang Aking mga kamay at ang Aking mga paa.” At hayun sila’t nakatayo roon, na inaawit ’yun, at ’yung mismong Lalaki na ’yun ay naghihingalo sa krus. At noong matapos sila’t ’yung . . .

191 Noong namatay Siya, bumaba ang Diyos ng Langit, na tulad noong bumaba Siya sa Bundok ng Sinai, na may Banal na Apoy, at sinunog ang tabing ng templo mula itaas pababa, hinapak ’yun. At anong bunsod nun na gagawin nila? Tumingin nga mismo roon mula sa bintana ng templo, sa Kalbaryo, at hayun ang Diyos na lantad na lantad, ang Hain.

192 Pero di pa rin nila Ito makita-kita, mapasa hanggang ngayon. Inalis na ng Diyos sa huling araw na ito ang mga tradisyong ’yun, at dinala ang Salita para sa panahong ito mismo nang hayagan, at di pa rin nila Ito napagkikilala. Sadyang di nila Ito napagkikilala. Ito—ito nga’y napakasimple kung tutuusin. Kita n’yo, napakasimple lang nito. Haya’t napakalayo kasi nito sa mga bagay ng sanlibutan.

193 Nangaral ako noong isang araw sa isang pagtitipon, tungkol sa, “Pagiging tuwerka.” Isa sa mga araw na ito ay gusto kong mangusap tungkol doon sa, “Pagiging tuwerka.” Tayong lahat ay mga haling para sa kung sino, kaya—kayo ako’y magiging haling kay Cristo. Sinabi ni Pablo na siya “ay ibinilang na isang mangmang.” Tunay nga, magiging ganoon at ganoon ka. Kita n’yo, kinakailangan ng tuwerka para kumapit ang mga bagay-bagay. Kita n’yo? Siyanga.

194 Kaya pansinin n’yo ang talukbong, ang laman ng tao. Hindi, ngayon, hindi ’yun makita-kita ng mga taong maibigin sa kasalanan. Ang mga relihiyosong tao na ’yun na makatradisyon, hindi nila makita-kita ’yun, dahil isa lang Siyang tao. Bakit? Itinago ng laman ng taong ’yun ang Diyos.

195 Ngayon, kung Siya’y naging isang dakilang Haliging Apoy na bumaba, kita n’yo, isang dakilang Haliging Apoy na bumaba at ipinakita sa kanila kung ano Siya, na Siya itong dakilang Haliging Apoy, baka pinaniwalaan nila ’yun; kung lumibot-libot sana si Jehovah sa buong lugar.

Pero nakita n’yo kung anong ginawa Niya, para makaiwas Siya sa lahat ng matatalino’t, pantas na mga tao, inihayag lamang Niya ang Kanyang Sarili na gaya ng ipinangako Niya kay Moises, kita n’yo, “Magsasalita Ako sa kanila sa pamamagitan ng isang Propeta.” At Siya’y Anak ng tao, isang Propeta. At nakilala Ito ng ilan sa kanila, mga nasa ikasandaang porsiyento ng sandaan sa mundo, na pinaniwalaan nila Ito; ang iba pa sa kanila’y hindi mismo. Pero, Siya nga’y, gaya pa rin ng dati.

196 Pero hayun ang Makapangyarihang Diyos na nakatayo nang lantad na lantad, ang Luklukan ng Awa! Namatay Siya noong sinasabi ng Sarili Niyang mga anak na. . . Naroon ang Sarili Niyang mga anak, na nagsasabi, “Ayaw namin sa Kanya! Hamakin Siya!” Dinuraan Siya.

197 Isang tipo, ng nakaraan, noong nililisan ni David ang templo, bilang isang haring tinanggihan. Naglakad doon sa lansangan, at may isang munting, matandang pilay na pagapang-gapang doon, haya’t namumuhi sa kanya, tinawag siya nung pilay na isang “matandang ipokrito” o kung ano, dinuraan siya mismo sa kanyang mukha. At binunot ng sundalong-bantay ang tabak, ang sabi, “Hahayaan ko ba ang ulo ng asong ’yan na manatili sa kanya; at dura-duraan lang ang aking hari?”

198 Ang sabi ni David, “Pabayaan mo siya, ang Diyos ang nagsabi nun sa kanya.” Marahil walang kamalay-malay si David sa bagay na sinabi niya. Umakyat siya sa bundok, tumanaw, na umiiyak.

199 Walong-daang taon mula roon, umaakyat ang Anak ni David sa parehong bundok, tumanaw, iniiyakan ang Jerusalem, isang Haring tinanggihan. At dinuraan nila ang Kanyang mukha.

200 Hindi n’yo ba nakikita? Pareho mismo. Nakikita n’yo ’yung Salita na ’yun na dumadaan, na ganoon na ganoon din ngayon? Palaging tinatanggihan ng karamihan, kita n’yo, at pinaniniwalaan ng kakaunti.

201 Ngayon, kita n’yo, hindi nila Ito mapaniwalaan. Ang mga Griyegong ’yun, hindi nila Siya makita-kita, Siya’y nasa templo Niyang tao. “Aba,” sabi nila, “ang pangalan ng lalaking ito ay Jesus; taga-Nazaret Siya.”

202 Ngayon, iisa lang ang pangalan ng mga tao dun noong mga panahong ’yun. Gaya ng, “John, Jim,” sasabihin nila, “John na taga-Jeffersonville, Jim na taga-New Albany,” o parang ganoon, kita n’yo.

203 Ang sabi, “Ito si Jesus na taga-Nazaret. Kalat noon sa karamihan na nabuntis ang Kanyang nanay ng isang sundalo.” Kita n’yo? At ganoon na ang paniniwala nila. Hayan nga! Tuloy sinasabi’t ang sabi nila, ngayon, “At ito si Jesus na taga-Nazaret.” Nakita n’yo? “Sino Siya?” Kita n’yo, hindi nila Iyon maunawaan.

204 Pero, hayan nga, ang Salitang ito para sa panahong ’yun, noong nangangaral Siya, ang sabi, “Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan. Iniisip ninyo na sa mga Iyon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at nagpapatotoo Sila kung Sino Ako. Kung hindi ninyo Ako mapaniwalaan; kalimutan n’yo na Ako, bilang isang talukbong, pero paniwalaan ninyo ang Salita na nahahayag. Ang dalawa’y saksi,” sabi Niya, “Nagsasalita Ako at ang Ama ang nagsasalita para sa Akin.” Amen. Siyanga.

205 Aking ipinapangusap ang tungkol sa Salita sa panahong ito, at pinatototohanan Ito ng Ama. Ngayon saksi na ba 'yan para sa inyo? Ito nga, kita n'yo. Sa ganoong paraan ito matutupad.

206 Pansinin n'yo sa Ikalawang Mga Taga-Corinto ngayon, ang. . . sa Ikalawang Mga Taga-Corinto, ika-3 kabanata, sa ika-6 na talata, nanahan ang Diyos sa lumang templo sa likod ng mga lumang balat, mula sa mga Judio. Noong nahapak ang lumang tabing, ganoon pa rin ang kalagayan ng mga Judio. . . bulag sa kung Sino Siya noon, at maging kung Sino Siya pa rin. At pagkatapos ay inihayag ng Pentecostes kung Sino ang totoo at buhay na Diyos, noong nahapak ang tabing na 'yun sa dalawa, sa Diyos, mula sa itaas. Bakit ginawa 'yun nung tabing na 'yun? Bakit nito ginawa 'yun?

207 Bakit dumating ang ganoong Mensahe ngayon para gawin ang bagay na ginawa Nito? Bakit Ito dumating? Bakit?

208 May isang tao na tatawag sana sa akin, isang araw dito hindi pa kalaunan, gusto raw makipagdebate sa akin tungkol sa—sa kapanahunan ng iglesya, na, "ang Diyos ay nasa Kanyang banal na simbahan," at mga bagay na tulad nun. At nalaman kong isa itong babaing mangangaral, at kinalimutan ko na lang ang tungkol dito. Kita n'yo, kung isa sana itong lalaki ay magiging ayos lang sana, magiging iba sana. Pero, dahil ganoon nga, haya't anong silbi ng pupunta pa ako roon sa ibang bansa roon, na aalis tuloy ako sa isang pagtitipon dito para gawin 'yun, kita n'yo? Kaya hinahayaan ko na lang sila. Inaakay ng bulag ang kapwa bulag, sila'y—sila'y mahuhulog kapwa sa hukay.

209 Kaya, kaya ngayon sa panahong ito, mangyari nga na ang matandang makadenominasyon at makatradisyon na tabing ay nahapak, mula sa Salita ng Diyos, para Ito ay mahayag! Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Sinasabi ng tradisyon, "Ang lahat ng mga bagay na 'yan ay lipas na." Hayaan n'yong tumimo Ito nang kaunti. "Ang mga bagay ay lipas na." Pero, sa huling araw na ito, nahapak na ang makatradisyong tabing, at naritong nakatayo ang Haliging Apoy. Kita n'yo? Heto Siya, na inihahayag ang Salita para sa araw na ito. Nahapak na ang tabing.

Ngayon, ang mundo, hindi pa rin nila Ito mapani-paniwalaan. Kahit ano pa, hindi nila Ito makita-kita. Hindi nila Ito makita-kita. Hindi kasi ito ipinadala sa kanila.

210 Tandaan n'yo, hindi nahayag ang Anak ng Diyos sa Sodoma; ang dalawang mensahero lang. Siyanga.

211 Ngunit, ito, ang Diyos Mismo sa laman ng tao ay nahayag kay Abraham, ang Hinirang. At masdan n'yo kung anong ginawa Niya para ihayag ang Kanyang Sarili. At ngayon alam ni Abraham, noong matalos Niya kung ano ang nasa isip ni Sarah sa likod Niya, ang sabi ni Abraham, tinawag Siyang, "Elohim! Ang Iyong lingkod ay. . . "

212 Pansinin n'yo ngayon, para ito ay mahayag. May talukbong ang Salita sa ibabaw Nito sa lahat ng mga taon na nagdaan, sa mga tao, "Hindi ito maaaring magawa."

213 Naaalala n'yo pa ba 'yung pangangaral na ipinangaral ko noong umagang umalis ako rito sa unang pagkakataon, tungkol kina Goliath at David? Sabi ko, "Tingnan n'yo 'yung nanghahamon dun, na sinasabing 'ang mga araw ng himala'y lipas na.'"

Masdan n'yo 'yung mga teyp kapag ilalabas na ang mga 'yun, masdan n'yo ang bawat isa, kung papaanong mas palinaw Ito nang mas palinaw; kung mayroon kayong mga pakinig para makinig, kita n'yo, mga mata para makakita.

Ano? Sabi ko, "Hayung nakatayo ang dakilang eklesiyastikal na daigdig doon, na sinasabi sa siyentipikong panahong ito, na hindi ito magagawa." Pero ang sabi ko, "Ang Diyos. . . " Sa Liwanag na 'yun, bago pa man Ito nakuhanan, nang isang beses; hindi pa nakukuhanan kailanman. Dito 'yun sa may ilog doon; hindi pa nila Ito nakukuhanan ng litrato kailanman. Kita n'yo? Sabi ko, "Sinabi Niya sa akin na mangyayari ito; tatawag Siya at lalaganap ito sa mga bansa."

214 At maging kay Doktor Davis, ay sinabi, "Ikaw, na hanggang elementarya lang ang edukasyon, hanggang ikapitong baitang lang, ay mananalangin para sa mga hari at mga monarko, at magsisimula ng rebaybal na lalaganap sa mga bansa?"

Sabi ko, "Iyan ang sabi Niya."

215 At nangyari nga ito. Kita n'yo? Kita n'yo, nangyari nga ito. Mangyari nga, na, hindi Niya kailangan ng pagpapaliwanag. Tinupad Niya mismo ito. Kita n'yo, tinupad Niya mismo ito, binibigyang-kahulugan nito ang sarili nito mismo, kita n'yo, na tinatawag ang Kanyang Hinirang, kita n'yo, mula—mula sa iba't ibang antas ng pamumuhay. Ngayon ay nahayag na ito.

216 Sinabi ko na tumayo roon si David, isang munting, maliit, na payat na lalaki na hukot ang likod, may tirador sa kanyang kamay. At, aba, tiningnan siya ni Saul, ang pinuno ng asosasyon ng mga ministro, ang sabi, "Aba, ikaw, ni hindi ka man lang dumaan sa pagsasanay!" Sabi niya, "Titingnan ko nga kung mabibigyan kita ng isang Ph.D. o kung ano." Ipinasuot ang baluting 'yun sa kanya, 'yun. . . Nalaman niyang hindi 'yun angkop sa isang tao ng Diyos.

217 Sabi, "Hubarin mo ang bagay na ito mula sa akin." Sabi, "Wala akong alam tungkol diyan." Sabi, "Hayaan mo akong humayo sa paraan na alam ko, kung ano ang ipinanlaban ko sa leon, kung ano ang ipinanlaban ko sa oso." Siya nga'y tila isang manggugubat. Sabi niya, "Hayaan mo akong humayo sa ganitong paraan."

218 At ang sabi nitong matandang Goliath, “Nagpadala ba kayo ng aso para labanan ako?” Sabi, “Tutuhugin kita sa dulo ng aking sibat at ibibitin ang iyong bangkay sa ere at ipapakain ’yun sa mga ibon.”

219 Ang sabi ni David, “Humaharap ka sa akin bilang isang Filisteo, haya’t may isang baluti at sibat, at hinaharap naman kita sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel.” Masdan n’yo ang propeta, si David, ang sabi, “Sa araw na ito’y pupugutan kita ng ulo mula sa iyong balikat.” Amen! Oh, grabe! Alam niya kung ano ang taglay niya, kung Sino ang sinasampalatayanan niya, at lubos siyang kumbinsido na may kakayahan Siyang tupdin ang ipinagkatiwala niya sa Kanya. Kita n’yo? Kaya nangyari ito ano’t anuman.

220 Yang lumang sabi-sabi, “Ang mga araw ng himala’y lipas na,” nabuwal na ang mga pader na ’yun! Nakatayo pa rin si Jehovah nang hayagan, na inihahayag ang Kanyang Salita, Yaong nalantad. Siyanga. Pansinin n’yo.

221 Nabulag din ang iglesyang Gentil sa talukbong, pagkatapos na ito’y mahapak at ipinakita ang Diyos, ang eklesiyastikal na tabing. Paano? Sa pamamagitan ng pagtatalukbong sa Salita sa isang tao muli. Yun mismo ang bigong makita ng Israel. Kung isa sana itong Anghel o kung ano, pinaniwalaan sana Ito ng Israel. Pero dahil hindi maaaring isang Anghel, haya’t kinailangan na isa itong tao. Amen!

Hindi maaaring baliin ng Diyos ang Kanyang Salita. Sa mga huling araw kinakailangan na ito’y maging parehong bagay muli. Kita n’yo? Ano ang bumulag sa Israel? Ang Tao na ’yun. “Isa Kang Tao na pinagiging Diyos ang Sarili Mo.” Yun ang dahilan kung bakit pinatay nila Siya noon, at, sa panahon din naman ngayon, sa dahilang dumarating ang Mensahe sa pamamagitan ng tao at hindi sa mga Anghel. Kita n’yo? Hindi maaaring baguhin ng Diyos ang pamamaraan Niya, baguhin ang Kanyang Salita. Sinabi Niyang hindi Siya nagbabago. Kita n’yo? Pansinin n’yo, nangako! At ang mga Gentil ay kapwa ring nabulag sa panahon ngayon gaya ng Israel noong panahon na ’yun, dahil (ano?) sa talukbong. Ang Diyos na natatalukbungan sa isang tao, ’yun ang bumulag sa Israel.

Pansinin n’yo, binulag ang isa. Ang isa, ay bubulagin Nito; dun sa isa, ay ihahayag naman Nito ang Katotohanan. Isasara Nito ang mga mata ng ilan, at bubuksan ang mga mata ng iba.

222 Tingnan n’yo, tumayo si Jesus at nagsabi, “Buweno, ang pangalan mo ay—ay—ay Simon, at ang pangalan ng tatay mo ay Jonas.”

Sabi niya, “Panginoong Diyos!” Kita n’yo? Si Felipe . . .

Sabi niya, “Papaano Mo po nalaman?”

Sabi Niya, "Narito ang isang Israelita, na sa kanya'y walang daya!"

At ang sabi niya, "Rabi, kailan Mo ako nakilala?"

223 Sabi Niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, noong nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita."

224 Sabi niya, "Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel."

225 Buweno, naroong nakatayo rin ang iba roon, na sinabi, "Siya'y Beelzebub." Kita n'yo? Anong ibinusod Nito? Binuksan ang mga mata ng isa, binulag naman 'yung iba. Anong sinabi ng mga saserdote? "Aba, ang Lalaking 'yun ay Beelzebub!"

226 Sinabi nung munting babae, "Alam kong darating ang Mesiyas, na tinatawag na Yaong Pinahiran. Kita n'yo, darating Yaong Pinahiran. Matagal kaming hindi nagkaroon ng mga propeta. . .Marahil isa Kang propeta. Anupa't darating Yaong Pinahiran. Hinihintay namin Siya. Ito na ang mga huling araw para sa mga Gentil. . . o para sa mga Judio." Sabi, "Ito ang huling araw." Kita n'yo, parehong naghihintay ng isang Mesiyas ang Samaritano at Judio. Kita n'yo? Sabi, "Ito na ang panahon para magpakita Siya. Alam namin, na sa pagdating Niya, ay gagawin Niya ang mga bagay na ito. Sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito."

Sinabi ni Jesus, "Ako nga Siya."

Nabuksan ang mga mata niya, 'yung mga saserdote nama'y nabulag.

227 Ganoon sa tuwina ang ginagawa ng Ebanghelyo. Binubuksan Nito ang mga mata ng ilan, inihahayag ang Katotohanan sa ilan, habang binubulag Nito ang iba pa; may dalawang-lupi na layunin. Maaaring tanggapin ng ilan ang Anak na 'yun at tumingin nang diretso Rito, at nabubulagan pa rin; sa iba nama'y tanggapin Ito marahil at lalakad kasama Ito, 'yun ang kaibhan.

228 Kung papaanong ginawa ito sa bawat kapanahunan, ang Diyos ay nakatalukbong sa laman ng tao. Pansinin n'yo, nagtalukbong Siya. Ang mga propeta'y ang Diyos, na nakatalukbong. Sila ang Salita ng Diyos (tama ba?) na nakatalukbong sa laman ng tao. Kaya, hindi rin nila napansin ang ating Moises, kita n'yo, si Jesus.

229 Pansinin n'yo natatabingan sa likod ng lumang balat ng badger doon sa lumang templo, ang Salita, ang Salitang nahayag sa mga tapyas ng bato.

230 Ngayon, sisikapin kong makaalis nang mga dalawampung minuto ngayon, kung kaya ko, mga alas onse y media. Pansinin n'yo, kung mapapansin n'yo, nilampasan ko na ang ilang pahina rito, kita n'yo, para di na humaba pa. . .puputul-putulin ko na

ang ilan . . . para di na humaba masyado. Alam kong naiinitan na kayo, pagod na.

231 Sa likod nung lumang templo, sa tabing, ano ba ang nasa likod dun? Ano si Jehovah? Ano ba ang nakatago sa likod dun? Ano ba ang itinatago ng tabing? Oh, hallelujah! Ano ang itinatago nung tabing? Itinatago nito ang Salita. Ang tabing, lumang balat ng badger, ay nakatago, itinatago ang Salita sa kanilang mga matang, natural. Sa likod nun, din, ay ang tinapay na handog. Sa likod nun, din, ay ang Kaluwalhatiang Shekinah. Pero nakatago Itong lahat sa kanila. Nakatago itong lahat. Ang lahat ng Kaluwalhatian ng Diyos ay nakatago roon mismo sa likod ng lumang balat ng badger, siyanga, nakatago sa matang natural.

232 Nakatago ito ngayon, din naman. Tinatawag itong "isang grupo ng mga holy roller, mga panatiko," pero wala lang silang kaalam-alam sa bagay na nakatago sa likod nun. Yun ang di nila alam. Kita n'yo?

233 Pagkatapos noong ang Diyos, sa awa, ay hinapak ang tabing para makita nila, hayan nga na labis-labis silang nababalutan ng kanilang mga tradisyon na sila'y . . . nakatago pa rin ito sa kanila, mapasa hanggang sa araw na ito.

234 Katulad mismo ngayon! Ang Kaluwalhatian, ang Kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang Kaluwalhatiang Shekinah na dumarating sa mananampalataya, ngayon ang tinutukoy ko rito'y ang tunay na mananampalataya, na ibinubunsod ang mga gawa ng Diyos at ang pananampalataya na dumating ang mga ito sa kanya, para sampalatayanan ang Salita ng Diyos, nakatago ang lahat ng 'yun sa mga matang 'yun. Sinasabi nila, "Lipas na ang mga bagay na 'yan." Kita n'yo, nabubuhay pa rin sila sa likod ng tabing.

Wala na kayo sa likod ng tabing na 'yun, mga Anak, nalantad na ang Diyos sa inyo.

235 Noong isang araw, sina Kapatid na Fred Sothmann, Kapatid na Tom Simpson . . . Di ko alam kung nakarating siya rito o hindi. Ilan sa amin ang naroon sa isang simbahang Baptist, at may sinabi 'yung ministro na tila maganda. At kaya nakapagsabi kaming lahat ng, "Amen!" Haya't napatuwid ng leeg ang lahat dun sa loob ng simbahan at napalingon. Kita n'yo? Kita n'yo? Nakakita kami ng mumo na nagmula sa likod ng Shekinah roon, alam n'yo na, at kami'y medyo nagalak na makasalo ng ganoon. Ang sabi namin, sa madaling salita, "Salamat po, Panginoon!" Kita n'yo? At, noong ganoon na nga, ang mga taong ito'y labis na natatalukbungan na tinawanan lang nila ito. Hindi nila alam kung tungkol saan Ito. Kita n'yo? Natatalukbungan pa rin sila. Kaya, may ilan na nasa loob at ang ilan ay nasa labas. At kaya naman . . . Pero ang Diyos na lantad na lantad mismo sa atin, ay nakatago. Ganoon din mapasa hanggang ngayon!

236 Pagkatapos noong ang Diyos, sa Kanyang awa, ay hinapak ang tabing, nalantad Siya nang hayagan. Pero, labis-labis silang nababalutan ng kanilang mga tradisyon, kaya nakatago pa rin Siya mula sa kanila.

Pareho ngayon! Ang lahat ng Kaluwalhatiang 'yun, ay nakatago, nakatago para sa atin kay Cristo, ang Salita, na Siyang ating Templo.

237 Oh, ngayon, kinakailangan kong humukay pa rito nang mas malalim pa. Ipagpaumanhin n'yo ang aking mga emosyon ngayong umaga, pero, oh, napakatagal nang nais kong—nais kong ibahagi ito, ako. . . napipigilan lang ako. Kita n'yo?

238 Pansinin, ang lahat ng Kaluwalhatian na nasa Diyos ay nasa Salita. Ang lahat ng mga pagpapalang nasa Diyos ay nasa Salita. Nakatago ito, sa di-mananampalataya, dahil sa mga tradisyon. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Pero ang lahat ng Ito'y nakay Cristo. Ang lahat ng kung ano ang Diyos, Kanyang *isinalin* Mismo, "kenosis," at napunta kay Cristo; at tayo, kay Cristo, ay nasa loob ng tabing.

239 "Buweno, ako'y nakay Cristo," sinasabi n'yo. At pagkatapos naniniwalang may tatlong Diyos? Nagbabautismo sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo"? Naniniwala sa lahat ng mga tradisyong ito at mga bagay na pinaniniwalaan n'yo, ng matatanda? Hindi, nasa likod pa rin kayo ng tabing. Kita n'yo? Pumasok kayo sa tabing. Siya, si Cristo, ay ang Salita.

240 "Papaano? Hindi ako naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling. Hindi ako naniniwala sa mga himalang ito't mga bagay na ganoon."

241 Buweno, nakita n'yo, kayo'y—kayo'y di pa nakakapasok, sa loob ng tabing. Wala kayong kaalam-alam tungkol Dito. Kita n'yo? Si Cristo ang Salita! At kapag tayo'y nasa Salita, nakay Cristo tayo. At papaanong nakay Cristo ako, tapos itinatanggi si Cristo? Siya ang nagsabi mismo, "Wala ni isang salita ang maidaragdag o maibabawas." Papaano kayo makapagbabawas at makapagdaragdag, kung ganoon? Kita n'yo, ipinapakita lang sa inyo kung anong tabing ang nakatabing sa inyo. Kita n'yo?

242 Tayo na nasa Kanya! Kung ganoon tayo, na nasa Kanya, ay nakatalukbong pa rin tayo sa mga relihiyonista't mga propesor ng mundo. Kita n'yo, ang ating Kaluwalhatian na kamit natin at tinatamasa, nakatalukbong pa rin tayo sa kanila na mga tagalabas. Akala nila tayo'y "baliw, isang hibang," muli. Kita n'yo? Kita n'yo? Siyanga. Pero tayo na narito mismo, kay Cristo, nabautismuhan sa Kanya, (Unang Mga Taga-Corinto 12), na nasa Kanya, tayo'y mga kabahagi ng Kaluwalhatiang ito. Kita n'yo? Pero hindi sa labas; nakatunghay pa rin kayo sa loob, itinatanggi Ito. Kita n'yo?

243 Kaya naman ngayon tayo'y inanyayahan sa Kanya, para maging mga kabahagi ng lahat ng kung ano Siya. Inaanyayahan

tayo sa Kanya, na nakatago sa mga di-mananampalataya, sa pamamagitan ng tabing ng laman ng tao. Kita n'yo? Alam nila ang Kaluwalhatiang 'yun, nababasa nila Ito, nasa Salita Ito rito, "ang Kaluwalhatian ng Diyos" at mga bagay na ganoon, isa lamang itong salita sa kanila. Sa atin, ito'y isang kahayagang patunay! Kita n'yo? Hindi na ito isang salita lang; ito'y isang realidad na! Amen!

244 Sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," 'yun ang salita. Pero ngayon nga'y nagkaroon ng liwanag. Hindi na yaong salita; 'yung liwanag na. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

245 Ngayon hindi lamang ito isang nasusulat na Salita sa atin, isa na itong realidad. Tayo'y nasa Kanya. Ngayon nasisiyahan tayo. Ngayon ay ating namamasdan Siya. Ngayon ay nakikita natin Siya, ang Salita, na inihahayag ang Kanyang Sarili. Nakatago Ito, roon sa labas, dahil (bakit?) nakatabing Ito sa laman ng tao. Kita n'yo?

246 Oh, sinasabi nila, "Ang grupo ng mga taong 'yun, saang eskuwelahan ba sila nag-aral? Ano—ano bang edukasyon ang naabot nila? Saan, ano—ano ba ang pinagmulan nila? Ano—ano—ano bang grupo ang kinabibilangan nila?" Kita n'yo? Huh! Kita n'yo, hindi nila Ito mauna-unawaan.

247 Sinabi ng isang tao sa isa pang tao, noong isang araw, sabi, "Kailangan mong maging kaanib sa isang denominasyon para maging isang Cristiano."

248 Sabi niya, "Isa akong Cristiano; hindi ako kaanib sa alinman sa kanila." Uh-huh. Sabi, "Inalis ng Diyos ang kanser na ito sa akin," sabi, "ngayon ano ang tingin mo tungkol doon?" Isa pa palang doktor. Sabi niya, "Ipakita mo sa akin ang mga denominasyon na ginaganap ito." Kita n'yo? Buweno. Kita n'yo? Nakatabing pa rin.

249 Nasa loob tayo ni Cristo. Ngayon, katulad noon, nakikita Siya ng lahat ng mga tunay na mananampalataya, ang Salita ng pangako para sa panahong ito, na nahahayag nang lantaran. Malaking salita 'yun kung mauunawaan n'yo. Kita n'yo? Kita n'yo? Lahat ng mga tunay na mananampalataya, na nasa Salita, ay nakikita ang Diyos nang lantaran. Nahapak na ang tabing, at nakatayo ang Diyos nang lantaran sa inyo, nahayag. Kita n'yo? Ang Diyos, ay nahayag, nang lantaran.

250 Para magawa ito, kinakailangang mahapak muli ang lumang makatradisyong tabing ng ating denominasyon. Para talagang makita kung ano Ito, kinakailangan n'yong lumabas mula sa ganoong bagay. Kita n'yo? Hindi n'yo ito magagawa kailanman; dahil patuloy nilang hahatakin para itakip ang tabing na 'yun sa harap n'yo, sa bawat pagkakataon, "Oh, wala namang mapapala na kahit ano Riyan." Pero dito'y nasusulat Ito, at dito'y nahayag Ito, kita n'yo. Kita n'yo?

251 Ngayon, papaano kung tumanggi ang isang tao na makita ang araw, sasabihin, “Oh, hayan, alam kong sinabi ng Diyos, ‘Magkaroon ng liwanag,’ pero walang ganoong bagay. Magpupunta ako sa ilalim na silid ng bahay. Ako—ako nga’y mariing tumatanggi na makita ito”? Baliw ’yung tao. May kung anong diperensya sa kanya.

252 May diperensya ang isang lalaki o babae, na nakikita naman ang pangako ng Diyos at, nakikita Ito na nahahayag, at pagkatapos ay tatangging paniwalaan Ito dahil hinahatak pababa ng denominasyon ang tabing. Kita n’yo, natatalukbungan!

253 Para magawa ito, kinakailangang masira ang makatradisyong tabing ng ating denominasyon, sa pamamagitan ng Espiritu ng Apoy at Tabak ng Diyos, na siyang Kanyang Salita. Ang Kanyang Salita sa tuwina ang Kanyang Tabak. Kita n’yo? At kinuha Niya ang Kanyang Tabak noong araw na ’yun, na puno ng Apoy, at hinapak ang tabing na ’yun mula itaas pababa. Ganoon din ang ginagawa Niya gamit ang siya ring Tabak sa panahon ngayon! Hindi “kredo ko, aklat ko ng mga kredo, aking—aking katekismo.” Kundi ang Tabak ng Panginoon, kita n’yo, ang humahapak sa tabing, at makikita n’yo ang Diyos na nakatayo nang lantaran, na nahayag sa Kanyang Salita. Napakagandang tanawin na mamamasdan! Kita n’yo? Buweno. Ang Espiritu Santo at Apoy ng Diyos, ang Kanyang Tabak, ang humapak dito. Hinahapak ng Salita ang tabing ng denominasyon.

254 Buweno, kung sinabi mo lang, “ang Salita,” at hindi umubra ang Salita? Anong silbi na narito ang Tabak, at sasabihin, “Hindi nito kayang humapak?” Sasabihin, “Uh,” at hindi ba ito makahapak?

255 Pero kung ilalapag n’yo ang Tabak na ’yun ng Diyos doon at matyagan ang paghapak nun, ito’y—ito’y hawak ng isang itinalagang kamay na ipinadala para gawin ’yun. Kita n’yo, hahapakin ito para magbukas, at hayun Siya. Hayun na ipinapakita nito ang Diyos nang lantaran, ang dakilang Jehovah. Iyon ang Kanyang Salita na nahayag, ang bahaging ipinangako para sa araw na ito. Nakukuha n’yo ba Ito? Kita n’yo? Kapag ang Tabak, ang pangako para sa panahong ito, sa araw na ito, bagay na dapat maganap, at kukunin ng Diyos ang Kanyang Tabak at hahapakin ang tabing ng denominasyon at hahatakin ito, at ihahayag ang Kanyang Sarili at ipapakitang naroon Siya, na siya pa ring Haliging Apoy. Pansinin n’yo, ’yun ang Salita na nahayag para sa mga pangako sa panahong ito.

256 Nakikita natin Ito na gaya ng pagkakita ni Pedro noong sabihin niya, “Panginoon, kanino kami tutungo, pagkatapos na makita Ito?” Saan kami tutungo? Ano bang iglesya ang maaari naming aniban, gayong isinilang kami sa Isa? Kita n’yo? Ano

ang magagawa n'yong. . . Ano pang denominasyon ang sasalihan n'yo pagkatapos na malaman n'yo ang mga Katotohanang ito, kita n'yo, gayong sila (bawat isa) ay tinatanggihan Ito? Talagang bawat isa sa mga denominasyong ito! Wala akong alam na denominasyon na magsasabi o gagawa ng isang bagay para Rito. Tama. Siyanga.

257 Nagsimula ako sa mga biyahe papunta rito, kung saan apatnapu't dalawang iglesya sa isang lugar lang ang nagsabing susuporta; pagdating ko roon, wala ako maski isa. Sinabi ng bawat isa sa kanila, "Naniniwala kasi siya sa Walang Hanggang seguridad." Nagbunsod 'yun na mag-alisan ang mga legalista. Sabi ng isa, "Nagbabautismo kasi siya sa Pangalan ni Jesus." Nagbunsod 'yun na mag-alisan ang iba pa sa kanila, kita n'yo. Kaya, sabi ng isa sa kanila, "Naniniwala kasi siya sa binhi ng serpiyente. Wala namang binhi ang serpiyente!" Nagbunsod 'yun. . .

258 Sinabi ng Biblia, "Papag-aalitin ko ang Binhi ng babae at ang binhi ng serpiyente." Kita n'yo? Nakikita n'yo roon?

259 Ito, ang—ang tabing, ay inalis na sa Salita. Kita n'yo? Tama. Inihayag ito sa mga sanggol. Ito'y—ito'y inalis na. Nakikita na nila Ito. At magiging, tulad ng sinabi na minsan. . . Tama. Kung ganoon magiging, tulad ng sinabi minsan, "Kapag nakita ninyo," kapag naalis na ang tabing na ito sa Salita, kapag naalis na ang mga tradisyon sa Salita, katulad ng sinabi minsan ni Jesus, "Kapag nakita ninyo Ako, nakita ninyo ang Ama." Kita n'yo? Ang Diyos at ang Kanyang Salita ay isa. Ngayon nauunawaan n'yo na? Kapag nahayag ang Salita, ano Ito? Kita n'yo?

260 Sabi ni Jesus, "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, iniisip ninyong mayroon kayong Bu-. . . Sumasampalataya kayo sa Diyos, haya't sumampalataya rin naman kayo sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag kayong sumampalataya sa Akin. Ngunit kung ginagawa Ko ang mga gawa, Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Kapag nakita ninyo Ako, nakita n'yo na ang Ama."

261 At kapag nakita n'yong nahayag ang Salita, makikita n'yo ang Diyos Ama, dahil ang Salita ay ang Ama. Ang Salita ay Diyos. At ang Salita, na nahayag, ay ang Diyos Mismo na kinukuha ang Sarili Niyang Salita at inihahayag Ito sa gitna ng mga mananampalataya. Walang makagagawa na buhayin Ito kundi ang mga mananampalataya, mga mananampalataya lang. Hindi ito. . . Hindi nito. . .

262 Maaari kang kumuha ng trigo at itanim ito sa isang—sa isang—ibang uri ng lupa, hindi ito kailanman tutubo. Pero, hayan nga, kinakailangan nitong magkaroon ng partikular na pataba sa lupa para makapagpatubo ng trigo. At kung walang—kung walang. . . kung ang pataba sa lupa'y hindi—hindi, na hindi tutubo ang trigo sa patabang 'yun, hindi nga ito kailanman

tutubo. Kaya kahit saan mahulog ang Salita, kung hindi Ito mahuhulog sa tamang uri ng puso . . .

263 Sinabi 'yun ni Jesus. "Nahulog ang ilan sa daan, sa mabatong lupa, at dumating ang mga ibon sa himpapawid at kinain ito." At pagkatapos ang sabi Niya, "Nahulog ang ilan sa mga tinik at mga dawag, na tumubo at nasakal agad-agad," sinakal ng mga tradisyon, mga denominasyon, mga layaw ng sanlibutang Ito. Pero ang sabi, "Napunta ang ilan sa mabuting lupa at namunga ng tig-iisang daan," sabi, "iyon ang Kaharian ng Diyos."

Ganoon nga ito, kita n'yo, talagang hindi ito paniniwalaan ng ilan.

264 Ang ilan ay maniniwala naman nang kaunting panahon, katulad nung mga alagad. Sumunod sila sa Kanya, marami sa kanila, sumunod sa Kanya 'yung pitumpu sa loob ng maraming taon, para lang tuklasin; halos isang taon at kalahati, o dalawang taon; para lang tuklasin, hanggang sa may makita sila sa Kanya, ng kung anong . . . para tuklasin sa kung ano bang paraan Siyang nagkaroon ng kapangyarihan para magawa ang mga bagay na ito, o tulad ng isang paa ng kuneho, isang salamangka na kung anong uri, kung anong bagay kaya napapalabas Niya ang ganitong mga bagay, kung papaano Niya natatalos kung ano ang nasa puso ng mga tao at kung ano ang iniisip nila. At nalaman nila sa wakas noong sabihin Niya na Siya'y "bumaba mula sa Langit," Siya'y "ang Salita Mismo." At noong malaman na nila, haya't sobra-sobra 'yun para sa kanila. Sabi nila, "Walang tao ang makauunawa Nito." At lumayo sila sa Kanya. Yun 'yung mga nahulog sa dawagan.

265 Bumabalik ito sa ganoon ding bagay, sa bawat kongregasyon, mayroon kayong mga kunwang-mananampalataya, mga di-mananampalataya, at mga mananampalataya. Naroon ito sa bawat kongregasyon. Makikita mo sila palagi. Ang ilan sa kanila'y nagkukunwari na parang mga mananampalataya, 'yun ang pinakamasahol na uri. At pagkatapos mayroon sila nung mga talagang di-mananampalataya; hindi ka niya gagambalain, lalakad lang siya palayo at iiling-iling. Pero 'yung mga kunwang-nananampalataya, nagsasabi silang mga mananampalataya raw sila, 'yun ang uri, 'yun ang uri na dapat n'yong bantayan, 'yung mga kunwang-mananampalataya nga. At pagkatapos may ilang tunay na mananampalataya. Nakikita n'yo ba silang tatlo roon?

266 Naroon ang mga di-mananampalataya. Pagkasabi Niya, "Kainin ninyo ang Laman ng Anak ng tao," oh, grabe, 'yun ang dumale!

267 Ang iba'y mga kunwang-mananampalataya. Nanatili sila, katulad ni Judas, hanggang sa dulo mismo.

268 Pero heto nga ang mga tunay na mananampalataya, na di nila Ito kayang ipaliwanag, pero sinampalatayanan nila Ito, ano't anuman. Nagpatuloy sila.

269 Noong ang tabing, ang tradisyon ng mga di-mananampalataya, ay inalis, makikita n'yo ang Diyos. Kapag inalis na ang tabing ng mga tradisyon, makikita n'yong ang Diyos ay Diyos pa rin ng Kanyang Salita. Tinutupad pa rin Niya ang Kanyang Salita. Siya'y ang—Siya'y ang Diyos, May-Akda ng Kanyang Salita.

Na nakatago sa likod ng mga tabing na balat, sa iba. Oo, tama. Sa mga hindi makapunta sa likod ng tabing, nasa likod pa rin Siya ng mga tabing na balat.

270 Pansinin. Pagkatapos, tayo, pagkatapos nga'y magiging bahagi tayo Niya, dahil kayo ang tabing na nagtatalukbong sa Kanya. Kayo'y bahagi Niya, hangga't nasa inyo si Cristo, kung papaanong si Cristo ay mula sa Diyos. Dahil ang Diyos ay nasa Kanya, nagpaging Diyos sa Kanya. At kung papaanong nasa inyo si Cristo, ang pag-asa ng Kaluwalhatian, kayo'y naging bahagi ni Cristo. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Kita n'yo? Kayo'y naging bahagi ni Cristo hangga't nakatago si Cristo sa inyo. Pagkatapos ito'y natatalukbungan sa mga di-mananampalataya, pero alam n'yong Siya'y nasa inyo. Ikaw ang nagsisilbing templo ni Cristo na nasa likod ng tabing na 'yun, na balat. Kung ganoon tayo, da- . . . Sa likod, dahil sa tabing na ito, ang tabing muli sa laman ng tao, haya't itinatago ang Diyos (ang Salita) mula sa di-mananampalataya.

271 Gaya ng nasusulat, kita n'yo, "Nasusulat, kayo ay mga sulat na nasusulat," sabi ng Biblia. Ngayon, ano ang *sulat*? Isang "nakasulat na salita." At kayo'y "nakasulat." Sa madaling salita, mababasa n'yo Ito nang paganito, "Kayo," sabi Nito, "Kayo'y mga sulat na nasusulat," o, "kayo ang Salita, na isinulat, nahayag," walang maaaring idagdag Dito. Hindi n'yo maaaring sabihin, "Ako'y isang sulat na nasusulat," at namumuhay naman ng ibang uri ng kung ano maliban sa kung ano ang isinulat *Nito*, dahil walang maaaring idagdag o ibawas.

272 Habang sinusulat ni Doktor Lee Vayle itong inaabangang aklat na ito, nais kong makita n'yo ito pagkatapos. Narito si Kapatid na Vayle, narito lang siya. Nakita ko siya sa labas kanina. Sa palagay ko di lang siya makapasok. Haya't nagsusulat siya ng isang aklat dun, at—at talagang kahanga-hanga po, tungkol sa Kapanahunan ng Laodicea. At ibig kong kayo . . . Malapit na itong lumabas sa mga palimbagan. Mangyari nga, na nasa huling pagbasa na namin ito ngayon. At isinusulat, at pinag-uusapan namin Ito roon, kita n'yo, 'yung tungkol . . .

273 Ang lahat nga'y lumapit na sa akin, sinasabi, "Kapatid na Branham, 'yung pitong kulog na iniugong ng tinig, at sinabi

Niya, 'Huwag mo Itong isulat, kita mo, kundi isara mo Ito,'" sabi, "ang pitong kulog 'yun na mahahayag sa mga huling araw, kita mo, pitong kulog ba 'yun na magsasaysay sa atin?" Ngayon, hindi ba't tila napakaganda nun? Kita n'yo? Pero bantayan n'yo kung ano ang sinasabi n'yo kapag sinasabi n'yo 'yun.

Sabi Niya, "Tiyakin mo na hindi mo Ito isusulat." Kita n'yo? Umugong ang pitong kulog na ito, kita n'yo, at sinabi Niya, "Huwag mong isulat 'yun, kita mo, bagkus Ito'y seselyuhan sa Aklat hanggang sa mga huling araw."

274 Ngayon mayroong tao, marami ang nagsasabi sa akin, at may mga teologo na nagsabi, "Kapatid na Branham, kung ang Panginoong Diyos . . . " Sabi, "Kung—kung . . . Sa karanasan mo, na ibinigay sa iyo ng Panginoon para sa Kanyang bayan," mapagpakumbabang sinasabi ito, sabi, "magiging karapat-dapat ka na sumulat ng isang—isang Biblia mismo, ng iyong Salita, kung ihayag ng Diyos."

275 Sabi ko, "Maaaring totoo 'yan." Kita n'yo, sinusubukan niya akong huliin. Kita n'yo? Sabi ko, "Pero, kita mo, hindi ko magagawa 'yun."

Sabi niya, "Bakit di mo magagawa? Nasa iyo na ang lahat ng kuwalipikasyon."

276 Sabi ko, "Pero, tingnan mo, hindi ka maaaring magdagdag ng isang salita o mag-alis man." Kita n'yo?

277 At sabi niya, "Buweno, kung ganoon, 'yung pitong kulog, kita mo," sabi, "hindi ba't 'yung pitong kulog na uugong, hindi ba't magiging isang Kapahayagan 'yun na ibibigay sa isang tao?"

278 Sabi ko, "Hindi, ginoo, dahil pagdaragdag 'yan ng isang bagay Rito o pag-aalis ng isang Bagay Rito."

279 Nahayag na itong lahat Doon, at binuksan na ng Pitong Tatak ang kapahayagan ng kung ano Yun. Yun nga ito. Kita n'yo, nasa Salita pa rin ito. Nakita n'yo, hindi kayo maaaring lumabas sa Salitang 'yun. Hindi nito iiwan ang Salita. At hindi kailanman iiwan ng Espiritu ng Diyos ang Salita. Mananatili ito mismo sa Salita; na binubulag ang ilan, at binubuksan ang mga mata ng iba. Sa tuwina'y ganoon ang gagawin nito.

280 "Kayo'y mga sulat na nasusulat, na binabasa ng lahat ng mga tao." O, kayo'y . . . Isinasalin ko Yun, kukunin ko sa ganito, kita n'yo, kukunin ko Ito sa ganito, "Kayo'y mga sulat na isinulat," dahil hindi ka maaaring magdagdag Dito, "na binabasa ng lahat ng mga tao; nahayag na Salita ng Diyos," sa madaling salita.

At sina Pedro at Juan, para ipakita ito, noong nagpunta sila roon, napag-unawa nilang sila'y mga mangmang at walang pinag-aralan, wala silang edukasyon, pero napansin nilang nakasama nila si Jesus. Kita n'yo? Sila'y mga mangmang at walang pinag-aralan, pero sila'y mga sulat na nasusulat, kita n'yo, nabasa na nakasama nila si Jesus. Dahil, inihahayag ni

Jesus ang Kanyang Sarili sa pamamagitan nila, si Cristo na nakatalukbong sa kanilang laman; nahayag, pinaging buhay.

281 Tulad Niya noon kay Moises. Noong nakay Moises ang Salita, siya ang Diyos na nasa laman. Noong nakay Jesus na Ito, ang Diyos Ito na nasa laman. Kita n'yo? Ang bagay lang na ginawa Niya ay baguhin ang Kanyang maskara, hindi ang Kanyang Salita, hindi ang Kanyang kalikasan. Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Binago lang Niya ang Kanyang anyo. Nagbago Siya mula kay Noe patungo kay Moises; nagbago Siya mula kay Moises patungo kay David; mula kay David patungo kay Joseph; pababa hanggang sa dumating Siya sa kapuspusan ng pagka-Diyos sa laman. Kita n'yo?

282 Ito'y ang siya pa ring Diyos! Amen. Amen. Sana'y tumimo 'yun nang husto. Kita n'yo? Ito ang siya ring Diyos, pero nagsusuot lang Siya ng panibagong talukbong. Kita n'yo, nagsusuot Siya ng panibagong talukbong.

283 Ginawa Niya ito sa mga repormista, nagsuot ng isang talukbong, nagsuot ng isang talukbong. Hanggang, sa wakas, nakarating Ito sa kapanahunan ng Lutheran, pababa sa iba pang kapanahunan, pagkatapos sa wakas ay nakarating Ito sa Kakumpletuhan. Bago Ito dumating, isang propeta ang lumilitaw muli. Ang ginagawa nito, iniaaninag nito ang Salita, ipinapakita rito, inihahayag kung ano ang mga nangyari noon, kung ano ang mga hindi pa naresolba, na ang Iglesya ay magiging walang. . . hindi na maging walang pagkaunawa. Pagkatapos kapag unti-unti na itong nawawala sa eksena, kung ganoon, tulad ng sinabi ni Juan, "Ako'y kailangang bumaba, Siya'y kailangang tumaas," pagkatapos nga'y tumutugaygay ang lahat-lahat patungo sa Kanya. Siya ay ganap na nahahayag, kay Luther, Wesley, at sa kapanahunan ng Pentecostal, at pababa, nang pababa, na ganap na Siyang nahayag, kita n'yo, bumababa, ang paghahayag mismo, na ang Diyos ay nahahayag: Nakikita Siya (Ngayon, pansinin.) na tinutupad ang Kanyang mga pangako para sa araw na *ito*, tulad *nila* noon.

284 Ngayon si Moises ang Salita noong panahong 'yun, dahil ibinigay ang Salita sa kanya para sa panahong 'yun; si Moises. Si Joseph ang Salita sa kanyang panahon, na eksaktong inilalarawan si Cristo. Kita n'yo, bawat isa sa kanila noon ay ang Salita.

285 At noong dumating na si Jesus, Siya ang Salita sa kapuspusan Nito, dahil ang buong plano ng pagtutubos ay nakasalalay sa Kanya. Ang buong plano ng pagtutubos, ay di nakasalalay kay Moises, di nakasalalay kay Joseph, di nakasalalay kay Elias. Kita n'yo, bahagi lang sila ng Salita, na tumuturo Rito. Kita n'yo? Ngayon pansinin, panatilihin n'yo ito sa inyong isipan; heto nga Ito, gaya ng sinasabi ko. Kita n'yo, ang buong plano'y wala sa kanila. Tumuturo lang sila Rito.

286 Samakatwid, pagkatapos Niya, ang Kapuspusan, hindi na tayo makatuturo ng iba pa. Tumuturo ito pabalik sa Kanya, sa Salita. *Ito* ang kumpletong Kapahayagan; walang maidaragdag o maibabawas Dito. *Hayan* ang kumpletong Kapahayagan. Ang lahat ng 'yun, isang anino mismo na Siya'y darating; pero noong dumating na Siya, Siya yaong Kaganapan. Mga Hebreo 1, "Ang Diyos sa iba't ibang panahon ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta," Nagsalita ang Diyos sa pamamagitan ng mga tabing, mga propeta, "ngunit sa mga huling araw na ito'y sa pamamagitan na ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo." Hayan nga. Nalantad doon sa Kalbaryo, ang Anak ng Diyos, ay nalantad nga.

287 Pansinin n'yo, "pinaging buhay." At, ngayon, kapag nahahayag ang Salita sa mga sisidlan na tao, mga talukbong, ito'y ganap mismong Salita na natutupad sa araw na 'yun, na bumabalik sa Diyos. Yamang mga nabautismuhan na sa Kanya, ayon sa Unang Mga Taga-Corinto 12, tayo'y napagkikilala kasama Niya. Amen.

288 Sinabi kong kalahating oras lang, pero puwede pa ba akong magtagal nang kaunti? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo? Tingnan n'yo, di ko talaga ito maaaring palampasin dito. Pansinin n'yo, napagkikilala kasama Niya!

289 Ngayon pansinin. Ilan bang mga mamamayang Amerikano ang narito? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Sige, kayo'y isang mamamayang Amerikano, kung ganoon napagkikilala kayo kasama ng bansang ito. Kung ano man ang bansang ito, ganoon kayo. Tama ba? Kayo'y para sa kaluwalhatian nito at kayo'y para sa kahihiyan nito. Napagkikilala kayo kasama nito. Kayo'y isang Amerikano, kaya naman kayo ay ang Amerika. Hallelujah!

290 Kasama ako noon ni George Washington noong tinawid niya ang Delaware. Napagkikilala ako kasama niya. Siyanga. Kasama ako ni Abraham Lincoln sa Gettysburg Address. Nakatayo ako roon. Kasama ako noon ng mga sundalo sa Guam, kayong kalalakihan, noong itinaas n'yo ang watawat na 'yun. Naroon ako. Amerikano ako; napagkikilala ako kasama nito. Amen. Ngayon, para maging isang Amerikano, ano man ang kanyang kahihiyan noong Rebolusyon, dala ko ito, dahil isa akong Amerikano. Siyanga.

291 At bilang isang Cristiano, napagkikilala ako kasama Niya. Amen! Kasama ako ni Noe noong pumasok siya sa daong. Kasama ako ni Moises noong lumabas siya sa Egipto. Amen! Ako si Elias sa Bundok ng Carmel. Siyanga, po! Luwalhatiin ang Diyos! Kasama niya ako noong ginawa niya 'yun. Kasama Niya mismo ako, pinagkakakilanlan ko ang aking sarili sa kamatayan Niya roon sa Kalbaryo noong namatay ako sa mga bagay ng

sanlibutan, sa aking sarili't lahat ng mga tradisyon. Napagkilala akong kasama Niya. Napagkilala akong kasama Niya noong umaga ng Pasko ng Pagkabuhay noong nagbangon Siya mula sa mga patay. Napagkilala akong kasama Niya noong Araw ng Pentecostes, noong bumaba ang Espiritu Santo na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas. Napagkilala ako kasama Niya. Ang lahat ng Siya'y ako, ang lahat ng ako'y Siya; amen, sa pagkamatay natin sa Kanya ay napagkikilala tayo kasama Niya. Kung ano Siya ay ako. Amen!

292 Kung ano ang bansang ito ay ako. Ipinagmamalaki kong maging ganoon. Handa akong pasanin ang kahihiyan nito. Handa akong pasanin ang kadustaan para maging Amerikano. Siyanga. At aking dinodoble 'yun kay Jesus Cristo! Ang lahat ng Siya kailanman ay ako. Gusto kong mapagkilala kasama Niya.

293 Ang mga alagad, noong bumalik sila, inisip nila. . . habang sila'y pinagtatawanan, at binabansagan ng lahat na kung anu-ano, inisip nilang isang malaking karangalan 'yun na pasanin ang kadustaan ng Kanyang Pangalan.

294 Masaya ako sa araw na ito na maging isa sa kanila, na napagkikilala kasama ng Salita, na si Cristo. Napagkikilala kasama Niya! Yamang nabautismuhan sa Kanya, ay napagkikilala tayo; napagkikilala sa Kanyang wangis, napagkikilala kasama ng Kanyang Salita, na Siya. Kung nakay Cristo ako, ako ang Kanyang Salita; dahil Siya ang Salita, at kung ano Siya ay ganoon ako. Amen! Nauunawaan n'yo ba Ito? Buweno.

295 Ang Salita na nahayag, o inihayag sa Kapahayagang 'yun doon, mangyari nga na saan ako inilalagay nun? Kung Siya yaong Kaluwalhatiang Shekinah, bahagi ako Nito. Amen! Oh! Amen! Siyanga. Ang Salita Mismo ay nahayag, inihahayag ang Sarili Nito.

Isipin n'yo! Ang mga hiwaga ng Diyos ay ipinabatid sa atin sa panahong ito, ng siya ring Makalangit na Mensahero na ipinakilala sa kanila noong mga panahon na 'yun; pansinin n'yo, ang siya ring Haliging Apoy na nagpadala kay Moises; ang siya ring Haliging Apoy na nakay Moises na sumulat sa Biblia; ang siya ring Haliging Apoy na nakatagpo ni Pablo sa kanyang daan patungong Damasco.

296 At isinulat ni Pablo ang Bagong Tipan. Alalahanin n'yo, sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan, isinulat lang nila kung ano ang nakita nila; pero si Pablo'y may Kapahayagan. Hinugot niya Ito, dahil nakatagpo niya ang Haliging Apoy, mismo. At isipin n'yo, ang siya ring. . .

297 Noon, si Joseph, isinulat nilang lahat kung ano ang nangyayari noon, ang lahat ay sumulat noong panahong 'yun. Pero noong dumating sa eksena si Moises, nasa kanya ang Kapahayagan. Nakatagpo niya ang Haliging Apoy, at nahayag

kay Moises ang mga bagay-bagay ng Genesis. Isinulat niya ang unang apat na aklat ng Biblia, isinulat nga ni Moises. Tama ba? Dahil nakatagpo niya ang Diyos sa anyo ng Haliging Apoy, na nakatalukbong sa Haliging Apoy.

298 Noong makatagpo Siya ni Pablo sa daan. . . Isinulat lamang ng mga alagad kung ano ang nakita nilang ginawa Niya, pero si Moises ay nagkaroon ng Kapahayagan; nagpunta si Pablo sa Egipto sa loob nang tatlong taon at nag-aral, at nakitang ang Diyos ng Lumang Tipan ay si Jesus ng Bago, ang Kapahayagan! "Hindi ako naging suwail sa Makalangit na pangitain." Siyanga. Tama!

299 At isipin n'yo Ito! Ang parehong Haliging Apoy na bumaba sa mga taong 'yun na sumulat ng Biblia, ay ang parehong Haliging Apoy rito, ngayon, na ipinapaliwanag ang Biblia. Amen! Labis natin Siyang pinapasalamatan dahil diyan! Talagang pareho! Napakalaking kaaliwan! Napakadakilang pagkakakilanlan! Labis akong nagagalak na mapagkilanlan dun, na hindi ko alam ang gagawin! Mas gugustuhin ko pang mapagkilanlan Doon kaysa sa lahat ng Baptist, Methodist, Presbyterian, Lutheran, at lahat ng iba pa sa kanila. Ang mapagkikilanlan sa Salitang 'yun kung saan naroon ang Kaluwalhatiang Shekinah at Kapahayagan!

300 Ang Haliging Apoy na nagpapakita nang lantad sa gitna natin, ipinapakilala na tama ang Mensahe, katulad ng ginawa Niya noon sa Bundok ng Sinai. Alalahanin n'yo, bago dumating ang tunay na mensahe, nangaral si Moises at pinangunahan niya sila palabas ng Egipto; pero dun, bago inilatag ang totoong mga utos (noong dinala ang mga Tatak), bumaba ang Diyos sa harapan ng mga tao't pinatunayang ipinadala Niya si Moises, (tama ba?) sa isang Haliging Apoy na sinabi ni Moises na nakita niya sa isang kahoy at nakipag-usap sa kanya.

301 Oh, sa mga huling araw na ito, ang makita ang parehong Haliging Apoy na 'yun na nasa kalagitnaan natin mismo, na sinasaysay ang siya pa ring Salita; hindi lang 'yun, kundi ipinapaliwanag Ito sa pamamagitan ng pagpapakita Nito, at pagpapatunay Nito, na Ito ang Katotohanan.

Kaya, wala ni isa mang paraan ang mga tao para hindi manampalataya, maliban na sinasadya talaga nila. At, pagkatapos, "Siya na sinasadya ang pagkakasala pagkatapos na matanggap ang pagkakilala sa Katotohanan, ay wala nang haing natitira pa para sa kasalanan."

302 Pansinin n'yo, ang parehong Haliging Apoy na ipinadala noon kay Moises at kay Pablo, na sumulat sa Biblia, ngayon ay ipinadala para ihayag Ito. Ang biyaya ng Diyos, ang di-nagbabagong Diyos, ay tinutupad ang mga pangako ng Mateo 28, "Narito, Ako'y sumasainyong palagi"; tinutupad ang San Juan 14:12, "Ang mga gawang Aking ginagawa, gagawin din

ninyo"; tinutupad ang San Lucas 17:28-29, "Sa huling mga araw ang Anak ng tao ay mahahayag," kita n'yo, kita n'yo; Malakias 4, "Narito, Aking isinusugo si Elias na propeta, na magpapanumbalik sa Pananampalataya ng mga tao pabalik sa orihinal na Salita." Kita n'yo? Papaanong ito. . . Kita n'yo? Oh, grabe!

303 Namatay Siya, para ihayag ang Kanyang Sarili sa atin. Ngayon ay mamatay naman tayo sa sarili, para ihayag Siya sa iba. Tayo nga'y mamatay dapat sa mga tradisyon at mga bagay-bagay, para ihayag Siya sa iba. Tayo'y mamatay dapat sa mga denominasyon, para ihayag Siya sa iba.

304 Pansinin n'yo, nasa loob noon ng matandang templo ang Kaluwalhatiang Shekinah, at ang Liwanag ng Shekinah ay nasa ibabaw ng Salita. Ang Salita'y isang Binhi; inilabas Nito ang tinapay na handog sa mga mananampalataya lamang. Ang dugo rin ay nasa tipan; at ang Dugo ay ang tubig, ang tubig na bumubuhay sa butil, sa trigo, sa binhi, na yaong Salita.

305 Tulad ng sinabi ni Jesus, "Kung papaanong itinaas ni Moises ang ahas na tanso," at pagkatapos muli'y sinabi Niya, "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang tanging Anak; sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak." Hinampas ni Moises ang bato sa ilang, para iligtas ang isang naghihingalong bayan, o para makapagpalabas ng tubig. Hinampas ng Diyos si Jesus, para ilabas ang Espiritu mula sa Kanya, para sa isang bayang naghihingalo. Lumabas ang Dugo sa Kanya, na ito nga'y, "Ang tubig ng paghuhugas sa pamamagitan ng Salita." Haya't, nagbibigay ng Buhay sa Binhi ang Tubig. At inilabas nito ang Kaluwalhatiang Shekinah; niliwanagan ang Salita, na naglabas ng tinapay na handog. At ang tinapay na handog ay para lang isang isang piniling bayan. Uh-huh. Tama ba?

306 Ngayon pumapasok tayo sa tabing, papasok sa tabing, na papunta sa Kanyang Presensya, kung saan naroon ang Salita (hindi kredo), ang Salita; doon sa loob ay makikita ang Kaluwalhatiang Shekinah, ang Shekinah, ang Kapangyarihan, ang Espiritu Santo na nagniningning sa Salita, inilalabas ang pangako, na ipinapakita na nasa likod kayo ng tabing. Amen!

> Tinawid ko ang mga nahapak na tabing kung
> saan Kaluwalhatia'y pagparam di maaari,
> (Uh!)
> Hallelujah, Hallelujah;
> Ako'y nabubuhay sa Presensya ng Hari.
>
> Tinawid ko ang mga nahapak na tabing kung
> saan Kaluwalhatia'y pagparam di maaari,
> Ako'y nabubuhay sa Presensya ng Hari.

307 Ang lumang balat ng badger, mga denominasyon, ay hinapak na. Pumasok na ako roon, sa Kaluwalhatiang Shekinah, at

nakikita ko na ang Salita. Nakikita ko ang Haliging Apoy na kumikilos. Nakikita ko ang Salita na nahahayag. Kung ano ang sinabi Niya na gagawin Niya sa mga huling araw na ito, haya't nakikita ko itong lumalago. Nakikita ko ang mga anak na kinakain ang Tinapay na Shekinah na nagmumula sa paghihinog ng Salitang 'yun, na mga nananampalataya Rito. Amen! Napakagandang oras na kinabubuhayan natin! Kita n'yo, ang Shekinah ay nasa ibabaw ng Salita; at sa ilalim nun ay ang Tinapay. At naroon ang Dugo, na iwinisik, na nagbibigay Rito ng tubig. Ang Espiritu ang nabibigay Buhay sa Salita. At ang. . .

Ilan ang nakabasa na, nakarinig na nung teyp ng *Ang Paglilitis*? Sige. Marami nga sa inyo. Makikita n'yo roon, na kinakailangang. . .

Kinakailangang lumaki ang Salitang Yun. Upang lumaki, kinakailangan na nasa tamang uri Ito ng lupa. Kita n'yo? At kapag nangako ang Diyos, at tumama ito sa pusong ganoon, hinding-hindi nga ito maaaring mabigo.

308 Naghintay noon si Noe nang sandaan at dalawampung taon. Naghintay si Abraham ng dalawampu't limang taon, sa bata. Sinabi na ng Diyos, at sapat na 'yun. Kita n'yo? Ano ito? Naroon ang Salita na dinidiligan ng pananampalataya, na sinasampalatayanan Ito, kaya nagbunga ito ng mga resulta. Nagbunga ito ng isang anak; nagbunga ito ng ulan; nagbunga ito ng baha; nagbunga ito ng birhen na naglihi.

309 Isang propeta ang nagsabi, "Isang birhen ang maglilihi." Walang alinlangan na bawat munting kabataang babae noon ay nagpunta't naghanda na ng damit ng sanggol. Buweno, itong propetang Isaias na ito'y napagkikilalang propeta, na pinagtibay ng Diyos. At sinabi ng Panginoon, "Isang birhen ang maglilihi. Bibigyan Ko sila ng isang sobrenatural na tanda, isang dakilang tanda; isang birhen ang maglilihi."

310 Kaya noon, lahat sila na mga tao, sila na mga mananampalataya, tulad n'yong lahat. At napakinggan nila ang propetang 'yun na sinabi 'yun, kaya bawat munting batang babae. . .Haya't ang sabi tuloy ng bawat lalaki, "Ang anak na babae ko 'yan. Siyanga, po." Nagpunta ang lahat at bumili na ng mga sapatos ng sanggol at ng perdible't lahat na, naghahanda na mismo, dahil alam nila na ang babaing 'yun ay magkakaroon mismo nito. Lumipas ang henerasyong 'yun, at sa isip-isip nila, "Ang napagkikilalang propeta na 'yun, na pinagtibay ng Diyos, papaanong nakapagsabi siya ng bagay na mali? Dapat na mangyari ito!"

311 Walong-daang taon ang lumipas, at ipinanganak nga nung babae ang sanggol. "Ang kalangitan at lupa'y lilipas, ngunit ang Aking Salita'y hindi lilipas."

312 "Mangyayari na sa mga huling araw," sabi ng Diyos. Kita n'yo, heto na tayo, ang—ang Liwanag ay nasa ibabaw ng Salita. Kung papaanong binabago ng liwanag ng araw ang binhi nang kaluwalhatian sa kaluwalhatian, tayo rin naman ay naging—magiging lalong katulad Niya habang nabubuhay tayo sa Kanyang Presensya; katulad Niya, magiging katulad ng Kanyang pinagpalang wangis habang lumalakad tayong kasama Siya.

313 Masdan n'yo kung ano ang ginagawa ng araw. Magtatanim kayo ng isang binhi, anong mangyayari? Mabubulok ang binhi. Sa loob ng binhi ay isang buhay. Lumalabas ang buhay at magpapausbong ng isang tangkay. Ngayon, hindi pa 'yun kamukha nung una.

Hayun si Luther. Isa 'yung tangkay. Buweno.

Nagkaroon na ng tangkay at, malalaman n'yo na lang, naglabas na ito ng isang tungkos. Kita n'yo, 'yun ang rebaybal ni Wesley; hindi pa kamukha nung isa.

Pagkatapos ay dumating naman ang rebaybal ng Pentecostal, kita n'yo, na nagdala ng bautismo ng Espiritu Santo. Buweno.

Anong nangyari? Nagkaroon tayo ng fungus sa uhay. Nag-umpisa nang magmukhang may diperensya. Ang bagay na *ito*, ang bagay na *iyon*, hindi ito kamukha nung Salita. Hindi ito kamukha nung iba pa Nito. Hindi ito kamukha nung orihinal na Butil na ibinaon.

314 Pero naroon pa rin ang Diyos para 'yun—'yun nga'y gawin pa rin. Pansinin n'yo, anong ginagawa nito? Babalik at babalik ito sa dulo sa orihinal na Binhing muli. Noong dumating Siya sa anyo ni Martin Luther; noong dumating Siya sa anyo ni John Wesley; noong dumating Siya sa anyo ng Pentecostal; kailangan Niyang ihayag ang Kanyang Sarili muli na tulad sa parehong Binhi na ibinaon, na Anak ng tao. Inihayag na Niya ang Kanyang Sarili bilang Anak ng Diyos, sa panahon ng tangkay at iba pa, pero sa huling panahon na ito ay ihahayag Niyang muli ang Kanyang Sarili bilang ang Anak ng tao. Nakukuha n'yo? Buweno, katulad ng pasimula, hinulma!

315 At ano ang pinapatubo nung tangkay na 'yun? Lumalaki ito sa tuwina. Lumalaki ang munting tangkay na 'yun, na hindi pa rin ito katulad nung orihinal na butil. Maging 'yung mensahe ni Luther ay di pa rin katulad; hindi nga, haya't dumating—dumating ang iba pang mga mensahe, nina Finney, Sankey, Knox, Calvin, 'yung mga kasunod pa, wala sa kanila. Mensahe't mensahe pa rin naman pero, kung ano ito, hindi nila nakuha ang kumpletong Kapahayagan Nito dahil hindi pa oras. Hindi mo maaaring ilagay ang uhay sa mais na hindi pa dumating ang panahon nito. Kita n'yo? At pagkatapos, sa dulo'y, bumalik nang muli ang orihinal na Binhi na naibaon noon sa lupa.

316 Kita n'yo, eksaktong tinutugaygay ng Diyos ang kalikasan. Kita n'yo, isinilang Siya na isang kordero, 'yun ang dahilan kung bakit isinilang Siya sa isang sabsaban. Hindi isinisilang ang mga kordero sa mga kama. Kita n'yo, *inakay* Siya patungong Kalbaryo. Ang mga kordero, ang mga tupa nga'y inaakay. Siyanga. Inaakay sila ng mga kambing papunta sa katayan, alam n'yo 'yun, isang bahay-katayan. Isang kambing ang umaakay sa kanila, anupa't kailangan silang akayin. Huh! Siyanga. Mangyari nga na inakay Siya patungo sa katayan, kita n'yo, dahil isa Siyang Cordero.

317 Lahat ng bagay ay ipinagkikilala Siya sa kalikasan. Yun ang dahilan kung bakit isinilang Siya nang Marso o Abril, hindi Disyembre; hindi Siya maaari, mayroong dalawampung talampakan ng niyebe roon sa ganoong panahon ng taon. Hindi diyos-na-araw, kundi Siya ang Anak ng Diyos. Kita n'yo? Ang Romanong diyos-na-araw ay sa ikadalawampu't limang araw ng Disyembre, kapag dumadaan ang araw sa dako roon at nagdadaos sila ng mga Romanong sirko, at tinawag 'yun na kaarawan ng diyos-na-araw, at ginawa nila ito na Anak ng Diyos. Hindi, hindi. Siya ang Anak ng Diyos. Ang kaarawan Niya'y nakaayon sa lahat ng iba pa sa kalikasan. Mismo.

Ngayon pansinin n'yong muli ngayon habang nagpapatuloy tayo, mayroon na lamang tayong kaunting oras na natitira.

318 Ngayon patungo sa ganap. Pagkatapos na nabuo 'yung tangkay; pagkatapos na nabuo 'yung tungkos; pagkatapos na makarating ang butil sa busal; pagkatapos nga'y darating at darating ito sa pagiging ganap, pabalik sa isang karaniwang butil muli.

At, tandaan n'yo, kinakailangan nung butil na sumibol. Kita n'yo? Kung hindi, hindi ito mabubuhay. Kita n'yo? Wala roon sa mga nasa labas ng mga mensaheng 'yun ang kailanman hahantong sa Buhay. Kinakailangan Itong sumibol. Pero, tandaan, ang parehong Buhay na nasa tangkay ay nasa butil. Humuhusto lang ito sa gulang pabalik, kita n'yo. Inihayag Niya ang Kanyang Sarili, (ano?) bilang Anak ng tao, yaong butil na naibaon noon sa lupa. Nauunawaan n'yo ba ang Mensahe?

Sinabi ng mga Griyego sa Kanya, "Ibig naming makita si Jesus."

319 Sabi Niya, "Maliban na ang butil ng mais ay mahulog sa lupa." Kita n'yo? Buweno.

320 Ngayon, sa ano Niya inihayag ang Sarili Niya pagkatapos? Sa ibang anyo; tangkay at tungkos, at iba pa, at sa lahat ng mga dahon at lahat na. Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili noon, (ano?) na parehong Espiritu, pero sa ibang anyo. Kita n'yo? Pero ano ba ang nasa dulo nung mais na 'yun? Babalik na 'yun sa orihinal na butil. Tama ba?

321 At ang pagmiministeryo Niya'y babalik, mula roon sa mga repormasyon, pabalik sa orihinal na Salita muli. Ang Salita na dumarating sa isang propeta. At ipinangako Niya ito, sa Malakias 4, "At upang ibalik ang Pananampalataya ng mga tao sa orihinal na butil." Kung ano ang naibaon noon sa lupa ay siya rin mismo ngayon. Bumabalik na ito sa pagka butil ngayon. Bumangon Ito bilang Anak ng Diyos, ngayon ay inihahayag Nito ang Sarili bilang Anak ng tao, at pagkatapos ay ihahayag Nito ang Sarili bilang ang Anak ni David sa Luklukan. Kita n'yo, 'yung tatlong pagiging Anak, sadyang eksakto. Oh, grabe, muli'y gaya ng orihinal!

322 Ngayon patungo na ito sa sakdal na pagmiministeryo ng Kanyang Sarili; hindi sa kung sinong tao, hindi kung anong denominasyon, gaya ng umiral sa kanila noon sa mga panahong 'yun, kita n'yo; kundi Siya Mismo'y nahayag, na inihahayag ang Kanyang Sarili sa pangako, na ginagawa ang San Lucas 17:28, Malakias 4, at iba pa, Hebreo 13:8, na sadyang eksaktong-eksakto. Sa panahong 'yun, ano nang panahon dapat? Kapag ang maharlikang Binhi ni Abraham ay naghihintay na para sa ipinangakong Anak. At ang lahat ng mga tipo'y kinakailangang maganap. At ang Diyos Mismo'y nagpakita sa anyo ng isang tao, sa natural na binhi ni Abraham, bago ang pagkawasak, at sinabi ni Jesus na magkakagayon din ito sa maharlikang Binhi bago ang pagbabalik ng ipinangakong Anak.

323 Pansinin n'yo ang lumang tabing noon na itinago ang Kaluwalhatian. Ang mga lumang balat ng badger, walang kagandahan na mananais dito; ni sa Kanyang laman. Yun ang dahilan kung bakit sinabi ng mga tao, "Isang maliit na matandang hukot na Lalaki na kagaya n'yan?" Marahil ay tatlumpung taong gulang, at ubanin, at ang balbas Niya'y ubanin na rin, hindi gaanong kagandahan. Sinabi ng Biblia, "Walang kagandahan na maiibigan natin sa Kanya." Hindi Siya mukhang Hari, sa lumang balat na 'yun ng badger, pero, oh, 'yung nasa loob naman!

324 At isang munting grupo ng "mga holy-roller" na sama-samang nakaupo sa isang maalinsangang gusali na tulad nito, gaya ng bansag ng mga tao sa kanila, walang gaanong kagandahan para maibigan, pero 'yung bagay na nasa loob mismo! Tiyak akong natatalukbungan ito sa maraming mga puso, kita n'yo. Kita n'yo? Buweno.

325 Sa panlabas ay wala Ito, pero ang lahat ay nasa loob mismo. Kapag nasa loob na Nito, saka n'yo makikita Ito. Papaano kayo makakapasok Dito; pakikipagkamay ba, pakikianib? Hindi. Ang maipanganak papasok Dito. Namamatay, inaalis ang inyong lumang balat ng badger, kita n'yo, ang inyong lumang pagkatao, para makapasok sa isang bago. Kita n'yo? Iwan n'yo dapat ang lumang balat ng badger.

326 Ang Liwanag na Shekinah ay hindi . . . Makinig kayo, mga ministro! Mga ministro, gusto kong pakinggan n'yo Ito. Kapag nasa loob na . . . Ngayon tatalakayin ko ito nang talagang madali lang, para makatiyak kayo na makukuha n'yo Ito. Kapag nasa loob na ng tabing, sa ilalim ng Kaluwalhatiang Shekinah, hindi kukunin ng Liwanag na Shekinah ang Salita ng Diyos at ihahayag si Jesus bilang isang "manghuhula," hindi, katulad ng ginagawa ng mga denominasyon ngayon, "mental na pagbabasa raw ng isip, holly-roller, Beelzebub." Hindi Siya inihahayag nang ganoon ng Kaluwalhatiang Shekinah.

327 Bagkus ay pinahihinog ng Kaluwalhatiang Shekinah ang Binhi na ipinangako para sa panahon na 'yun, ng Salita, na ipinapakitang Siya pa rin ang Lila ng Libis. Pinauusbong nito ang Binhing 'yun, ang Lila ng Libis, ang Tinapay ng Buhay, ang Alpha at Omega, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Siya ang bahagi ng mananampalataya. Inihahayag ng Kaluwalhatiang Shekinah, sa mananampalataya, na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

328 Hindi na, "Siya'y ang mga araw, na nakaraan, at noong namatay Siya ay tapos nang lahat." Kaya kaibigan, kung naniniwala ka sa ganoon, kung naniniwala ka sa ganoon, hindi mo pa nararating ang Kaluwalhatiang Shekinah. Papaano mangyayari na ihahayag Siya kailanman ng Kaluwalhatiang Shekinah sa tatlong persona? Kita n'yo? Papaano mangyayari na ihahayag Siya kailanman ng Kaluwalhatiang Shekinah sa paraan na babautismuhan, ang mga tao, sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," gayong wala kailanman ni isang tao sa Biblia ang nabautismuhan sa ganoong paraan? Papaano Siya lilimitahan ng Kaluwalhatiang Shekinah sa isang apostol lang, gayong Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman? Kita n'yo?

329 Inihahayag Siya ng Kaluwalhatiang Shekinah. Inilalabas nito ang Salita ng pangako, mismo sa inyo. Yun ang dahilan kung bakit kinailangan Niyang talukbungan ang mukha ni Moises, dahil nasa kanya ang Salita. Tinalukbungan Niya si Jesus, bilang isang hamak na mababang Tao, para di nila makita si Jehovah. At tinatalukbungan Niya ang Kanyang Sarili ngayon, sa sisidlang makalupa, ng Shekinah. Sa panlabas ay tila isang grupo lang ng mga holy-roller, na lumang balat ng badger, pero nakatago sa loob ang Kaluwalhatiang Shekinah.

At pinapahinog Nito ang Tinapay na Handog na ating pinagpipistahan, at dahilan kung bakit bumibiyahe tayo sa kabilang ibayo ng bansa, nang daan-daang milya, kita n'yo. Ito ang Pagkain ng mga mananampalataya. Para lamang Ito sa isang mananampalataya. Tandaan n'yo, ang Tinapay na Handog ay para lamang sa mananampalataya, kita n'yo, Binhi na Tinapay na Handog. Pansinin n'yo. Anong ginagawa nito?

Ang Kaluwalhatiang Shekinah, sa Tinapay na Handog, ay siyang nagpapanatili Rito para di masira.

330 Alalahanin n'yo, ang manna noon na galing sa Langit, nakakapanatili ito sa Kaluwalhatiang Shekinah, mula sa isang henerasyon patungo sa isa pa. Kung nasa labas pa 'yun, may mga kiti-kiti na ito, kahit magdamag lang, kontaminado na. Tama ba?

331 Kung nasa labas nung Kaluwalhatiang Shekinah, "Lipas na ang mga araw ng himala. Kita n'yo, panatisismo ang lahat na ito." Pero sa loob . . .

332 Tingnan n'yo, nakakuha sila ng ilang binhi ng sunflower mula sa kamalig sa Egipto na inilagay roon noong panahon ni Joseph, apat na libong taon, halos, ang nakalipas. Inilagay ni Joseph ang mga 'yun sa loob ng kamalig. Itinanim ang mga 'yun. Nabuhay ang mga 'yun. Bakit? May buhay ang mga 'yun.

333 Ano ba ang Kaluwalhatiang Shekinah na ito ngayon? Ang lumampas sa tabing, para makita kung Sino ang Diyos na nakatayo sa harapan mo, ang makita kung Sino ang Diyos na nakatayo rito sa harapan natin, ang—ang Haliging Apoy. Natatalukbungan Siya sa laman ng tao. Pero anong ginagawa ng Shek'nah, anong ginagawa nito? Ang Binhi na Tinapay na Handog, ang Salita na dapat nating ipamuhay sa araw na ito, sa pamamagitan ng mga pangakong ito, haya't pinahihinog ng Kaluwalhatiang Shekinah ang Tinapay na Handog na 'yun, ibinubunsod Ito na maganap, ginagawa Itong Tinapay sa mananampalataya; na nakalagay sa mga pahina ng Biblia, taon-taon, ang Salita para sa kapanahunang ito.

334 Para sa mga denominasyon, Ito'y isang katitisuran. Sa mga denominasyon, natitisod sila Rito. Sa mga nagdaang taon, sina Luther, Wesley, Martin Luther, at lahat, Sankey, Finney, John Smith, Knox, lahat sila'y nangatisod Dito.

335 Pero anong gagawin nito sa mga huling araw? Ano bang ibig sabihin ng "*maghayag*"? "Maglabas!" Ano bang gagawin ng Malakias 4? Ang ibaling pabalik ang mga tao mula sa katitisurang 'yun, wasakin ang mga tradisyon, at ihayag ang Tinapay na may Kaluwalhatiang Shekinah. Masdan n'yo ang paghihinog at pamumunga Nito nang eksakto kung ano ang sinabi Nitong gagawin Nito, oh, grabe, ang Tinapay na Handog para sa panahong ito. Sa denominasyon, isa itong katitisuran, "isang grupo ng mga panatiko." Pero, tayo na mga nananampalataya!

336 Pero ngayon gaya ng ipinangako ng Apocalipsis 10, "Ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos, na nakatago sa mga pahina sa mga nagdaang panahon na 'yun, ay mahihinog, ilalabas sa Mensahe ng kapanahunan ng ikapitong anghel." Tama ba?

Anong sinabi Niya, isang taon at anim na buwan na ang nakalilipas, dalawang taon na ngayon? "Pumunta ka sa Tucson; sa hilaga ng Tucson, may isang malakas na pagsabog," at kung

ano ang mangyayari, “mabubuksan ang mga Tatak,” ang mga Tatak na naghahayag ng mga bagay na ito. Bumalik nga nang katulad mismo sa sinabi Niya.

Ano ito? Ipinapakita Nito na hindi Ito maaaring maging tao. Ganap Itong tumatama mismo, nang tuwid na tuwid, sa bawat pagkakataon. Ano ito? Ito ang kamay ng Diyos, kita n’yo, sa harapan natin. At dahil isa itong maliit na grupo, na nakatalukbong sa laman ng tao, ito’y natatalukbungan sa mundo sa labas. Nakatago Siya mula sa mundo sa labas. Inihahayag Niya ang Sarili sa mga sanggol para sila’y matuto. Kita n’yo? Siyanga.

337 Bawat, kita n’yo, bawat talinghaga sa Biblia, bawat tipo sa Biblia, ay inihayag na mismo sa harapan natin. Ang siya ring Diyos, sa Haliging Apoy, na sumulat sa Biblia, kapwa ang Luma at ang Bagong Tipan, ay narito mismo na inihahayag Ito, ipinapakita nang eksakto kung ano ito, binibigyang-kahulugan ito mismo, at para siguraduhing ito ang kapaliwanagan.

338 “Nasa atin ang kapaliwanagan!” Kung ganoon tingnan natin ito na mangyari. Kita n’yo, ganoon nga, tingnan natin ito na mahayag.

339 Mahayag! Sinabi ni Jesus, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, huwag ninyo Akong sampalatayanan.” Kita n’yo, kinakailangan kasing mapatunayan ito.

340 Pero ngayon—ngayon, hindi ’yung pagpapatunay na gaya ng ginawa noon kay Jesus, noong naglagay sila ng isang—isang basahan sa Kanyang ulo’t hinampas Siya sa ulo, tapos sabi, “Kung isa Kang Propeta, sabihin Mo nga sa amin kung sinong humampas sa Iyo.” “At kung Ikaw ang Anak ng Diyos, gawin Mong tinapay ang mga ito.” Kita n’yo, ang diyablo ’yun. “Kung Ikaw ang Anak ng Diyos, bumaba Ka sa kr-. . . ”

341 Ang ibig kong sabihin, ay ang Kapahayagan na marapat Niyang gawin, ’yun Ito. Pero ngayon, habang inihahayag ang Apocalipsis 10, ang mga hiwaga ng Diyos ay inihahayag, ipinakikilala, bilang ang Aklat ng Pitong-Tatak na ipinangako.

Ngayon ibunsod n’yo ang pananampalataya n’yo sa Kanya na Siyang Salita . . . Dahil, sa Apocalipsis ay sinasabi nito . . .

342 O, sa Apocalipsis 19, ang ibig kong sabihin. Ang nailista ko rito’y, Apocalipsis 10, para kunin ’yun; pero hindi po pala 10, kundi 19. Sa pagparito Niya, tatawagin Siyang, “Ang Salita ng Diyos,” na nakasakay sa isang puting kabayo, at ang mga tagasunod ng Langit ay nasa likuran Niya.

343 Hapakin na ang makadenominasyong tabing ng edukasyon! Hapakin na ang makadenominasyong tabing ng tradisyon! Hapakin na ang mga tabing na ’yun na nagtatago sa Kanya mula sa inyo! Hapakin na ang mga tabing ng pagmamataas, kayong kababaihan. Kayo’y—kayo’y mga anak na babae ng

Hari; kumilos kayo na tulad nito, mamuhay kayo na tulad nito. Hapakin ang bawat tabing, kahit ano pang sabi-sabihin ng Ph.D. at L.LD. na 'yan. Kung taliwas ito sa Biblia, hapakin n'yo ang tabing na 'yan!

Dahil, tinawid na natin ang nahapak na tabing. Nasa kabilang panig na tayo ngayon, nasa kabilang panig na. At makikita n'yo, kung gagawin lamang n'yo 'yun, na gibain ang mga dating tradisyon at mga bagay-bagay, at lumapit sa Kanya, makikita n'yo Siyang nakatayo, ang Makapangyarihang Mananagumpay, ang Salita ng pangako para sa kapanahunang ito, na nahayag. Makikita n'yo ang Makapangyarihang Diyos na inihayag, makikita Siya mismo sa kalagitnaan natin dito, nang lantaran, ang Makapangyarihang Diyos, na di nalupig ng mga tradisyon.

344 Sinubukan nilang itago Siya sa likod doon; sinubukan talaga nila, sa loob ng maraming taon, pero ang panahon ng pangako'y dumating na. Nagbangon ang Diyos ng isang Moises minsan, at pinalaya niya ang mga anak mula sa mga bagay na 'yun. At Siya'y nananatili pa ring. . .Haya't di Siya madadaig. "Ang mga Langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas." Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

345 Sinasabi nila, "Hindi ito magagawa." Pero nagawa nga ito. Pagkatapos, noong magawa ito, ang sabi nila, "Sa diyablo 'yan."

346 Pero hindi nun binabago ang Salita ng Diyos, maski katiting. Nananatili pa rin Itong "Diyos," sa mananampalataya, "ang Makapangyarihang Mananagumpay; ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," sa pamamagitan ng Kanyang kalikasan, sa pamamagitan ng Kanyang Salita, Mga Hebreo 13:8.

347 Magtatapos na ako, sa sasabihin kong ito, dahil limang minuto na bago mag-alas dose, sasabihin ko lamang ito. May sampu, labindalawa pa sana akong pahina. Tatalakayin ko na lang ito sa ibang pagkakataon, marahil mamayang gabi.

348 Pansinin, pansinin n'yo ito. May isang subastahan minsan, at may lumang biyolin sila roon. Narinig n'yo na ito nang maraming beses. Isang lumang biyolin; at ang sabi nung nagsusubasta, "Ano ba ang iaalok n'yo sa akin para rito?" Marahil hindi tugmang-tugma 'yung salaysay ko rito, ayon dun sa tula. Maraming, maraming taon na rin kasi ang nakalipas, pero pumasok lang ito sa isipan ko. At kinuha nila 'yung lumang biyolin, hindi ito kagandahan; mukha itong mababang-uri, hayan nga. Hindi makakuha ng alok 'yung lalaki para rito. Sa wakas, sa palagay ko'y nakakuha siya ng alok na isang dolyar, o parang ganoon.

349 At mayroong isa na nakatayo roon na sa tingin niya'y di lang dapat sa ganoong presyo 'yun maibenta, kaya pumunta siya't dinampot 'yung biyolin. Hinagod niya 'yun ng kanyang mga kamay, at dumampot ng arco at pinahiran ng rosin, at

tumugtog ng isang himig. At noong matapos siyang tumugtog, nagsimulang maiyak ang lahat. Hindi pa sila nakakarinig ng ganoong kagandang tugtog sa buong buhay nila.

Pagkatapos ang sabi nung nagsusubasta, “Ano ba ang iaalok n’yo sa akin?”

350 “Dalawang libo!” “Limang libo!” “Sampung libo!” Kita n’yo? Ano ’yun? Inihayag ng kamay ng maestro kung ano ang nakatago sa lumang instrumentong ’yun.

351 Ganoon din ngayon! Ang lumang Aklat, gula-gulanit na Ito, pinagtatawanan Ito, sinunog, nilibak. Haya’t dumating ang panahon na nagkaroon sila ng makadenominasyong subastahan, ng Pandaigdigang Konseho ng mga Iglesya. Binebenta nila Ito nang wala man lang nagkainteres. At may parating na isang makadenominasyong subastahan.

352 Pero, tandaan n’yo, mayroong bagay sa lumang Aklat na nangako na magkakaroon ng isang predestinado’t, itinalagang kamay na darating isang araw, na dadampot Dito at ibubunsod ang Salita ng Aklat na ito, sa pamamagitan ng isang predestinadong puso, tungo sa gawain kung para saan Ito ginawa, na ihahayag ang mga pangakong nakapaloob Dito. Maaaring mukha itong, oh, gaya ng sambunton ng mga holy-roller, o kung ano pa; pero kailangan nga mismo ng kamay ng Maestro, ang Salita Rito, para ihayag ang Salitang ’yun, at ito’y nagiging higit pa sa isang holy-roller. Naging ganoon Ito sa bawat isa sa atin, hindi ba, mga kaibigan? Hindi ito isang kumpol ng panatisismo. Nakasalalay Ito sa kung Nakaninong kamay ang pagtutugtog.

Manalangin tayo.

353 Makalangit naming Ama, sa pamamagitan ng pananampalataya, nakikita ko po sa araw na ito, ang Guro ng lumang Aklat, na ipinagpalit ng mga tao sa mga tradisyon. Ipinagpalit nila Ito sa mga denominasyon. Sinubukan nila Itong ipagpalit. Ngayon ipinagpapalit nila Ito sa isang—isang Pandaigdigang Konseho ng mga tao, ng mga iglesya, na mga maka-komunista, maka-ateista. Nagsimula na ang subastahan, Panginoon.

354 Diyos, humakbang Ka po! Tunay, Iyong gagawin. Ipadala Mo sa amin ang propetang ’yun, Panginoon, na dadampot sa arco na ’yun, na kukuha sa Salitang ito’t papatunayan na si Jesus Cristo’y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Marami, Panginoon, ang ipinagbibili ang kanilang mga buhay, na iwawaksi nila ang mga lumang tradisyon, hahapakin nila ang mga tabing. Ninanais nila Ito, Panginoon. Ibibigay nila ang kahit ano, kahit ano, basta’t ibigay lamang sa kanila si Jesus.

355 Panginoon, sa tingin ko’y pinatunayan Mo na Ito sa kanila ngayon. Nanggaling sila sa lahat ng dako. Ginugugol nila ang kanilang mga ikinabubuhay. Ginagawa nila ang lahat, para

sikaping makadalo sa mga pagtitipon, gawin ang lahat ng magagawa nila, dahil natagpuan nila ang mamahaling Perlas. Ang ibang mga bagay ay napakaliit. Pagpalain Mo po sila, Ama.

356 Nakalapag sa pulpitong ito, ngayong umaga, Panginoon, nakalapag ang mga panyo. Marahil kailangan nang umalis ng ilan sa kanila ngayong araw, bago ang gawain ng pagpapagaling mamayang gabi. Oh Walang Hanggang Diyos, tumunghay Ka. Alam kong narito Ka, Ikaw ay natatalukbungan. At ipinadadala ko ang maliliit na mga telang panapi, Panginoon, na tinatawag na mga "panyo," at maliliit na "pantapi," at maliliit na "ginantsilyong medyas" para sa mga maliliit na sanggol. At ipinadadala ko ang mga ito bilang munting telang panapi bilang sagisag, na naipangaral na ang mga Salita Mo rito sa umagang ito, at, bilang mananampalataya, ipinapatong ko ang aking mga kamay sa mga ito, ang aking katawan, na nagpapahiwatig na aking sinasampalatayanan Ito. At, sa pamamagitan ng pananampalataya, ganoon din ang ginagawa ng bawat isa sa gusaling ito, Panginoon. Gumaling nawa ang mga maysakit.

357 Maaari mong hagurin ang—ang Salita mula rito, Panginoon, tulad ng ginawa ng matandang biyolinista sa biyolin, ibunsod Mo po ang gayon, Panginoon. Patunugin Mo po ito sa tamang tono, patugtugin sa kamay ng Maestro, na pagkatapos ay makikita namin Siya na nakatayo nang buong-buo.

358 Gaano na lang marahil ang naisip ng mga taong 'yun noong araw na 'yun, noong ayaw nilang magbigay ng kahit ano, noong ayaw nilang magbigay ng kahit ano para sa lumang biyolin. Ayaw nila 'yun. Ayaw nila 'yun sa kanilang bahay. Pero nang minsang dinampot ito ng isa na dalubhasa rito, hayan nga na ipinagbili nila ang lahat ng mayroon sila, para makuha ito. Nagkagulo sila't nag-uunahan para rito. Huli na noon.

359 Ganoon din ang mangyayari kapag pinatunog na ang Trumpeta ng Panginoon, mawawalan na ng oras. Yaong mga pinagtitinginan at pinagtatawanan noon, na tumayo roon sa harap ng bukas na tabing at nakita ang Salita ng Diyos na nahayag (ang *iba'y* magsisigawan para Rito, pero, gaya nga ng sinabi Mo, "Magiging huli na ang lahat"), pumasok na sila sa Hapunan ng Kasalan; at naiwan *sila* sa labas kung saan may paghagulhol, pagtangis, at pagngangalit ng mga ngipin.

360 Tulungan Mo po ang bawat tao na manampalataya, ngayong umaga, Ama; na hapakin ang bawat tabing ng pagkamakasarili, bawat tabing ng kawalan ng pananampalataya, at makita ang Makapangyarihang Mananagumpay na lantad na lantad sa harap ng mga mananampalataya. Dahil, "Narito, Ako'y kasama ninyo sa tuwina, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan, ngunit makikita ninyo Ako." Ipakita Mo po ang Iyong Sarili sa kalagitnaan namin, Panginoon, gaya ng ginagawa Mo na.

Manatili Ka pong laging ganoon hanggang sa maging kitang-kita na kami sa harapan Mo, kapag ang *en morphe* ay nagpalit na't Ikaw nga'y maging Anak ng tao, at maging Anak ni David muli. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo.

Habang nakayuko ang ating mga ulo, ang lahat ay mananalangin.

361 Mayroon kaya ngayong ilan dito na . . . sa labas o sa loob. Di nga tayo makakapagtawag ng pagdulog sa altar dito, dahil wala nang espasyo. Pero mayroon kaya, nang taos-puso, kayo ba'y naniniwala na ito'y Katotohanan? Naniniwala ba kayong dito sa panahon na ginagalawan natin, at sa lahat ng kaguluhang ito at panahon ng siyensiya katulad sa mga araw noon ni Noe, sa mga araw noon ni Moises, sa mga araw noon ni Cristo, na ang Diyos, ang dakilang Ama nating lahat na ipinanganak sa Kanya, ay nakatayo sa kalagitnaan natin ngayon?

362 Ang nakikitang Haliging Apoy na ito na napatunayan na ng siyensya, maraming taon na ang nakalipas, noong batang paslit pa ako, ay nagsalita sa akin doon at sinabi sa akin na maninirahan daw ako rito mismo, at kung ano pa ang mangyayari. Sinaysay ko na sa inyo ang tungkol dito, at pagkatapos Ito'y . . . Isang araw doon sa ilog, bago magsimula ang pagmiministeryo, ang unang rebaybal, nagpakita Siya sa himpapawid, ipinakilala ang Kanyang Sarili at nagbigay ng atas. Sa lahat ng mga taon na ito'y itinago ko ito sa puso ko, tinabingan si Cristo, ang siya ring Haliging Apoy na ipinapaliwanag ang Salita, gaya ng ipinangako na. Nasa huling araw na tayo, bago mismo ang Pagparito ng Panginoon. At kung matatagpuan mo ang iyong sarili na nasa labas ng tabing na 'yun, na kamatayan ang manatili sa labas, maaari mo bang gawin sa pamamagitan ng pananampalataya, sa umagang ito, na sabihin, "Sa tulong ng Diyos. At sa Iyo pong tulong, Panginoon, ibig kong pasukin ang tabing na 'yun. Nais kong pumasok sa dako kung nasaan Ka, para makita ang buong Salita ng Diyos"?

363 Huwag mong subukang maging isang Moises. Huwag mong subukang maging isang Aaron. Huwag. Manatili ka lamang sa kung sino ka, pero maging Cristiano ka.

364 Maaari po pa, habang nakayuko ang inyong mga ulo, itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Diyos, at sabihin, "Panginoong Diyos, tulungan Mo po ako sa loob ng tabing"? Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos. Sige, tingnan n'yo mismo ang mga kamay!

365 Sa mga nasa labas, tandaan n'yo, marahil hindi ko kita ang kamay n'yo. Hindi na—hindi na gaanong mahalaga kung makita ko, o ano; ang mahalaga, ang Diyos. Sa akin, lang, ipinapakita lang nito sa akin na ang—ang Binhi'y nahulog sa isang dako, hayan, anupa't nakikita ng Diyos ang tunay na puso.

366 Kung may iba pa na di pa nagtaas ng kanilang mga kamay, na nais magtaas ngayon, itaas n'yo ang mga kamay n'yo at aalalahanin kayo sa panalangin. Itaas n'yo ang mga kamay n'yo. Pagpalain kayo ng Diyos. Mainam. Pagpalain kayo ng Diyos.

367 Ama, idinadalangin namin ngayong araw na sila, Panginoon, na di pa nakapasok sa tabing na 'yun. Nakatayo sila roon sa labas gaya ng Israel; nakamasid sila. Naniniwala sila, pero di pa sila kailanman nakakapasok Dito, para makita yaong dakilang Liwanag na Shekinah, kapwa sa espirituwal at sa pisikal, na anupa't patuloy na kinukunan ng litrato ng mekanikal na mata ng kamera; haya't dalawang linggo lang ang nakalilipas, nakuhanan muli Ito. Inihahayag Mo ang Iyong Sarili, Panginoon, ang Makapangyarihang Diyos na nahayag sa mananampalataya; natatalukbungan pa rin sa di-mananampalataya, pero nahayag na sa mananampalataya.

Makapasok nawa sila, sa araw na ito, Panginoon, makita ang dakila Niyang kaningningan at Kaluwalhatian. Mabago nawa ang kanilang mga puso bago kami makabalik uli sa simbahang ito mamayang gabi. Mapuspos nawa silang lahat ng Iyong Espiritu, ng Iyong Presensya. Damputin nawa ng Maestro ang pananampalatayang 'yun na mayroon sila, hinahagod ito sa buong Salita; bumalik nawa ang himig, "Ikaw ay itinalaga na, bago pa man maitatag ang sanlibutan, para Ito'y sampalatayanan. Manampalataya ka, Aking anak, at maligtas."

368 Diyos Ama, ipinagkakatiwala namin sila sa Iyong mga kamay ngayon, yamang nalalaman namin na wala kaming magagawa. Nasa Iyo na itong lahat ngayon, Ama. Itinatagubilin ko sila sa Iyo. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. Amen.

I love Him, I. . .
Because. . .first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

369 Iniibig n'yo ba Siya?

Wonderful, wonderful, Jesus is to me,
The Counsellor, Prince of Peace, Mighty God is He;
He's saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

I once was lost, now I'm found, free from condemnation,
Jesus gives liberty and a full salvation;
Saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

Oh, wonderful, wonderful, Jesus is to me,
The Counsellor, the Prince of Peace, the Mighty God is He;

Oh, saving me, keeping me from all sin and shame,
Wonderful is my Redeemer, praise His Name!

370 Ilan ang nakakakita na sa Kanya na nakatayo, ang Makapangyarihang Mananagumpay, ang Salitang nagkatawang-tao, na nalantad sa ating harapan; ang Alpha, ang Omega; Siya Noon, Ang Ngayon, at Ang Darating; ang Ugat at ang Supling ni David; ang Anak ng tao, Anak ng Diyos, Anak ng tao, at magiging Anak ni David? Sinasampalatayanan n'yo ba Ito nang buong puso n'yo? Inihahayag ang Kanyang Sarili sa bawat kapanahunan, dinala sa mananampalataya, na tinatabingan ang Kanyang Sarili sa katawang-tao mula sa di-mananampalataya. Nakatago Siya sa likod ng tabing. Hapakin nawa ng Diyos ang bawat tabing, at makita Siya bilang Siya!

Jesus breaks every fetter,
Jesus break every fetter,
Oh, Jesus break every fetter,
When He set you free!

On the other side of Jordan,
In the sweet fields of Eden
Where the Tree of Life is blooming,
There is rest for me.

Jesus breaks . . .

Hindi ba't nais n'yong tawirin na ngayon ang Jordan? Hindi ba't matagal-tagal na rin sa ilang? Halina kayo sa mga pangako!

Jesus break every fetter,
Jesus break every fetter,
Oh, when He set you free!

371 Itaas natin ang ating kamay ngayon.

I will ever, ever praise Him,
I will ever, ever praise Him,
I will ever, ever praise Him,
For He sets me free!

372 Amen! Hindi ba't nakakagaan 'yan ng pakiramdam? Oh, kahanga-hanga! Kahanga-hanga, Siya diba, kung ganoon? Magkamayan tayo ngayon, habang sinasabi:

Jesus breaks every fetter,
Jesus breaks every fetter,
Oh, Jesus break every fetter, (Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.)
Oh, and He sets you free!

I will ever, ever praise Him, (Ang Makapangyarihang Diyos!)
I . . .

"Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," binago lang ang Kanyang anyo.

> . . . praise Him,
> I will ever, ever praise Him,
> For He's (Kanya nang inalis ang lahat ng mga kredo sa akin) set me . . . (para sampalatayanan ang Kanyang Salita).

373 Oh, hindi ba't naririnig n'yo ang Biyolin ng Maestro na hinahagod, ang arco sa Salitang ito? Siya'y siya ring kahapon, ngayon!

> I will ever, ever praise Him,
> I will ever, ever praise Him,
> I . . . (Siya, ang Salita!) . . . ever, ever praise Him, (Ano ang ginawa Niya?)
> For He set (sa likod ng tabing) me free!

374 Purihin ang Diyos! Iniibig ko Siya. Hindi ba't iniibig n'yo Siya? Hindi ba't ito'y Makalangit? Gustong-gusto ko ang mga katangian ng Salita, kita n'yo, ang Espiritu Santo nga sa ganoong katimyasan, mababang-loob na paraan. Gusto ko—gusto ko Iyon. Oh, bulayin n'yo mismo!

> On the other side of Jordan, (Malapit na ako roon ngayon.)
> In the sweet . . . (Imortal!) of Eden, . . . (Ano ang masusumpungan ko roon?)
> Where the Tree of . . . (na nasa halamanan ng Eden) is blooming,
> There is rest for me.

375 Gusto n'yo bang pumunta? Nilalagot Niya ang bawat tanikala.

> Jesus breaks (bawat tradisyon) every fetter,
> Jesus break every fetter, (lahat ng mga denominasyon, lahat ng mga kredo)
> . . . break every fetter,
> Oh, when He set you free!

376 Sa Diyos ang papuri! Talagang iniibig ko Siya. Kaya pala sinabi ni Isaias, "Siya ang Tagapayo, ang Pangulo ng Kapayapaan, ang Makapangyarihang Diyos, ang Walang Hanggang Ama, Kamangha-mangha!"

> Wonderful, wonderful, Jesus is to me,
> Counsellor, Prince of Peace, the Mighty God is He;
> Oh, saving me, keeping me from all sin and shame,
> Wonderful, my Redeemer, praise His Name!

377 Oh, grabe! Inaantig nun ang puso ko. Kamangha-mangha Siya! Sinasabi ko sa inyo, walang katapusan Ito. Ito, napunta

ako Rito tatlumpu't tatlong taon na ang nakalilipas, na ganito na ang pakiramdam. At kung magtatagal pa Siya, na isang araw ay ipipikit ko ang aking mga mata, lilisan ako sa ganoon ding paraan. Amen!

Wonderful, wonderful, Jesus is to me,
He's the Counsellor, my Prince of Peace, Mighty
God is He;
He's saving me, He's keeping me from all sin
and shame,
Wonderful, my Redeemer, praise His Name!

378 Kaya kong manatili rito sa natitira pang bahagi ng araw, sa bagay na Iyon. Sinabi ni Pablo, "Kung ako'y aawit, aawit ako sa Espiritu." Uh-huh. "Kung mangangaral ako, mangangaral ako sa Espiritu. Kung lalakad ako, lalakad ako sa Espiritu. Kung magsasalita ako, magsasalita ako sa Espiritu." Gawin n'yo ang lahat sa pamamagitan ng Salita at ng Espiritu. Siyanga, po. Amen! Ang lahat ng ito'y Katotohanan ng Diyos.

379 Nakikita ko Siya, ang Makapangyarihang Diyos, na nahayag. Nakikita ko Siya na inaalis ang mga kredo, mga denominasyon; inaalis ang mga—ang mga mapag-alinlangan, ang mga maka-edukasyong programa, at lahat na; nagtungo roon, tumayo roon. Sa tingin n'yo ba kaya Siyang gapiin ng mga kredo? Sa tingin n'yo ba kaya Siyang gapiin ng mga denominasyon? Sa tingin n'yo ba kaya Siyang gapiin ng Pandaigdigang Konseho? Ginapi na Niya ang lahat ng bagay, nilagot ang bawat tanikala, binuksan ang impyerno; hinapak ang selyo, pumasok sa Kabanal-banalang Dako; na inilantad ang Kanyang Sarili sa atin, bilang ang Salita, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Amen. Iniibig ko Siya.

380 Ngayon, hanggang sa magkita-kita tayo muli mamayang hapon, nais nating gawin ang isang bagay, 'yun ay:

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort give you,
Oh, take It everywhere you go.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, (Oo, kamit ko na ang mga ito,
siyanga.) O how sweet!
Hope of earth and . . . ( . . . ? . . . )

381 Kapag susubukan ni Satanas na tuksuhin kayo, para di kayo makapanatiling nakatingin sa tamang bagay, ituro n'yo siya sa Salita gaya ng ginawa noon ni Jesus. Kita n'yo? Kita n'yo? Amen!

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, (Precious Name!) . . .
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

382 Paparito si Billy, nang mga alas sais, na mamimigay ng mga prayer card sa mga ibig pumila sa pila para sa pananalangin. Sa tingin ko'y mabuti ngang gawin natin ito. Hindi na sana natin gagawin, pero, dahil sa maraming tao, mainam nga na gawin natin ito, kita n'yo.

383 Ngayon alalahanin n'yo Siya! Isaisip n'yo Siya sa tuwina, isapuso. Saan man kayo pumunta, kita n'yo, isaisip n'yo si Jesus.

Take the Name of Jesus with (Pakinggan n'yo ngayon.) you,
As a shield from every snare; (Anong mangyayari?)
When temptations 'round you gather, (Anong dapat n'yong gawin?)
Just breathe that Holy Name in prayer.

Precious Name, (Precious Name!) O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

384 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon. Hihilingin ko sa pastor kung maaari siyang pumunta at payagang makalabas na ang mga tagapakinig. Kapatid na Neville, pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville.

64-0614M Ang Paglalantad Ng Diyos
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings

P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.

www.branham.org